
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • AGOSTO 2018

# Liahona



## Mga Mobile Device sa Sacrament Meeting? p. 26

Ang Susunod na Ordenansa na Kailangan Ninyo, p. 18

“Ang mga Layunin ng Diyos ay Hindi Mabibigo,” p. 34



“TAYO AY NAGIGING KARAPAT-DAPAT SA **NAGPAPAGALING NA KAPANGYARIHAN NI JESUCRISTO** KAPAG NAKIBAHAGI TAYO SA SAKRAMENTO NANG KARAPAT-DAPAT.”

NINA ELDER DALE G. RENLUND, AT SISTER RUTH L. RENLUND

*Mula sa “Ang Magandang Kaloob ng Sakramento,” pahina 18.*

# Liahona, Agosto 2018



18

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


10 **Ang mga Espirituwal na Pundasyon ng Financial Self-Reliance ng Simbahan**
Ni Bishop Gérald Caussé
*Sa mga patakaran nito sa pananalapi at pamumuhunan, sinusunod ng Simbahan ang mga tuntuning itinuturo nito sa mga miyembro.*

18 **Ang Magandang Kaloob na Sakramento**
Nina Elder Dale G. Renlund at Sister Ruth L. Renlund
*Habang karapat-dapat tayong nakikibahagi ng sakramento, maaari nating paulit-ulit na mapanibago ang mga pagpapala ng binyag.*

26 **Pagsamba sa Panahong Digital**
Ni Adam C. Olson
*Ang mga electronic device ay maaaring makabuti o makasama sa ating pagsamba sa oras ng sacrament meeting.*

30 **Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo: Paano Panatilihing Interesado ang mga Kabataan sa Paggamit ng Teknolohiya sa Mundo**
Ni Brian K. Ashton
*Sa halip na ipagbawal ang paggamit ng teknolohiya sa loob ng klase, maituturo natin sa mga kabataan kung paano ito gamitin sa kabutihan.*

34 **Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan—Kabanata 6: Ang Kaloob at Kapangyarihan ng Diyos**
*Binigyan si Joseph ng kapangyarihan na muling magsalin, sa pagkakataong ito sa tulong ni Oliver Cowdery.*


## MGA BAHAGI



4 **Mga Larawan ng Pananampalataya: Darren at Stacey Rea—Sydney, Australia**

6 **Mga Alituntunin ng Paglilingkod: Pagbubuo ng mga Makabuluhang Relasyon**

16 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Pagsusumikap na Maging Isang Matalino at Marangal na Ina**
Ni Lilian Pagaduan-Villamor


40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Patuloy na Magsikap**
Ni Elder Marvin J. Ashton

**SA PABALAT**
Larawang kuha ni Leslie Nilsson.

MGA YOUNG ADULT




44 **Paano Natutuhan ni Eric na Magtiwala sa Diyos**
Ni Richard M. Romney
*Sa gitna ng hirap at pasakit, sumampalataya sa Diyos ang young adult na ito mula sa Ghana, na naghanda sa kanya na tanggapin ang ebanghelyo.*

48 **Ngunit Paano Kung Magmintis Ako?**
Ni Sarah Keenan
*Kung hahayaan natin ang takot na mabigo na hadlangan tayong sumubok, lalagpasan tayo ng mahahalagang pagkakataong lumago.*



***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Anong mga pangako ang makikita ninyo sa Aklat ni Mormon?***

MGA KABATAAN

50 **Bago Ka Hiranging Maglingkod**
Ni Ryan Carr
*Kunin ang pananaw ng mga full-time missionary habang inilalarawan nila ang kanilang mga karanasan at magmungkahi ng mga paraan kung paano makapaghahandang maglingkod ang mga kabataan.*

56 **Limang Bagay na Ituturo sa Iyo ng Doktrina at mga Tipan tungkol sa Pagiging Missionary**
Ni Charlotte Larcabal

58 **Anim na Dahilan Kung Bakit Talagang Kailangan Natin ang Simbahan!**
Nina Eric B. Murdock at Joshua J. Perkey
*Narito ang ilang dahilan kung bakit mahalaga ang organisasyon ng Simbahan sa plano ng Diyos para sa atin.*

62 **Mga Tanong at mga Sagot**
*Anong mga aktibidad ang dapat kong gawin sa libreng oras ko para maging mas kapaki-pakinabang ito?*

64 **Poster: Paghahayag para sa Ating Buhay**

65 **Ang Huling Salita: Anim na Paraan para Laging Maalala ang Tagapagligtas**
Ni Elder Gerrit W. Gong




MGA BATA




66 **Lagi Akong Makapagdarasal**
*Masasagot mo ba ang mga tanong na ito tungkol sa panalangin?*

68 **Paningningin ang Iyong Liwanag: Isang Maningning na Patotoo**

70 **Ang Pangakong Hindi na Mag-aaway**
Ni Myrna M. Hoyt
*Naalala ni Timmy ang isang kuwento mula sa Aklat ni Mormon at nalaman kung paano sila titigil ng pinsan niya sa pag-aaway.*

72 **Pananampalataya, Pag-asa, at si Grace—Bahagi 1: Isang Tinig ng Kapayapaan**
Ni Megan Armknecht
*Nakakatakot tumira sa Holland noong panahon ng digmaan, ngunit alam ni Grace na magiging OK ang kanyang pamilya.*

74 **Ang mga Apostol ay Nagpapatotoo kay Cristo**
Ni Elder Ronald A. Rasband

75 **Football at mga Araw ng Linggo**
Ni Elder Jörg Klebingat
*Mahilig ako sa football, pero nang matagpuan ko ang Simbahan, mas minahal ko pa ang Diyos.*

76 **Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan: David at Goliath**
Ni Kim Webb Reid

79 **Pahinang Kukulayan: Maaari Akong Maging Mabuting Halimbawa**

**AGOSTO 2018 TOMO 21 BLG. 8**
**LIAHONA 14799 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

**Patnugot:** Hugo E. Martinez
**Mga Assistant na Patnugot:** Randall K. Bennett, Becky Craven
**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, LeGrand R. Curtis Jr., Edward Dube, Sharon Eubank, Christina B. Franco, Donald L. Hallstrom, Douglas D. Holmes

**Namamahalang Direktor:** Richard I. Heaton
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** Adam C. Olson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Francisca Olson
**Writing at Editing Team:** Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson
**Bago Ilimbag:** Joshua Dennis, Ammon Harris

**Direktor sa Paglilimbag:** Steven T. Lewis
**Direktor sa Pamamahagi:** Troy R. Barker

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

**Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi:** Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
August 2018 Vol. 21 No. 8. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)


POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.


# Marami pang Iba Online



Magbasa ng mga artikulo at magsumite ng sarili mong artikulo sa **liahona.lds.org**


Maghanap ng nakasisigla at maibabahaging mga mensahe (sa English, Portuguese, at Spanish) sa **facebook.com/liahona**





Magpadala ng feedback sa **liahona@ldschurch.org**

Mag-subscribe sa **store.lds.org**
O bumisita sa isang distribution center, magtanong sa mga ward leader, o tumawag sa 1-800-537-5971 (U.S. at Canada)



MGA ICON MULA SA GETTY IMAGES

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *18, 34, 42, 70*
***Ama sa Langit,*** *18, 41, 44, 58*
***Araw ng Sabbath,*** *18, 75*
***Edukasyon,*** *16*
***Espiritu Santo,*** *18, 30, 34, 43, 50, 56*
***Gawaing misyonero,*** *42, 50, 56*
***Ikapu,*** *10*
***Jesucristo,*** *18, 65, 74*
***Joseph Smith,*** *34*
***Kabaitan,*** *70*
***Kahalagahan ng sarili,*** *62*
***Kapansanan, mga,*** *44*
***Kapayapaan,*** *72*
***Kasaysayan ng Simbahan,*** *34, 58*
***Pagbabalik-loob,*** *44*
***Paghahanda ng missionary,*** *50, 56, 75*
***Paghahayag,*** *34, 56, 58, 64*
***Paghihirap,*** *41, 44, 80*
***Pagiging ina,*** *16*
***Paglilingkod,*** *6, 40*
***Pagsisisi,*** *34, 43*
***Pagtitiis,*** *80*
***Pamilya, Mag-anak,*** *4, 16, 40, 72, 79, 80*
***Panalangin,*** *41, 43, 44, 66, 72*
***Pananalapi,*** *10*
***Pananampalataya,*** *4, 44, 55, 65, 72, 76*
***Patotoo,*** *6, 34, 68*
***Pinuno ng Simbahan, mga,*** *43*
***Pulong ng Simbahan, mga,*** *26, 30, 58*
***Sakramento,*** *18, 65*
***Takot,*** *48, 65, 72, 76*
***Teknolohiya,*** *26, 30*
***Tipan, mga,*** *18, 58*

*Ibinenta nina Darren at Stacey ang lahat ng ari-arian nila upang maabot ni Darren ang pangarap na magtrabaho bilang animator sa isang movie studio sa London, England. Ngunit nang mabatid nila na magkakaanak na sila matapos sumubok nang ilang taon, napagtanto nila na hindi nila kayang mabuhay roon na umaasa lang sa kanyang kita.*

CHRISTINA SMITH, RETRATISTA



# Darren at Stacey Rea

*Sydney, Australia*

**Stacey:** Sinimulan naming pag-usapan ang pagbalik sa Australia. Sa Brisbane walang mga movie studio. Kakailanganing isuko ni Darren ang kanyang propesyon.

**Darren:** Pakiramdam ko sagad na sagad na ako. Nagdadalantao ang asawa ko, ngunit wala akong trabaho at hindi namin kayang umupa ng sarili naming bahay.

**Stacey:** May isang pagkakataon sa labahan sa bahay ng mga magulang ko na lumuhod kami at nanalangin.

**Darren:** Pagkatapos ay nabalitaan namin na may magbubukas na bagong studio sa Brisbane. Nakakuha ako ng kontrata sa animation.

**Stacey:** Nalaman namin na anuman ang aming pinagdaraanan, ang pinakamahalagang bagay na maaaring mapasaamin ay ang pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.



## Mga Alituntunin ng Paglilingkod

# PAGBUBUO NG MGA MAKABULUHANG RELASYON

*Nag-iibayo ang ating kakayahang pangalagaan ang iba kapag tayo ay may makabuluhang relasyon sa kanila.*

Ang paanyayang maglingkod sa iba ay isang pagkakataong bumuo ng magigiliw na relasyon sa kanila—ang klase ng relasyon na mapapanatag silang humingi o tumanggap ng ating tulong. Kapag nagsikap na tayong magkaroon ng gayong uri ng relasyon, nababago ng Diyos ang buhay ng magkabilang panig.

"Talagang naniniwala ako na walang makabuluhang pagbabago kung walang makabuluhang mga relasyon," sabi ni Sharon Eubank, Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency. At para mabago ng ating mga paglilingkod ang buhay ng iba, wika niya, kailangan ay "nakabatay sila sa tapat na hangaring gumaling at makinig at makiisa at gumalang."[1]

Ang mga makabuluhang relasyon ay hindi mga taktika. Nabubuo ito sa pagdamay, tapat na mga pagsisikap, at "hindi pakunwaring pag-ibig" (D at T 121:41).[2]

### Mga Paraan ng Pagbubuo at Pagpapatatag ng mga Relasyon

"[Nagbubuo tayo ng mga relasyon sa mga tao nang paisa-isa]," sabi ni Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol.[3] Sa pagsisikap nating bumuo ng mga makabuluhang relasyon sa mga pinaglilingkuran natin, magagabayan tayo ng Espiritu Santo. Ang sumusunod na mga mungkahi ay batay sa isang huwarang iminungkahi ni Elder Uchtdorf.[4]



**Gumugol ng panahon na magkasama kayo.**

Kailangan ng panahon para mabuo ang isang relasyon. Humanap ng mga pagkakataong kontakin ang isa't isa. Nakita sa isang pag-aaral na mahalaga sa masasayang relasyon na ipaalam sa mga tao na mahal mo sila.[6] Kausapin nang madalas ang mga taong pinaglilingkuran mo. Kausapin sila sa Simbahan. Gumamit ng iba pang mga paraang makatuturan—tulad ng e-mail, Facebook, Instagram, Twitter, Skype, tumawag sa telepono, o magpadala ng card. Binanggit ni Elder Richard G. Scott (1928–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol ang kapangyarihan ng mga simple at malikhaing pagpapahayag ng pagmamahal at suporta: "Madalas kong buksan ang mga banal na kasulatan ko, . . . at nakakakita ako ng magiliw at nakasisiglang maikling sulat [ng aking asawang si] Jeanene na nakasingit sa mga pahina. . . . Ang mahahalagang sulat na iyon . . . ay walang kapantay na aliw at inspirasyon noon at ngayon."[7]

Tandaan din na dalawa ang bumubuo sa isang relasyon. Maaari kang magbigay ng pagmamahal at pakikipagkaibigan, ngunit hindi lalago ang relasyon kung hindi tatanggapin at susuklian ang ibinibigay. Kung malamig ang pakikitungo ng kabilang panig, huwag mong ipilit ang relasyon. Bigyan mo siya ng panahong makita ang iyong tapat na mga pagsisikap, at kung kailangan, humingi ng payo sa mga lider mo kung mukhang posible pa rin kayong magkaroon ng makabuluhang relasyon.

**Kilalanin sila.**

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), "Hindi ninyo lubos na mapaglilingkuran ang mga taong hindi ninyo lubos na kilala." Iminungkahi niya na alamin ang pangalan ng bawat miyembro ng pamilya at ang mahahalagang kaganapan tulad ng mga kaarawan, basbas, binyag, at kasal. Ito ang pagkakataong sumulat o tumawag para batiin ang isang miyembro ng pamilya sa isang espesyal na tagumpay o nagawa.[5]

ILLUSTRATIONS BY GETTY IMAGES

Ang mga alituntunin ng paglilingkod ay nilayong tulungan tayong magmalasakit sa bawat isa—hindi para ibahagi gaya ng isang mensahe. Kapag nakikilala natin ang mga pinaglilingkuran natin, ipapahiwatig sa atin ng Espiritu Santo na malaman kung anong mensahe ang maaaring kailangan nila bilang karagdagan sa ating pangangalaga at habag.



**Makipag-usap nang may pagmamahal.**

Para maging makabuluhan ang mga relasyon, kailangan nating laliman ang komunikasyon. Ang mababaw na komunikasyon ay puro kaswal na pag-uusap tungkol sa mga iskedyul, klima, at iba pang di-mahalagang isyu, ngunit walang halong mga damdamin, paniniwala, mithiin, at pag-aalalang kailangan para maging mas makabuluhan ang pag-uusap. Ang Ama sa Langit ang halimbawa nitong mas makabuluhang klase ng komunikasyon sa pagbabahagi ng Kanyang damdamin at mga plano sa Kanyang Anak (tingnan sa Juan 5:20) at sa atin sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta (tingnan sa Amos 3:7). Sa pagkukuwento ng pang-araw-araw na mga kaganapan at hamon sa buhay sa isa't isa ayon sa patnubay ng Espiritu, nagkakaroon tayo ng pagpapahalaga sa isa't isa kapag nagkapareho ang ating mga interes at nagbahagi tayo ng mga karanasan.

Ang pakikinig ay mahalagang bahagi ng pagpapaalam na nagmamalasakit kayo.[8] Kapag nakinig kayong mabuti, nadaragdagan ang pagkakataon ninyong tulungan ang iba na lumapit kay Cristo kapag naunawaan at nalaman ninyo ang kanilang mga pangangailangan at nadama nila na sila ay minamahal, nauunawaan, at panatag sa piling ninyo.

**Pahalagahan ang mga pagkakaiba at maging ang mga pagkakapareho.**

"Ang ganitong pag-iisip ay nagtutulak sa ilan na maniwalang gusto ng Simbahan na maging pare-pareho ang personalidad ng mga miyembro—na dapat ay magkakapareho ang hitsura, nadarama, at kilos ng isa't isa," sabi ni Elder Uchtdorf. "Sasalungatin nito ang katalinuhan ng Diyos, na nilikha ang bawat tao na iba sa kanyang kapatid. . . .

"Lumalakas ang Simbahan kapag sinamantala natin ang pagkakaibang ito at hinikayat natin ang isa't isa na paunlarin at gamitin ang ating mga talento at palakasin ang ating kapwa mga disipulo."[9]

Para mahalin ang iba sa paraang minamahal tayo ng Diyos, kailangan nating sikaping tingnan ang iba sa paraan ng pagtingin sa kanila ng Diyos. Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018), "Kailangang magtamo tayo ng kakayahang makita ang tao hindi dahil sa kung ano sila ngayon kundi kung ano ang maaari nilang kahinatnan."[10] Maaari tayong humingi ng tulong sa panalangin na tingnan ang iba sa paraan ng pagtingin sa kanila ng Diyos. Kapag pinakitunguhan natin ang iba batay sa kanilang potensyal na lumago, malamang na magtagumpay sila.[11]

**Paglingkuran sila.**

Maging sensitibo sa mga pangangailangan ng mga pinaglilingkuran ninyo at maging handang magbigay ng inyong panahon at mga talento, sa oras man ng pangangailangan o dahil lamang sa nagmamalasakit kayo. Maaari kayong magbigay ng kapanatagan, suporta, at tulong na kailangan kapag may emergency, karamdaman, o mahalagang sitwasyon. Ngunit sa napakaraming relasyon, tumutugon tayo ayon sa sitwasyon. Binigyan tayo ng Diyos ng kalayaan para kumilos tayo sa halip na pakilusin (tingnan sa 2 Nephi 2:14). Tulad ng itinuro ni Apostol Juan na mahal natin ang Diyos dahil Siya ang unang nagmahal sa atin (tingnan sa I Ni Juan 4:19), kapag nadama ng iba ang ating tunay na pagmamahal sa pamamagitan ng ating mga paglilingkod, palalambutin nito ang mga puso at pag-iibayuhin ang pagmamahal at tiwala.[12] Dumarami ang mabubuting gawa na makapagbubuo ng mga relasyon. ■


MGA TALA


1. Sharon Eubank, sa "Humanitarian Acts Must Be Rooted in Relationship, Sharon Eubank Says," mormonnewsroom.org.
2. Tingnan sa "Mga Alituntunin ng Paglilingkod: Tumulong nang May Habag," *Liahona,* Hulyo 2018, 6–9.
3. Dieter F. Uchtdorf, "Sa mga Bagay na Pinakamahalaga," *Liahona,* Nob. 2010, 22.
4. Tingnan sa Dieter F. Uchtdorf, "Sa mga Bagay na Pinakamahalaga," 22.
5. Tingnan sa Ezra Taft Benson, "To the Home Teachers of the Church," *Ensign,* Mayo 1987, 50.
6. Tingnan sa Charles A. Wilkinson at Lauren H. Grill, "Expressing Affection: A Vocabulary of Loving Messages," sa *Making Connections: Readings in Relational Communication,* ed. Kathleen M. Galvin, 5th ed. (2011), 164–73.
7. Richard G. Scott, "Ang mga Walang-Hanggang Pagpapala ng Kasal," *Liahona,* Mayo 2011, 96.
8. Tingnan sa "Mga Alituntunin ng Paglilingkod: Limang Bagay na Ginagawa ng Mabubuting Tagapakinig," *Liahona,* Hunyo 2018, 6–9.
9. Dieter F. Uchtdorf, "Apat na Titulo," *Liahona,* Mayo 2013, 59.
10. Thomas S. Monson, "Tingnan ang Kapwa ayon sa Maaaring Kahinatnan Nila," *Liahona,* Nob. 2012, 68, 69.
11. Tingnan sa Terence R. Mitchell and Denise Daniels, "Motivation," sa *Handbook of Psychology,* vol. 12, ed. Walter C. Borman at iba pa (2003), 229.
12. Tingnan sa Edward J. Lawler, Rebecca Ford, at Michael D. Large, "Unilateral Initiatives as a Conflict Resolution Strategy," *Social Psychology Quarterly,* vol. 62, no. 3 (Set. 1999), 240–56.




## PAGLILINGKOD NA TULAD NG GINAWA NG TAGAPAGLIGTAS

Si Jesucristo ay nagbuo ng mga makabuluhang relasyon sa Kanyang mga disipulo (tingnan sa Juan 11:5). Kilala Niya sila (tingnan sa Juan 1:47–48). Gumugol Siya ng oras sa piling nila (tingnan sa Lucas 24:13–31). Ang Kanyang komunikasyon ay hindi mababaw (tingnan Juan 15:15). Pinahalagahan Niya ang kanilang mga pagkakaiba (tingnan sa Mateo 9:10) at nakita ang kanilang potensyal (tingnan Juan 17:23). Naglingkod Siya sa lahat, bagama't Siya ang Panginoon ng lahat, na sinasabi na Siya ay pumarito hindi para paglingkuran kundi para maglingkod (tingnan sa Marcos 10:42–45).

**Ano ang gagawin mo para bumuo ng mas matitibay na relasyon sa mga taong pinaglilingkuran mo?**



**Ni Bishop Gérald Caussé**
Presiding Bishop

ANG MGA ESPIRITUWAL NA PUNDASYON NG

# Financial Self-Reliance ng Simbahan

Kamakailan ay nagkaroon ako ng pagkakataong bumisita sa Kirtland, Ohio. Sa makasaysayang lugar na ito, kung saan nangyari ang maraming pambihirang kaganapan sa Pagpapanumbalik, inaanyayahan ang mga bisita na pagnilayan ang pananampalataya at pamana ng magigiting na kalalakihan at kababaihang naglatag ng mga pundasyon para sa dakilang gawaing ito sa mga huling araw. Habang nagkakaroon ng pambihirang paglago at pagbuhos ng espiritu sa Kirtland, karamihan sa naunang mga Banal na ito noong araw ay lubhang maralita at nabuhay sa mga mapanganib na kundisyon. Isinakripisyo na nila ang lahat—kadalasa'y mauunlad na bukirin at matatatag na propesyon—para sundin si Jesucristo at ang Kanyang propetang si Joseph Smith.

Habang naglalakad ako sa sagradong bakurang ito, hindi ko mapigilang pagnilayan ang malaking pagkakaiba ng dating karukhaan ng Kirtland at ng kaunlaran ngayon ng Simbahan at ng maraming kasapi nito ng iba't ibang henerasyon. Pinagpala ng Panginoon ang Kanyang Simbahan at ang mga Banal sa mga Huling Araw sa napakagandang paraan!

Ang kasaganaang ito ng mga temporal na pagpapala ay nakasalig sa madalas ulit-ting pangako ng Diyos na "habang inyong sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay uunlad sa lupain."[1]

Ang pangakong ito ay mahalaga sa kuwento at mga turo ng Aklat ni Mormon. Lumilitaw ito sa 18 iba't ibang talata, at sa pito sa 15 aklat nito. Kahit na ang mga pagpapala ng kaunlaran na binanggit sa mga talatang ito ay espirituwal, kasama rin dito ang kakayahan ng mga tao ng Diyos na magtamasa ng pag-unlad sa ekonomiya at maging self-reliant sa temporal.

*Bilang mga lider ng Simbahan, patuloy naming nadarama ang aming malaking responsibilidad na gamitin ang mga sagradong ikapu at handog sa paraang nakasisiya sa Panginoon.*


JESUS CHRIST



*Ang mga miyembrong naninirahan sa mga bukid na pag-aari ng Simbahan ay may pagkakataong magboluntaryo na mamitas ng mga prutas at gulay. Ang mga produkto mula sa mga bukid ng Simbahan ay nagsusuplay sa mga cannery at bishops' storehouse para tulungan ang mga miyembrong nangangailangan.*

Ang lubhang kapuna-puna, ang temporal na kaunlaran ay nagmumula sa tapat na pagsunod sa ilang gumagabay na alituntunin na inihayag ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta at naging bahagi ng pang-araw-araw na buhay at kultura ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kabilang sa mga alituntuning ito ang batas ng ikapu, batas ng ayuno, at ang pangangailangang mag-aral, magtrabaho, at umasa sa sarili. Pinapayuhan din ang mga miyembro ng Simbahan na mamuhay ayon sa kanilang kinikita, iwasan ang hindi kailangang pangungutang, at maghanda para sa hinaharap sa pagkakaroon ng mga temporal na ipon, pati na ng pagkain at pera.

Nang ituro sa mga miyembro ang mga temporal na alituntuning ito, ipinatupad na rin ng mga pinuno ng Simbahan ang mga ito nang mas malawakan para sa buong Simbahan. Sa mga patakaran nito sa pananalapi at pamumuhunan, sinusunod lang ng Simbahan ang doktrina at mga tuntuning itinuturo nito sa mga miyembro. Tatalakayin ko ngayon ang apat sa mga alituntuning ito.

## Unang Alituntunin: Ang Batas ng Ikapu

Sa isang paghahayag na natanggap ni Joseph Smith noong Hulyo 8, 1838, iniutos ng Panginoon na "yaong mga hiningan ng ikapu ay magbabayad ng ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tinubo taun-taon." Ipinaliwanag din nito na ang partikular na tagubiling ito sa lahat ng Banal ay "mananatiling batas sa kanila magpakailanman."[2]

Ang batas ng ikapu ay natanggap sa araw na iyon bilang isang utos mula sa Panginoon at para muling itatag ang isang banal na batas na sinusunod na noong araw pa ng mga tao sa Israel. Iyon ay tanda ng tipang ginawa ng Panginoon sa Kanyang mga tao—na kung mananatili silang tapat dito, pagpapalain Niya sila kapwa sa espirituwal at sa temporal. Ngayon, ang batas ng ikapu ay patuloy na nagiging mahalagang gawain ng mga Banal sa mga Huling Araw, saanman sila nakatira, anuman ang kanilang katayuan sa lipunan, o mga pag-aari nila sa mundo. Ito rin ang pundasyon ng katatagan sa pananalapi ng Simbahan.

Mula nang tawagin ako sa Presiding Bishopric, palagi na akong namamangha sa pananampalataya at katapatan ng mga miyembro ng Simbahan sa pagsunod nila sa batas na ito. Kung walang ikapu, hindi magkakaroon ng kakayahan ang Simbahan na isagawa ang banal na misyon nito. Sa isang di-malilimutang mensahe sa pangkalahatang kumperensya, ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Labis akong nagpapasalamat sa batas ng ikapu. Para sa akin ito'y isang himalang palaging nauulit! Naging posible ito dahil sa pananampalataya ng mga tao. Ito ang plano ng Panginoon sa pagtustos sa gawain ng Kanyang kaharian."[3]

Sa araw ding iyon noong 1838, natanggap ni Joseph ang isa pang paghahayag kung saan nilinaw ng Panginoon kung paano dapat aprubahan at pangasiwaan ang paggamit ng ikapu. Sabi niya, "Ito ay ipamamahagi sa pamamagitan ng isang kapulungan, na binubuo ng Unang Panguluhan ng aking Simbahan, at ng obispo at ng kanyang kapulungan, at ng aking mataas na kapulungan; at ng sarili kong tinig sa kanila, wika ng Panginoon."[4] Ang "obispo at [a]ng kanyang kapulungan" at "aking mataas na kapulungan" na tinutukoy sa paghahayag na ito ay kilala ngayon bilang Presiding Bishopric at Korum ng Labindalawang Apostol.

Sa ating panahon, ang mga tagubiling ito sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan ay patuloy na isinasagawa nang buong ingat. Tuwing unang Biyernes ng Disyembre, nagpupulong ang Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at Presiding Bishopric para suriin at aprubahan ang alokasyon ng sagradong pondo ng Simbahan mula sa tinatayang mga ikapu at handog para sa susunod na taon. Ang pagdaraos ng kapulungang iyon ay tumitiyak na ginagawa ang mga desisyon sa diwa ng pagsasanggunian, paghahayag, at pagkakaisa.

Bilang mga pinuno ng Simbahan, patuloy nating

nadarama ang ating malaking responsibilidad na gamitin ang mga sagradong ikapu at handog sa paraang angkop at nakasisiya sa Panginoon. Tulad ng mahusay na pagpapahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Batid namin ang kasagraduhan ng lepta ng babaeng balo."[5] Dagdag pa ni Pangulong Hinckley:

"Ang perang tinatanggap ng Simbahan mula sa matatapat na miyembro ng Simbahan ay inilalaan. Ito ang pera ng Panginoon. . . . Tiwala ang Panginoon na ang pondong pananagutan natin ay gagamitin nang may lubos na katapatan at integridad, at malaking kasinupan bilang nakalaang mga handog ng mga tao sa Diyos.

"Nadarama namin na malaki ang responsibilidad namin sa inyo na nagbibigay ng mga kontribusyong ito. Nadarama namin na mas malaki pa ang aming responsibilidad sa Panginoon na nagmamay-ari ng perang ito."[6]

Hindi tayo isang institusyon sa pananalapi o korporasyon sa pangangalakal. Tayo ang Simbahan ni Jesucristo, at ang Simbahang ito ay walang ibang pakay maliban sa iniatas mismo ng Panginoon dito—na anyayahan ang lahat na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya,"[7] sa "pagtulong sa mga miyembro na ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo, pagtitipon sa Israel sa pamamagitan ng gawaing misyonero, pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan, at pagliligtas sa mga patay sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga templo at pagsasagawa ng nakapagliligtas na mga ordenansa."[8]

Ayon sa patakaran, ang sagradong pondo ng ikapu ay inaaprubahan at inilalaan para suportahan ang espirituwal at banal na misyon ng Simbahan. Ginagastos ito para suportahan ang anim na pangunahing bagay: (1) paglalaan at pagmentena ng mga bahay sambahan para sa mahigit 30,000 kongregasyon sa buong mundo; (2) pangangasiwa sa mga welfare at humanitarian aid program ng Simbahan, kabilang na ang mahigit 2,700 proyekto noong 2017; (3) paglalaan ng mga programa sa pag-aaral, kabilang na ang mga paaralan, unibersidad, at seminary at institute program ng Simbahan; (4) pagsuporta sa ating mga mission operation sa buong daigdig, pati na sa 420 mission at resources na kailangan ng tinatayang 70,000 mga missionary; (5) pagtatayo at pagpapatakbo ng halos 160 mga templo sa buong mundo, at marami pang itatayo, at pangangasiwa sa isang malawak ng family history at records preservation program; at (6) pagsuporta sa pangkalahatang pangangasiwa ng Simbahan.

***Noong Hulyo 2016, nagbigay ang LDS Charities ng donasyon na 280 wheelchair at mga hand-powered tricycle sa Karimnagar, India. Simula pa noong 2001, nakapamahagi na ang Simbahan ng mahigit 500,000 mga wheelchair sa 133 bansa.***



Nagpapasalamat ako para sa batas ng ikapu. Pinagmumulan ito ng mga pagpapala, kapwa espirituwal at temporal, para sa Simbahan at sa bawat miyembro nito.

**Pangalawang Alituntunin: Self-Reliance at Pagsasarili**

Ang personal na kalayaan ay isa sa mga pinakadakilang kaloob ng Diyos. Mahalaga ito sa ating pag-unlad sa mundo at sa ating walang-hanggang kaligtasan. Sa pagiging self-reliant sa temporal at espirituwal, umuunlad ang mga anak ng Diyos sa kakayahan nilang magpasiyang mag-isa at sa gayo'y maisakatuparan ang layunin ng paglikha sa kanila.

Dahil dito, hindi nakakagulat na walang humpay ang pag-anyaya ng mga propeta sa ating dispensasyon sa mga miyembro ng Simbahan na sikaping maging self-reliant. Napakaliwanag ng sinabi ni Pangulong Hinckley:

"Hinihimok ko kayo . . . na tingnan ang sitwasyon ng inyong pananalapi. Hinihimok ko kayo na maging matipid sa inyong paggastos; disiplinahin ang inyong sarili sa pamimili para makaiwas sa utang hangga't maaari. Agad bayaran ang inyong utang nang mabilis hangga't kaya ninyo, at palayain ang inyong sarili sa pagkaalipin.

"Ito ay bahagi ng temporal na aspeto ng ebanghelyo na pinaniniwalaan natin. Nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon . . . na maisaayos ang inyong tahanan. Kung nakabayad na kayo ng inyong mga utang, kung may matitira sa inyo, kahit kaunti, pagdating ng mga unos, magkakaroon kayo ng kanlungan para sa inyong [pamilya] at kapayapaan sa inyong puso."[9]

Binigyang-diin din ni Pangulong Russell M. Nelson ang mga pagpapala ng self-reliance nang sabihin niyang: "Sa pagtulong nang bukal sa kalooban, nagkakaroon ng panibagong pagpapahalaga ang mga Banal sa kanilang pagkatao at walang-hanggang kahalagahan. Nagiging mga personal na mithiin ang kabutihan, pagsasarili, pagtitipid, kasipagan, at self-reliance. Ang mga katangiang ito ay nagpapabago ng buhay."[10]

Tulad ng pagbibigay-kakayahan ng matalinong pagbabadyet sa bahay sa bawat miyembro at pamilya na patuloy na makapagsarili, ang masinop na pangangasiwa sa pananalapi ay mahalaga sa kakayahan ng Simbahan na kumilos nang malaya. Sumusunod ito sa banal na utos na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith na “sa pamamagitan ng [kalinga ng Panginoon], . . . ang Simbahan ay ma[ka]katayong malaya sa ibabaw ng lahat ng iba pang mga nilalang sa ilalim ng selestiyal na daigdig.”[11]

Ang pagkalingang ito ay kitang-kita sa ating panahon. Nagagalak tayo sa katotohanan na ang Simbahan ay lubos nang may pinansiyal na kakayahan at kaya nang isakatuparan ang misyon nito nang walang anumang utang. Sabi nga ni Pangulong Hinckley: “Kung hindi natin makakaya, babawasan natin ang ating mga programa. . . . Hindi tayo manghihiram.”[12]

Ang mga patakaran sa pamamahala sa pananalapi ay natukoy ng mga pinuno ng Simbahan at maingat na ginamit sa pagbuo ng taunang badyet at paglalaan ng mga pondo. Ang mga patakarang ito ay kinabibilangan ng dalawang simple at malinaw na alituntunin:

- Una, ang kabuuang gastos ay hindi lalampas sa tinatayang kita.
- Pangalawa, ang badyet para sa mga gastusin sa pagpapatakbo ng Simbahan ay hindi tataas taun-taon nang mas mabilis kaysa sa inaasahang pag-unlad sa mga kontribusyong ikapu.



***Nakakahingi ng tulong ang mga miyembro sa pagpepreserba ng mga larawan ng pamilya sa kanilang lokal na family history center. Ang mga donasyong ikapu ay tumutulong para mapondohan ang mga pagsisikap ng Simbahan sa family history sa buong daigdig.***

### Pangatlong Alituntunin: Masinop na Pamumuhay

Batid ng mga miyembro ng Simbahan ang katotohanan na nabubuhay sila sa panahon ng mga kalamidad, na kagagawan kapwa ng tao at ng kalikasan. Ang mga propesiya tungkol sa mga huling araw ay malinaw, at may dakilang karunungan sa paghahanda para sa kinabukasan—kung ito man ay para sa posibleng taggutom, sakuna, kakulangan sa pera, o iba pang di-inaasahang masamang pangyayari. Madalas payuhan ng mga pinuno ng Simbahan ang mga miyembro na maging masinop sa pamumuhay sa pamamagitan ng pag-iimbak ng pagkain sa bahay, pati na ng ekstrang tubig, mga pangunahing pagkain, gamot, damit, at iba pang mga suplay na maaaring kailanganin sa oras ng emergency. Napayuhan na rin ang mga miyembro na “unti-unting palakihin ang reserbang pondo sa pamamagitan ng regular na pagtatabi ng bahagi ng kanilang kita.”[13]

Nagamit din ang prinsipyong ito sa temporal na paghahanda sa buong Simbahan. Halimbawa, nagtatag ng mga *grain silo* at warehouse na puno ng mga pangunahing agarang pangangailangan sa buong North America. Sinunod din ng Simbahan ang nakagawiang magtabi ng isang bahagi ng resources nito bawat taon para mapaghandaan ang anumang posibleng mga pangangailangan sa hinaharap.

Pagkatapos ay idinaragdag ang perang naitabi sa investment reserves ng Simbahan. Naka-invest ang mga ito sa stocks at bonds; karamihan sa mga interes sa mga negosyong may buwis (na ang ilan ay noon pang nagsisimula ang Simbahan sa Utah); sa ari-ariang komersiyal, industriyal, at residensiyal; at sa agrikultura. Ang reserves ng Simbahan ay pinamamahalaan ng isang propesyonal na grupo ng mga empleyado at tagalabas na mga tagapayo. Sari-sari ang mga panganib, alinsunod sa matalino at masinop na pangangasiwa at sa mga alituntunin ng makabagong investment o pamumuhunan.

Sa talinghaga ng mga talento, pinagsabihan ng panginoong humiling sa kanyang mga alipin na magsulit ang taong hindi ipinuhunan ang perang ipinagkatiwala sa kanya kundi sa halip ay ibinaon ang perang iyon sa lupa. Inilarawan niya ang aliping iyon na “masama at tamad”[14] dahil hindi

nito ipinuhunan ang perang iyon para kumita. Alinsunod sa espirituwal na alituntuning ito, ang financial reserves ng Simbahan ay hindi inilalagay sa di-produktibong mga bank account kundi sa halip ay ginagamit ito kung saan ito kikita.

Ang naka-invest na mga pondong ito ay maaaring kunin sa oras ng paghihirap upang matiyak ang patuloy at walang patid na gawain ng misyon, mga programa, at pagpapatakbo ng Simbahan, at matugunan ang mga pangangailangang pinansyal sa oras ng emergency. Kailangan din ang mga pondo para maglaan ng karagdagang financial resources upang suportahan ang misyon ng Simbahan na paghandaan ang Ikalawang Pagparito ng Panginoon. Matutulungan nitong suportahan ang paglago ng Simbahan habang natutupad ang propesiya na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ituturo at ang Simbahan ay itatatag sa lahat ng bansa sa mundo. Inaasahan natin na mangyayari ang malaking bahagi ng paglagong ito sa umuunlad at matataong bansa sa mundo. Kailangang patuloy na lumago ang salapi upang matustusan ang libu-libong meetinghouse, karagdagang mga templo, at iba pang mahahalagang resources para pagpalain ang buhay ng mga miyembro saanman sila naroon. Sa madaling salita, wala nang iba pang dahilan ang lahat ng pondong ito kundi para suportahan ang banal na misyon ng Simbahan.

### Pang-apat na Alituntunin: Sa Sariling Paraan ng Panginoon

Binalaan ni Pablo ang mga Banal sa Corinto na ang kanilang "pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios."[15] Mas naunawaan ko ang kahalagahan ng alituntuning ito nang tinawag akong maglingkod sa Presiding Bishopric ng Simbahan.

Bilang Bishopric, nagsasanggunian kami para pag-aralan ang mga isyu, gamit ang aming mga personal na pinagmulan, karanasan, at kahusayan. Ngunit sa huli ay nagdedesisyon kami sa diwa ng panalangin at palagiang paghahangad ng paghahayag tungkol sa kalooban ng Panginoon. Habang iniisip natin ang mga bagay na tulad ng mga macro-economic indicator at financial analysis, ang pinakamimithi natin ay gampanan ang ating responsibilidad sa paraan na maisasakatuparan ang mga layunin ng Panginoon at banal na misyon ng Simbahan na anyayahan ang lahat na lumapit kay Cristo. Ang mithiing ito ay makakamit at maipatutupad lamang sa pamamagitan ng inspirasyon at kapangyarihan ng Kanyang priesthood. Sa utos na gawin ang mga bagay sa paraan ng Panginoon, pinupuspos ako ng calling na ito ng kababaang-loob bawat araw.

### Katapusan

Inilalarawan ng ilang tao paminsan-minsan ang Simbahan ngayon bilang isang malakas at maunlad na institusyon. Maaaring totoo ito, ngunit ang katatagan ng Simbahan ay hindi lamang masusukat sa dami o ganda ng mga gusali nito o sa mga financial at real estate holdings nito. Gaya ng sinabing minsan ni Pangulong Hinckley, "Matapos masabi at magawa ang lahat, ang tanging tunay na kayamanan ng Simbahan ay nasa pananampalataya ng mga miyembro nito."[16] Ang susi sa pag-unawa sa Simbahan "ay makita ito hindi bilang isang pandaigdigang korporasyon, kundi bilang milyun-milyong matatapat na miyembro sa libu-libong kongregasyon sa buong mundo na sumusunod kay Cristo at nagmamalasakit sa isa't isa at sa kanilang kapwa."[17]

Sa madaling salita, ang Simbahan ay tungkol sa mga tao. Ito ay tungkol sa indibiduwal na mga miyembro na binigkis ng mga karaniwang paniniwala at tipan. Sila ang lakas at hinaharap nito. Lubos akong nagpapasalamat sa mga paghahayag na ibinigay ng Panginoon sa mga unang araw ng Pagpapanumbalik hinggil sa batas ng ikapu, self-reliance at pagsasarili, masinop na pamumuhay, at paglalaan sa mga Banal sa paraan ng Panginoon. Pinatototohanan ko na ang mga alituntuning ito ang pinagmumulan ng malaking espirituwal at temporal na mga pagpapala para sa mga miyembro ng Simbahan, sa kanilang pamilya, at sa buong Simbahan. Ang mga alituntuning ito ay patuloy na gagabay sa ating hakbang at susuportahan ang misyon ng Simbahan hanggang sa bumalik ang Tagapagligtas. ■

*Hango sa isang mensahe sa 2018 Church History Symposium, "Financing Faith: The Intersection of Business and Religion," sa Brigham Young University noong Marso 2, 2018.*


**MGA TALA**

1. Tingnan, halimbawa, sa 2 Nephi 1:20.
2. Doktrina at mga Tipan 119:4.
3. Gordon B. Hinckley, "Of Missions, Temples, and Stewardship," *Ensign,* Nob. 1995, 53.
4. Doktrina at mga Tipan 120:1.
5. David A. Bednar, "Mga Dungawan sa Langit, *Liahona,* Nob. 2013, 20.
6. Gordon B. Hinckley, "Latter-day Saints in Very Deed," *Ensign,* Nob. 1997, 85.
7. Moroni 10:32.
8. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.2.
9. Gordon B. Hinckley, "To the Boys and to the Men," *Ensign,* Nob. 1998, 54.
10. Russell M. Nelson, "In the Lord's Own Way," *Ensign,* Mayo 1986, 27.
11. Doktrina at mga Tipan 78:14.
12. Gordon B. Hinckley, "To the Boys and to the Men," 54.
13. *Handbook 2,* 6.1.1.
14. Tingnan sa Mateo 25:14–30.
15. I Mga Taga Corinto 2:5.
16. Gordon B. Hinckley, "The State of the Church," *Ensign,* Mayo 1991, 54.
17. "The Church and Its Financial Independence," Hulyo 12, 2012, mormonnewsroom.org.

# PAGSUSUMIKAP NA MAGING ISANG **MATALINO AT MARANGAL NA INA**

**Ni Lilian Pagaduan-Villamor**

*Nagsusumikap ako noon na makasumpong ng layunin sa pagiging ina. Pagkatapos ay binago ng nakatala sa isang lumang journal ang aking pananaw.*



Noon pa man ay gusto ko nang maging magaling na tagapag-ambag sa siyensiya. Noong nag-aaral pa ako sa kolehiyo sa Brigham Young University–Hawaii, ipinakilala at sinanay ako ni Dr. Douglas Oba, isang napaka-supportive na propesor, sa mundo ng molecular biology at bio-technology. Nagkaroon pa nga ako ng pagkakataong magtrabaho sa molecular laboratory sa Brigham Young University sa Provo, Utah, USA, para sa isang summer internship.

Nang umuwi ako sa Pilipinas, natanggap ako sa trabaho sa DNA Analysis Laboratory ng Unibersidad ng Pilipinas. Kasama sa mga tampok sa aking propesyon ang pagtatrabaho sa iba't ibang mga proyekto sa komunidad, pagdalo sa mga training at kumperensya, at makilala ng mga lokal at internasyonal na mga grupo ng mga siyentipiko dahil sa aking mga lathalain tungkol sa siyensya. Nagsimula rin ako sa aking graduate program. Pakiramdam ko tagumpay ako sa aking bagong propesyon.

Makalipas ang dalawang taon ng pagtatrabaho, pinakasalan ko sa templo ang kababata ko. Kalaunan, ipinanganak ko ang aming panganay at sa unang pagkakataon, nahirapan ako. Hindi ko alam kung paano balansehin ang pag-aalaga sa baby, paggugol ng oras sa piling ng aking asawa, paggawa ng mga kailangang gawin sa mga klase ko sa graduate program, pagsabayin ang mga proyekto at papeles at trabaho, at gawin ang mga tawag ng Simbahan. Kinausap ko ang asawa ko tungkol sa mga paghihirap ko, at malumanay niyang iminungkahi na magbitiw muna ako sa trabaho. Nakita ko na may saysay ang kanyang payo, pero hindi pa ako handang isuko ang propesyon ko.

Nang magdalantao ako sa aming pangalawang anak, humilab ang tiyan ko nang wala sa oras kaya kinailangan kong manatiling nakahiga. Sa huli natanto ko na hindi ko kayang gawin ang lahat nang sabay-sabay. Batid ko na kailangan kong piliin ang pinakamainam para sa akin at sa aking pamilya. Matapos ang maraming pagninilay at pagdarasal, nagpasiya akong iwanan ang trabaho ko sa siyensya at sa halip ay ilaan ang lahat ng oras ko sa aking mga anak.

Buong buhay kong pinagplanuhan na maging ina, ngunit hindi ko natanto kailanman kung gaano kalaking sakripisyo ang pasiya kong ito. Ginawa ko ang lahat para mapanatiling positibo ang aking pananaw, pero madalas akong malungkot dahil kinailangan kong tumigil sa pagtatrabaho at pag-aaral sa graduate program.

Ipinagdasal ko sa Ama sa Langit na bigyan ako ng espirituwal na lakas na buong pusong magampanan ang aking papel bilang ina. Matiyagang nakinig ang asawa ko sa aking mga pag-aalala. Hinikayat niya akong isulat sa journal ko ang aking mga iniisip at nadarama, na hindi ko nagawa nang ilang panahon dahil sa dami ng aking ginagawa.

Isang araw, habang natutulog ang mga anak ko, nagpasiya akong basahin ang mga luma kong journal. Habang binabasa ko ang mga ito, nagulat ako sa dalas ng pagsulat ko tungkol sa matinding hangarin kong maging ina noong kabataan ko at noong young adult ako. Isang pahayag ang partikular na nakaantig sa akin: "Magsisikap akong maging mahusay sa aking akademiko at espirituwal na pag-aaral para ako maging isang matalino at marangal na ina sa aking mga anak."

Ang kabatirang iyon ang kailangang-kailangan ko! Nadama ko na pinatotohanan sa akin ng Espiritu na tama ang pasiya ko para sa aking pamilya. Natanto ko na ang aking edukasyon at karanasan sa trabaho ay hindi lang para sa kapakanan ko kundi pati na sa mga anak ko. Pinanibago nito ang aking patotoo at walang-hanggang pananaw tungkol sa pagiging ina.




Nanatili ako sa bahay para sa aking mga anak sa loob ng limang taon. Kalaunan, natapos ko ang aking graduate program at bumalik ako sa trabaho nang malalaki na ang mga anak namin. Patuloy akong natututong ibalanse ang aking limitadong panahon sa pagsasagawa ng aking mga tungkulin sa trabaho, sa bahay, at sa simbahan, ngunit alam ko na posible ang lahat ng ito sa tulong ng Panginoon. Patuloy akong nagkakaroon ng mahalagang karanasan sa "laboratoryo ng buhay" at nakasusumpong ng kagalakan at layunin sa pagiging ina. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Metro Manila, Philippines.*

PAGLALARAWAN NI JENNIFER TOLMAN; MGA DIBUHO MULA SA GETTY IMAGES



## MGA INSPIRADONG PAGPAPASIYA

"Oras na malaman ninyo ang kalooban ng Panginoon, maaari na kayong sumulong nang may pananampalataya na tuparin ang inyong indibiduwal na layunin. Ang isang sister ay maaaring magkainspirasyon na magpatuloy sa pag-aaral at mag-aral ng medisina, na nagtutulot sa kanya na magkaroon ng malaking epekto sa kanyang mga pasyente at umunlad sa medical research. Para sa isa pang sister, maaari siyang magkainspirasyon na isakripisyo ang scholarship sa isang prestihiyosong institusyon at sa halip ay magpamilya nang mas maaga kaysa karaniwan sa henerasyong ito, na nagtutulot sa kanya na gumawa ng malaki at walang-hanggang epekto sa kanyang mga anak ngayon.

"Posible ba sa dalawang babae na parehong tapat na tumanggap ng lubhang magkakaibang tugon sa parehong mahahalagang tanong? Oo naman! Ang nararapat para sa isang babae ay maaaring hindi nararapat para sa isa pa. Kaya nga napakahalaga na hindi natin dapat pag-alinlanganan ang mga pagpapasiya ng iba o ang inspirasyon sa likod ng mga ito."

**Pangulong M. Russell Ballard, Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Women of Dedication, Faith, Determination, and Action" (Brigham Young University Women's Conference address, Mayo 1, 2015), 4, womensconference.byu.edu.**





**Nina Elder Dale G. Renlund, at Sister Ruth L. Renlund**
Si Elder Renlund ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Magandang Kaloob na Sakramento

*Ipagdasal na mapanibago kayo habang tumatanggap kayo ng sakramento at ginugunita ang Tagapagligtas.*

Noong Abril 2017, nagkaroon kami ng pagkakataong tumulong sa open house sa Paris France Temple bago ito inilaan noong Mayo 21, 2017. Matatagpuan sa bakuran ng templo ang isang magandang rebulto ng *Christus*. Kopya ito ng orihinal na obra maestra noong 1838 ng Danish sculptor na si Bertel Thorvaldsen. Ang rebultong ito ay nakatutok sa halamanan at ipinapahayag sa lahat ng dumarating ang ating pananalig kay Jesucristo. Ang karangalan, laki, at kinalalagyan nito ay kahanga-hanga. Naaakit ang mga bisita sa paglalarawang ito sa nagbangong Panginoon at kadalasa'y gusto nilang tumayo roon para magparetrato.

Ang rebulto ay madalas tawaging *Christus Consolator.* Ang consolator ay isang taong nag-aalo.[1] Ang ibig sabihin ng mag-alo ay aliwin ang iba sa oras ng dalamhati o kabiguan, magpanatag, makiramay, makidalamhati, o mahabag sa iba.[2] Para sa atin, ang *Christus* ay nagpapahiwatig ng mga banal na katangian ng Tagapagligtas.

Ang orihinal na *Christus Consolator* ay nasa *Vor Frue Kirke,* ang Church of Our Lady, sa Copenhagen, Denmark. Napapaligiran ng mga rebulto ng Labindalawang Apostol, ang *Christus* ay nasa isang sulok na may poste sa magkabilang tabi. Sa ibabaw at sa ilalim ng rebulto ay may nakasulat na popular na mga talata mula sa Biblia.



**Christus Consolator *sa Church of Our Lady, sa Copenhagen, Denmark.***

Nakasulat sa ibabaw, sa panel sa itaas ng dalawang poste, ang mga salitang Danish na: "DENNE ER MIN SØN DEN ELSKELIGE HØRER HAM." Sa Ingles: "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak: pakinggan siya."

Ang mga salitang ito ay sinambit ng ating Diyos Ama sa Langit, nang magbagong-anyo si Jesus sa isang bundok sa harap nina Pedro, Santiago, at Juan. Sabi sa buong talata, "At dumating ang isang alapaap na sa kanila'y lumilim: at may isang tinig na nanggaling sa alapaap, Ito ang sinisinta kong Anak; siya ang inyong pakinggan" (Marcos 9:7).

Sa pedestal kung saan nakatayo ang *Christus Consolator* ay nakasaad ang mga salitang Danish na: "KOMMER TIL MIG." Sa Ingles: "Magsiparito sa akin." Sa lahat ng salitang sinambit ng Tagapagligtas, wala nang mas nagsusumamo at mahalaga sa atin kaysa "magsiparito sa akin."

Sabi sa buong talata, "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin" (Mateo 11:28).

Sa orihinal na rebultong ito ng *Christus Consolator,* sumasaatin kapwa ang paanyaya ng Ama na makinig sa Kanyang Bugtong na Anak at ang paanyaya ng Anak na lumapit sa Kanya. Sa lubos na pagkakaisa, inaanyayahan Nila ang lahat na makinig at lumapit.

Ito ang ating daan pabalik sa ating tahanan sa langit. "Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3). Bawat tao ay maaaring lumapit kay Jesucristo nang lubos sa pamamagitan lamang ng pagtanggap sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Ating "[tinatanggap ang ipinanumbalik] na ebanghelyo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagsisisi, binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas."[3]

## Ang Doktrina ni Cristo

Ito ang pinag-isang mensahe ng Ama at ng Anak. Nais Nilang sundin ng lahat ng anak ng Ama sa Langit ang doktrina ni Cristo. Ngayon, para hindi nakakalito, ang ibig

| | *2 Nephi 31* | *3 Nephi 9* | *3 Nephi 11* | *3 Nephi 27* | ***Kabuuan*** |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Pananampalataya*** | *1* | *2* | *4* | *1* | ***8*** |
| ***Pagsisisi*** | *5* | *4* | *4* | *3* | ***16*** |
| ***Binyag*** | *10* | *0* | *13* | *3* | ***26*** |
| ***Espiritu Santo*** | *8* | *2* | *6* | *1* | ***17*** |
| ***Magtiis*** | *3* | *0* | *0* | *3* | ***6*** |
| ***Ama*** | *14* | *5* | *20* | *25* | ***64*** |

sabihin ng mga katagang "ang doktrina ni Cristo" ay kapareho ng ebanghelyo ni Cristo.

Para mabigyang-diin ang pagkakaisa ng Ama at ng Anak sa Kanilang mensahe tungkol sa doktrina ni Cristo, tingnan natin ang tsart na ito.

Alam natin na ang mga kabanatang binanggit dito (2 Nephi 31; 3 Nephi 9; 3 Nephi 11; at 3 Nephi 27) ay naglalaman ng doktrina ni Cristo. Madalas banggitin sa mga kabanatang ito ang pananampalataya, pagsisisi, binyag, ang Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas. Nakatala kung ilang beses binanggit ang bawat isa. Tulad ng nakikita ninyo, ang pananampalataya ay binanggit nang 8 beses; pagsisisi, 16 na beses; binyag, 26 na beses; ang Espiritu Santo, 17 beses; at pagtitiis hanggang wakas, 6 na beses.

Gayunman, maaaring ang nakakagulat ay na nakikita rin natin na maraming beses binanggit ang Ama sa mga kabanatang ito. Sa katunayan, partikular Siyang binanggit nang 64 na beses, higit pa sa pagkabanggit sa binyag.[4] Mula rito, malalaman natin na ang doktrina ni Cristo ang doktrina kapwa ng Ama at ng Anak.

Usisain pa nating mabuti ang ilang reperensya sa Ama.

"At sinabi ng Ama: Magsisi kayo, magsisi kayo, at magpabinyag sa pangalan ng Sinisinta kong Anak.

"At gayon din, ang tinig ng Anak ay nangusap sa akin, nagsasabing: Siya na nabinyagan sa aking pangalan, sa kanya ay ibibigay ng Ama ang Espiritu Santo, katulad sa akin; samakatwid, sumunod sa akin, at gawin ang mga bagay na nakita ninyong ginawa ko. . . .

"At narinig ko [Nephi] ang isang tinig mula sa Ama, nagsasabing: Oo, ang mga salita ng aking Sinisinta ay tunay at tapat. Siya na makapagtitiis hanggang wakas, siya rin ay maliligtas" (2 Nephi 31:11–12, 15).

Ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo na ito lang ang paraan.

Inuulit ang mga salita mula sa Mateo, sinasabi sa atin ng Ama at ng Anak na dapat tayong lumapit kay Cristo at ilagay ang Kanyang pamatok sa atin dahil ang mga pasaning pasan natin ay mapapagaan at makasusumpong tayo ng kapahingahan. Lahat tayo may pasaning dinadala. Maaaring nabibigatan tayo sa kasalanan, kalungkutan, adiksyon, karamdaman, panunurot ng budhi, o kahihiyan. Sa mga paghihirap na ito, ang pagbaling kay Cristo ay naghahatid ng paggaling at pag-asa at pag-alo.

Ang doktrina ni Cristo—pananampalataya, pagsisisi, binyag, at kaloob na Espiritu Santo—ay hindi nilayon na maranasan nang minsanan. Itinuturo sa atin ng ating teolohiya na nagiging sakdal tayo sa paulit-ulit na "[pag-asa] nang lubos" sa doktrina at kabutihan ni Jesucristo (2 Nephi 31:19). Nangangahulugan ito na inuulit natin ang mga hakbang sa doktrina ni Cristo habang nabubuhay tayo. Bawat hakbang ay batay sa naunang hakbang, at ang pagkakasunud-sunod ay nilayon na maranasan nang paulit-ulit.

Kapag sumampalataya tayo, lalo itong lumalago. Habang patuloy nating hinahangad na magsisi, bumubuti tayo. Maaari tayong umunlad, sa pamamagitan ng sarili nating mga pagsisikap, mula sa paminsan-minsang pagkadama sa Espiritu Santo hanggang sa makasama natin Siya nang palagian. Bukod pa rito, habang nabubuhay tayo, maaari nating alamin ang mga katangian ni Jesucristo at maaari tayong magkaroon ng ganitong mga katangian.[5] Habang lalo tayong nagiging katulad niya, nababago ang ating puso at nakapagtitiis tayo hanggang wakas (tingnan, halimbawa, sa 2 Nephi 31:2–21; 3 Nephi 11:23–31; 27:13–21; Moroni 4:3; 5:2; 6:6; D at T 20:77, 79; 59:8–9).

Madaling makita kung paano mauulit at masasaligan ang lahat ng hakbang sa doktrina ni Cristo habang tayo'y nabubuhay. Pero ano naman ang binyag? Tutal, lahat tayo ay minsan lang binibinyagan para sa ating sarili.



**Ang Sakramento ng Hapunan ng Panginoon**

Para masagot ang tanong na ito, dapat nating isipin ang isang teolohikal na obra maestrang isinulat ni Elder James E. Talmage (1862–1933) ng Korum ng Labindalawang Apostol na tinatawag na *The Articles of Faith*. Una itong inilathala noong 1899 at nasagot nito ang mga tanong tungkol sa Simbahan at ang mga batayang turo nito para sa susunod na henerasyon na nabasa at napag-aralan ito.

Sa mga nilalaman, nakikita natin na bawat kabanata, bukod pa sa panimula, ay nauugnay sa isa sa labintatlong saligan ng pananampalataya.[6] Ang ilang saligan ng pananampalataya ay hindi lang sa isang kabanata tinalakay, ngunit bawat kabanata ay nauugnay sa isang saligan ng pananampalataya.

Ang nakakaaliw, ang kabanata 9, na pinamagatang "Ang Sakramento ng Hapunan ng Panginoon," ay kasunod na kasunod ng kabanata tungkol sa Espiritu Santo.[7] Iniugnay ito ni Elder Talmage sa ikaapat na saligan ng pananampalataya.

Sa simula ng kabanata 9, isinulat ni Elder Talmage, "Sa takbo ng ating pag-aaral tungkol sa mga alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo, ayon sa nakasaad sa ikaapat ng Articles of Faith, ang paksa ng Sakramento ng Hapunan ng Panginoon ay angkop at nararapat na bigyang-pansin, ang pagsunod sa ordenansang ito ay ipinagagawa sa lahat ng naging miyembro ng Simbahan ni Cristo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hinihingi ng pananampalataya, pagsisisi at binyag sa pamamagitan ng tubig at ng Espiritu Santo."[8]

Nasasaisip ang mga salitang iyon, nakikita natin kung bakit iniugnay ni Elder Talmage ang sakramento sa ikaapat na saligan ng pananampalataya. Sakramento ang sumunod na ordenansang kailangan ng lahat matapos makumpirmang miyembro ng Simbahan.

Sakramento ang sumunod na ordernansang kailangan ng isang lalaki matapos tumanggap ng Melchizedek Priesthood.

Sakramento ang sumunod na ordenansang kailangan ng mga tao matapos ma-endow sa templo.

Sakramento ang sumunod na ordenansang kailangan ng isang mag-asawa matapos mabuklod.

Sakramento ang sumunod na ordenansang kailangan natin. Sakramento ang susi sa pagsampalataya kay Jesucristo, pagsisisi sa kasalanan, at pagdama sa impluwensya ng Espiritu Santo sa ating buhay. Ito ang mekanismo para mapanibago natin ang mga tipan at pagpapala ng binyag.

Ayon sa *Handbook 2,* "Ang mga miyembro ng Simbahan ay inuutusang magtipun-tipon nang madalas para tumanggap ng sakramento upang laging alalahanin ang Tagapagligtas at panibaguhin ang mga tipan at pagpapala ng binyag."[9] Maitatanong ninyo, "Anong mga pagpapala?"

Sigurado, ang patuloy na pagkakaloob ng Banal na Espiritu ay isang pagpapala ng binyag. Pero napapanibago rin ba ang nakalilinis na epekto ng binyag, na isa sa pinakamagagandang pagpapala nito?

Isipin ang pahayag na ito ni Pangulong Dallin H. Oaks, Unang Tagapayo ng Unang Panguluhan, "Inutusan tayong magsisi ng ating mga kasalanan at lumapit sa Panginoon nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu at makibahagi ng sakramento. . . . Nagpapatotoo tayo na pumapayag tayong taglayin natin ang pangalan ni Jesucristo at lagi Siyang aalalahanin at susundin ang Kanyang mga kautusan. Kapag tumutupad tayo sa tipang ito, pinaninibago ng Panginoon ang bisa ng paglilinis ng ating pagbibinyag. Nililinis tayo at tuwina'y mapapasaatin ang Kanyang espiritu."[10]

Pero magbabala tayo, na "ang sakramento ay hindi itinatag bilang partikular na paraan ng pagtanggap ng kapatawaran sa mga kasalanan."[11] Sa madaling salita, hindi ka maaaring sadyang magkasala sa Sabado ng gabi at umasa na mahimala kang mapapatawad sa pamamagitan ng pagkain ng isang piraso ng tinapay at pag-inom ng kaunting tubig sa araw ng Linggo. Ang pagsisisi ay isang mas personal na proseso na nangangailangan ng taos na pagsisisi at pagtalikod sa kasalanan. Ang planadong pagsisisi ay kasuklam-suklam sa Tagapagligtas.

Nagiging karapat-dapat tayo sa naglilinis na kapangyarihan ni Jesucristo kapag nakikibahagi tayo ng sakramento nang karapat-dapat.[12] Ito ang paraan para manatili tayong "walang bahid-dungis mula sa sanlibutan" (D at T 59:9). Ang sakramento ng Hapunan ng Panginoon ay tama lang na sumunod sa binyag sa inulit na pagsasabuhay ng doktrina ni Cristo sa pagsulong ng mga Banal sa mga Huling Araw tungo sa kasakdalan.

Dapat nating sundan ang landas na ito, na sakramento ang nagiging kasunod na ordenansa sa binyag at pagtanggap ng Espiritu Santo. Ang paghahanda para sa sakramento ay kinakailangang pag-isipan muna at pansinin. Hindi ninyo maaasahang maging espirituwal na karanasan ang sakramento kung humahangos kayo, nagte-text kayo sa cell phone ninyo, o dili kaya'y nagagambala.

Kaya magsimba nang maaga. Sa pagsisimula ng himno ng sakramento, tiyaking nakatuon ang inyong isipan sa Tagapagligtas, sa Kanyang Pagbabayad-sala, sa Kanyang pagmamahal, at sa Kanyang pagkahabag. Ipagdasal na mapanibago kayo habang tumatanggap kayo ng sakramento at ginugunita Siya.

**Isang Aral mula sa Rwanda**

Noong 1994 isang kalagim-lagim na pagpatay sa buong lahi ang naganap sa Rwanda. Humigit-kumulang 600,000 at 900,000 tao ang pinatay sa loob lamang ng 60 hanggang 90 araw.

Kalaunan, nagtayo ng branch ang Simbahan sa kabiserang lungsod ng Kigali. Maayos ang takbo ng branch—nang walang mga full-time missionary. Noong 2011 naglilingkod kami sa Africa Southeast Area nang malaman namin, nang may kalungkutan, na ang rehistro namin bilang simbahan sa bansang Rwanda ay walang bisa, ibig sabihin ay ilegal naming pinatatakbo ang simbahan. Nalaman din namin na ang aming meetinghouse, isang inayos na dalawang-palapag na tahanan, ay wala sa lugar na maaaring magdaos ng mga pulong ng Simbahan. Malungkot na ipinasiya ng Area Presidency, sa pagsangguni sa una naming kontak sa Korum ng Labindalawa, na isara ang branch. Hindi na nakapagtipon ang mga miyembro para sa mga pulong ng Simbahan.

Sinimulang taimtim na lutasin ng mga abugado sa Kigali, Salt Lake City, at Johannesburg, South Africa, ang mga problema. Samantala, tanong nang tanong ang mga Banal kung kailan sila maaaring magtipong muli. Ilang buwan ang lumipas na walang resolusyon o progreso.

Pagkaraan ng 10 buwan, lumipad kami papuntang Kigali para bisitahin ang mga Banal na iyon at sikaping palakasin ang kanilang loob. Bago namin ginawa iyon, hiniling naming ilagay ang problemang ito sa temple prayer roll ng lingguhang pulong ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa.

Martes bago kami nakatakdang magbiyahe mula Johannesburg hanggang Kigali, nagulat kami nang abisuhan kami na binigyan na ng pamahalaan ng pansamantalang rehistro ang Simbahan sa Kigali. Pagkatapos noong Huwebes ng linggo ring iyon, nagbigay ng exemption ang zoning commission sa zoning ordinance. Maaari nang magtipong muli ang mga Banal sa Kigali sa aming gusali nang hindi labag sa batas.

Himala ito! Agad ipinaalam ng mga miyembro na magtitipon ang branch sa araw ng Linggo. Dumating kami noong Biyernes at inanyayahan namin ang mga miyembro na magsimba. Pagsapit ng Linggo, lahat ng miyembro—*lahat* sila—at marami sa kanilang mga kaibigan ay nagsimba. Maaga silang nagdatingan, sabik na muling magkasama-sama. Nang basbasan at ipasa ang sakramento, nakaranas kaming lahat ng pambihirang pagpapanibago, pagpapasigla, at paglilinis ng Espiritu.

Naaalala namin, sa pulong, na nagtataka kami kung bakit hindi namin nadama ang diwang ito linggu-linggo habang tumatanggap kami ng sakramento. Inilibot namin ang aming tingin sa mga Banal at natanto namin na dumating silang gutom at uhaw sa sakramento. Ang kanilang pananampalataya, kasigasigan, at tiyaga ay nagpala sa aming lahat. Nangako kami na tuwing tatanggap kaming muli ng sakramento, aalalahanin namin ang karanasang ito sa mga Banal sa Kigali. Ipinasiya namin na kami man ay mananabik sa mga pagpapala ng pagtanggap ng sakramento.

Maaalala ninyo na matapos pasimulan ng Tagapagligtas ang sakramento sa mga Nephita, sinabi Niya sa kanila na ang sakramento ang susi sa pagiging matatag nila sa Kanyang bato. Sabi niya:

"At ibinibigay ko sa inyo ang kautusan na gawin ninyo ang mga bagay na ito [makibahagi ng sakramento]. At kung lagi ninyong gagawin ang mga bagay na ito ay pinagpala kayo, sapagkat kayo ay nakatayo sa aking bato.

"Ngunit sinuman sa inyo ang gagawa ng labis o kulang kaysa rito ay hindi nakatayo sa aking bato, kundi nakatayo sa saligang buhangin; at kapag bumuhos ang ulan, at ang mga baha ay dumating, at ang hangin ay umihip, at humampas sa kanila, sila ay babagsak" (3 Nephi 18:12–13).

Ang sakramento ay isang magandang kaloob na natatanggap natin tuwing Linggo na tumutulong sa ating pag-unlad dito sa lupa. Sa pamamagitan ng sakramento, nararanasan natin ang isang mahalagang bahagi ng doktrina ni Cristo, na nagpapalapit sa atin sa ating Tagapagligtas at nararanasan natin ang Kanyang pagmamahal at kapatawaran sa ating buhay. Nagpapasalamat kami sa mga sandaling ito linggu-linggo, na tumutulong sa amin na manatiling nakatuon ang pansin sa Tagapagligtas.

### "Para Lamang sa Akin"

Ibinahagi ng isang kaibigan namin sa South Africa kung paano niya ito natanto. Noong bagong miyembro si Diane, dumalo siya sa isang branch sa labas ng Johannesburg. Isang araw ng Linggo, habang nakaupo siya sa kongregasyon, hindi siya nakita ng deacon nang ipasa nito ang sakramento dahil sa disenyo ng chapel. Nalungkot si Diane pero hindi siya kumibo. Napansin ito ng isa pang miyembro at binanggit ito sa branch president pagkatapos ng pulong. Nang magsimula ang Sunday School, dinala si Diane sa isang silid na walang tao.

Isang priesthood holder ang pumasok. Lumuhod ito, binasbasan ang kaunting tinapay, at inabutan siya ng isang piraso. Kinain niya ito. Muli itong lumuhod at binasbasan ang kaunting tubig, at inabutan siya ng isang maliit na baso. Ininom niya ito. May dalawang bagay na agad pumasok sa isip ni Diane: "Ah, ginawa niya [ng priesthood holder] ito para lamang sa akin," at pagkatapos, "Ah, ginawa Niya [ng Tagapagligtas] ito para lamang sa akin." Sa pamamagitan ng sakramento, nadama ni Diane ang pagmamahal ng Ama sa Langit para lamang sa kanya.

Ang pagkatanto na ang sakripisyo ng Tagapagligtas ay para lamang sa kanya ay nagpadama sa kanya na malapit siya sa Kanya at lalo pa niyang hinangad na panatilihin ang damdaming iyon sa kanyang puso—hindi lamang sa araw ng Linggo kundi araw-araw. Natanto niya na kahit nakaupo siya sa kongregasyon para tumanggap ng sakramento, ang mga tipan na muli niyang ginagawa tuwing Linggo ay kanya lamang. Nakatulong ang sakramento—at patuloy na nakakatulong—na madama ni Diane ang kapangyarihan ng pagmamahal ng Diyos, makita ang kamay ng Panginoon sa kanyang buhay, at lalong mapalapit sa Tagapagligtas.[13]

Ang ating paanyaya ay katulad kay Moroni:

"Oo, lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan; at kung inyong pagkakaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan, at iibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang kanyang biyaya ay sapat sa inyo, upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo; at kung sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos kayo ay ganap kay Cristo, wala kayong dahilang magtatwa sa kapangyarihan ng Diyos.

At muli, kung sa biyaya ng Diyos kayo ay ganap kay Cristo, at hindi itatatwa ang kanyang kapangyarihan, kung magkagayon kayo ay pinabanal kay Cristo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng pagbubuhos ng dugo ni Cristo, na siyang nasa tipan ng Ama tungo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, upang kayo ay maging banal, na walang bahid-dungis" (Moroni 10:32–33).

Nangyayari ito kapag ipinamuhay natin ang doktrina ni Cristo, na itinuturing ang sakramento bilang kasunod na ordenansa sa binyag at pagtanggap ng Espiritu Santo. Sa ganitong paraan, maaari tayong "[umasa] nang lubos sa mga awa niya na makapangyarihang magligtas" (2 Nephi 31:19). Lubos kaming nagpapasalamat sa sakramento—kung paano kami nito tinuturuan at



pinapaalalahanan bawat linggo kung ano ang ginawa ng Tagapagligtas para sa atin. Lubos kaming nagpapasalamat sa Kanya dahil alam namin na nagbayad-sala Siya para sa bawat isa sa atin.

Nang magsalita ang Tagapagligtas sa mga Nephita, sinabi Niya *kung kailan* dumarating ang ulan, hangin, at mga baha. Hindi Niya sinabing *kapag*. Sa katunayan, dumarating ang ulan, hangin, at mga baha sa lahat. Ngunit sinabi Niya sa atin na ang paraan para tayo tumatag sa Kanyang bato ay tumingin sa Kanya habang nakikibahagi tayo ng sakramento (tingnan sa 3 Nephi 15:9; 18:1).

Darating ang panahon sa buhay ng bawat isa sa inyo kapag nag-alinlangan kayong magsimba at makibahagi ng sakramento. Kung hindi pa ito nangyayari, mangyayari ito. Ngunit dapat ninyo itong malaman: kung susundin ninyo ang tagubilin ng Tagapagligtas at makikibahagi kayo ng sakramento nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, bubuhos ang mga pagpapala sa inyo na pananatilihin kayong matibay at matatag sa matibay na pundasyon na si Jesucristo. Ang desisyon ninyong gawin ito ay makakaapekto sa kawalang-hanggan. Itatatag mo ang iyong sarili kay Jesucristo, ang may-akda at tagatapos ng ating pananampalataya. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na, "The Good Life," na ibinahagi sa Brigham Young University–Idaho, noong Setyembre 26, 2017.*


**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Merriam-Webster's Collegiate Dictionary,* 11th ed. (2003), "consolator."
2. Tingnan sa *Merriam-Webster's Collegiate Dictionary,* "console."
3. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 1.
4. May kasamang malinaw na Siya/Niya.
5. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* kabanata 6, 115–26.
6. Tingnan sa James E. Talmage, *The Articles of Faith,* ika-12 edisyon (1924), v–ix.
7. Tingnan sa Talmage, *Articles of Faith,* vi.
8. Talmage, *Articles of Faith,* 171.
9. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.1.2.
10. Dallin H. Oaks, "Mga Natatanging Saksi ni Cristo," *Liahona,* Abr. 2001, 14.
11. Talmage, *Articles of Faith,* 175.
12. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Ang Sakrament Miting at ang Sakrament," *Liahona,* Nob. 2008, 17–20.
13. Tingnan sa Dale G. Renlund, "Upang Mahikayat Ko ang Lahat ng Tao na Lumapit sa Akin," *Liahona,* Mayo 2016, 41.

# Pagsamba sa Panahong Digital

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

Isang araw ng linggo habang ipinapasa ang sakramento, isang ward Relief Society president na kilala ko ang naglabas ng kanyang smartphone para basahin ang "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol." Nabigyang-inspirasyon ng patotoong ito ng mga apostol tungkol sa Tagapagligtas, pakiramdam niya ay napanibago ang kanyang tapat na pangako na lagi siyang alalahanin.



Gayunman, naglaho ang kanyang magandang damdamin makalipas ang ilang araw nang makatanggap siya, sa koreo, ng isang liham mula sa isang miyembro ng ward na hindi nagpakilala. Pinuna ng lumiham ang pagpapakita niya ng masamang halimbawa sa paggamit ng kanyang smartphone sa sacrament meeting. Nalungkot siya.

Siyempre, ayaw niyang magdamdam ang sinuman sa paggamit niya ng mobile device. Bihira niya itong gamitin sa loob ng chapel, at noon lang nang madama niya na angkop iyon. Ngunit matapos matanggap ang liham, pinagdudahan niya ang kanyang sarili.

## Isang Bagong Hamon

Bawat henerasyon ay may mga hamon. Inireport sa isang pag-aaral na pagsapit ng 2020 ay mas marami pang taong may mobile phone (5.4 na bilyon) kaysa dumadaloy na tubig (3.5 na bilyon).[1] Idagdag pa ang mga tablet, "phablet," at iba pang kaugnay na mga device, at mahihirapang sagutin ng mundo ang tanong na: Ano ang angkop na "ugali sa paggamit ng digital device"?

Habang nahihirapang magpasiya ang mga magulang, lider, at guro kung ano ang angkop na ugali sa paggamit ng digital device sa loob ng Simbahan, humantong na ang magkakaibang opinyon sa kung minsa'y magkakasalungat na paraan sa paggamit ng mga digital device sa mga pulong ng Simbahan.

Nagbigay na ng payo ang mga pinuno ng Simbahan tungkol sa mga pagpapala at panganib ng paggamit ng teknolohiya. Gayunman, hindi palaging sinasabi ng mga pinuno ng Simbahan ang lahat ng dapat gawin at hindi dapat gawin sa pamumuhay ng ebanghelyo (tingnan sa Mosias 4:29–30). Inaasahan na pag-aaralan ng mga miyembro ang bagay na ito para sa kanilang sarili at hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo sa paggawa ng mga desisyon. Sa kasamaang palad, tulad sa sitwasyon sa itaas, kung minsa'y pinipili nating hindi lamang sundin ang isang desisyon kundi pintasan pa ang mga taong iba ang desisyon.

## Binigyang-Inspirasyon ng Diyos; Sinamantala ni Satanas

Ipinagkaloob ng Diyos ang mga pagpapala ng teknolohiya para sa ating kapakinabangan at sa pagsusulong ng Kanyang gawain.[2] Kaya habang di-angkop ang paggamit ng ilang miyembro ng kanilang digital device, itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na "hindi natin dapat hayaang makahadlang sa atin ang takot na magkamali sa pagtanggap natin ng mga dakilang pagpapala ng mga tool na ito."[3] Kailangan tayong matutong gamitin nang angkop

BACKGROUND AT LARAWAN NG KAMAY NA MAY HAWAK NA TABLET MULA SA GETTY IMAGES



*Bigyang-pansin itong tatlong alituntunin para sa angkop na paggamit ng mga digital device sa loob ng simbahan.*

ang mga ito at ituro sa ating mga anak na gayon din ang gawin.

Ang mga mobile device ay tumutulong sa mga miyembro ng Simbahan sa pag-aaral ng ebanghelyo, family history at gawain sa templo, at pagbabahagi ng ebanghelyo. Halimbawa, higit sa 3.5 milyong katao ang gumamit ng Gospel Library app noong Enero 2018. Ang pinagsama-samang oras ng kanilang pag-aaral ay katumbas ng mahigit isang libong taon.

Kasabay ng pagpansin sa mga pagpapala, nagbabala ang mga pinuno ng Simbahan tungkol sa mga potensyal na panganib nito, kabilang na ang nasayang na oras, nasirang mga relasyon, at pagkabitag sa kasalanan.[4] Sa loob ng Simbahan, ang di-angkop na paggamit ay maaaring makagambala sa atin at sa iba sa pagsamba at pag-aaral na mahalaga sa pakikipag-ugnayan natin sa Diyos.

Gayunman, ang mga panganib na ito ay hindi natatangi sa mga digital device. "Ang ilan sa mga gamit na ito—tulad ng anumang gamit sa kamay ng isang taong hindi-sanay o walang disiplina—ay maaaring mapanganib," pagtuturo ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol. ". . . Walang ipinagkaiba iyon sa kung paano pinipiling gamitin ng mga tao ang telebisyon o mga sine o kahit ang library. Laging mabilis si Satanas sa paggamit sa negatibong kapangyarihan ng mga bagong imbensyon, para sirain at hamakin, at balewalain ang anumang epekto nito para sa kabutihan."[5]

## Mga Mobile Device sa Sacrament Meeting

Dahil sa mga potensyal na pagpapala—pati na rin sa mga magiging hadlang—ng mga digital device na ito, paano nagpapasiya ang mga miyembro kung paano ito gagamitin? Iminungkahi ni Joseph Smith ang bisa ng isang pamamaraang batay sa isang alituntunin nang sabihin niyang, "Tinuturuan ko sila ng mga wastong alituntunin, at pinamamahalaan nila ang kanilang sarili."[6]

Dito, sinusuri natin ang mga alituntunin na maaaring makatulong sa pagdedesisyon tungkol sa paggamit ng mga mobile device sa sacrament meeting. Para sa isang talakayan tungkol sa angkop na paggamit ng mga digital device sa loob ng klase, tingnan sa "Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo: Paano Panatilihing Interesado ang mga Kabataan sa Paggamit ng Teknolohiya sa Mundo," ni Brother Brian K. Ashton, Pangalawang Tagapayo sa Sunday School General Presidency, sa pahina 30 ng isyung ito.

### *Alituntunin 1: Ang aking mga pasiya ay sumusuporta sa pagsamba.*

Ang sacrament meeting ay para sa "[pag-uukol ng ating] mga pananalangin sa Kataas-taasan" (D at T 59:10). Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol na dapat ang tuon natin doon ay sa pagpapanibago ng ating mga tipan at ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala.[7] Ang pinipili nating gawin sa sacrament meeting ay dapat makatulong sa atin na gawin ang mga bagay na iyon.

Dahil sa pagtutuon na iyan, kung kinakailangan, maaari nating gamitin nang angkop ang ating mga device para:

- *Mapagbuti ang ating pagsamba.* Maaaring gamitin ng isang miyembro ang digital device sa oras ng sacrament meeting para maghanap ng mga talata sa banal na kasulatan, kumanta ng mga himno, o magtala ng mga espirituwal na pahiwatig.
- *Maglingkod.* Maaaring mapansin ng bishop ang isang bago o di-gaanong aktibong miyembro na umupo sa likod ng simbahan sa oras ng sacrament meeting at kung makadama siya ng pahiwatig, i-text ang lider ng ward mission na batiin ito at anyayahan sa klase ng mga Alituntunin ng Ebanghelyo pagkatapos ng miting.
- *Gawing posible ang mahahalagang koneksyon.* Ang mga doktor, first-responder (pulis, bumbero, drayber ng ambulansya, atbp.), at iba pang mga propesyonal ay maaaring makilahok sa pagsamba dahil alam nila na maaari silang tawagan kung kailangan sa pamamagitan ng kanilang mobile device.

Sa paghahangad nating magtuon sa Tagapagligtas, mahalagang tandaan na ang ating device ay magpapadali sa ating pag-aaral, ngunit hindi ito makakapag-aral para sa atin. Makapagbibigay ang mga ito ng isang bagay na pag-iisipan, ngunit ang mga ito ay hindi makakapag-isip para sa atin. Maaari pa tayong paalalahanan ng mga ito na magdasal, ngunit ang pagdarasal ay isang bagay na dapat nating gawin para sa ating sarili.

Itinuro ni Elder Bednar na ang ating kaugnayan sa Diyos ay tunay, hindi virtual.[8] Hindi ito maaaring i-double-click o i-download.[9] Kaya kahit ginamit ng Relief Society president sa simula ng artikulong ito ang kanyang cellphone para ituon ang kanyang isipan kay Cristo, ang tipan na kanyang pinaninibago ay hindi sa kanyang cellphone; iyon ay kay Cristo. Ang paglalakbay na sinimulan niya sa tulong ng kanyang device ay kinailangang tapusin sa kanyang isipan, sa kanyang mga panalangin, at sa kanyang mga kilos.

### *Alituntunin 2: Binabawasan ko ang mga panggagambala.*

Dapat nating pagsikapang lahat ang isang kapaligiran na nagdaragdag ng pagtutuon natin sa pagsamba at pag-aaral. Mahalagang bawasan ang mga bagay na nakagagambala. Ang alituntuning ito ay angkop sa maraming sitwasyon, mula sa kung paano tayo nag-uusap o nagdidisiplina ng makukulit na bata hanggang sa kung paano natin ginagamit ang ating digital device.

Napakaraming paraan para magambala ng isang device na dinisenyo para gumawa ng napakaraming bagay. Malinaw na ang panonood ng mga video, pakikinig ng musika, o ang panonood ng mga video ay magpapahirap sa pagtutuon ng pansin sa sacrament service. Ngunit gayon din ang pagtingin sa email, mga text message, social media, mga iskor sa isports, at maraming tunog, icon, at larawang lumalabas sa mobile device na naglalayo sa atin sa mga kaganapan, pag-uugnayan, at pag-uusap na nangyayari sa labas ng miting. Ang lahat ng ito at marami pang iba ay makagagambala sa atin at sa iba, maging sa mga nasa malayu-layong upuan.

Para sa mga taong nais alisin nang tuluyan ang mga panggagambala ng digital device, maaaring angkop na iwanan sa bahay ang kanilang device o patayin ito. Para sa mga gumagamit ng kanilang device para makatulong



sa kanilang pagsamba ngunit ayaw makagambala sa iba, maaaring sapat na ang ilagay sa silent ang device, i-set ito sa do not disturb, o ilagay ito sa airplane mode.[10]

***Alituntunin 3: Nagtutuon ako sa sarili kong pagsamba.***

Palaging magkakaroon ng iba't ibang panggagambala, at hindi lahat ay digital. Maaaring kabilang dito ang ingay ng sanggol, hugong ng insekto, o ingay ng trapik sa labas. Pangunahing responsibilidad natin ang napapala o pakinabang na nakukuha natin sa ating pagsamba. Kaya kung may nakakalimot na ilagay ang kanilang cellphone sa airplane mode, kailangan nating sikaping ilagay ang ating sarili sa mode na "huwag pansinin ang mga panggagambala."

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Bawat miyembro ng Simbahan ay may responsibilidad na espirituwal na mapagyaman ang sarili sa sakrament meeting."[11]

Kung mapapansin natin ang iba sa ating paligid na gumagamit ng kanilang device, huwag nating ipalagay kaagad na ang ginagawa nila ay hindi angkop dahil lang sa gumagamit sila ng digital device. Kung ang tao ay isang bata o isang taong responsibilidad natin, maaaring angkop lang na tingnan ang paggamit nila ayon sa patnubay ng Espiritu. Kung hindi man, sikapin nating bumalik sa ating sariling pagsamba.

**Sama-samang Pag-aaral**

Sa isang pahayag na sumasaklaw sa mga alituntuning ito, ipinayo ni Elder Oaks, "Sa sacrament meeting—lalo na sa oras ng pagbibigay ng sakramento—kailangang ituon natin ang pansin sa pagsamba at iwasang gumawa pa ng iba lalo na ng mga pagkilos na makagagambala sa pagsamba ng iba."[12]

Maraming iba pang alituntunin na makakatulong na gabayan ang ating paggamit. Habang lalong nagiging normal na bahagi ng ating kultura ang mga digital device, kailangan nating sama-samang sagutin ang mga tanong kung ano ang angkop. Dahil bawat sitwasyon ay kakaiba at ang teknolohiya ay patuloy na magbabago, kailangang patuloy nating suriin ang ating sariling paggamit, mag-isip tayo ng bago o ibang mga pananaw, at maging handa tayong patawarin ang iba habang sama-sama tayong natututo. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa "10th Annual Cisco Visual Networking Index (VNI) Mobile Forecast Projects 70 Percent of Global Population Will Be Mobile Users," Peb. 3, 2016, newsroom.cisco.com.
2. Tingnan sa David A. Bednar, "Apostol Nagpayo Tungkol sa Social Media," *Liahona,* Ene. 2015, 17; *Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe [1954], 18–19.
3. Sa Sarah Jane Weaver, "Elder Bednar Tells 2016 Mission Presidents Not to Fear Technology," Hulyo 6, 2016, news.lds.org.
4. Tingnan sa "Elder Bednar Tells 2016 Mission Presidents."
5. M. Russell Ballard, "Pagbabahagi ng Ebanghelyo Gamit ang Internet," *Liahona,* Hunyo 2008, B2.
6. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 331.
7. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Ang Sakrament Miting at ang Sakrament," *Liahona,* Nob. 2008, 17–20.
8. Tingnan sa David A. Bednar, "Ang Katunayan ng mga Bagay-Bagay," *Liahona,* Hunyo 2010, 22–31.
9. Tingnan sa Scott D. Whiting, "Digital Detachment and Personal Revelation," *Ensign,* Mar. 2010, 16–21.
10. Tingnan sa M. Russell Ballard, "Mapanatag at Malaman na Ako ang Diyos" (Church Educational System devotional, Mayo 4, 2014), lds.org/broadcasts.
11. Russell M. Nelson, "Pagsamba sa Sakrament Miting," *Liahona,* Ago. 2004, 14.
12. Dallin H. Oaks, "Ang Sakrament Miting at ang Sakrament," 18–19.



**Ni Brian K. Ashton**
Pangalawang Tagapayo sa Sunday School General Presidency

# Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo: PAANO PANATILIHING INTERESADO ANG MGA KABATAAN SA PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA SA MUNDO

*Paano magiging kakampi sa halip na kaaway ang teknolohiya sa loob ng klase?*

Kapag bumibisita ako sa mga ward at stake sa buong Simbahan, madalas itanong ng mga guro at lider ng mga kabataan na, "Paano namin mapapanatiling hindi nakakagambala sa klase ang mga digital device?" Kasabay niyon, marami sa pinakamagagaling na guro ng mga kabataan na naobserbahan ko ang nagsisimula ng kanilang klase sa mga katagang "Ilabas ninyo ang cell phone ninyo at hanapin ang . . ." Dahil dito, gusto kong ibahagi ang ilang bagay na natutuhan ko tungkol sa pagtulong sa mga kabataan na gumamit ng teknolohiya sa matwid at produktibong mga paraan sa loob ng klase ng ebanghelyo.

## Mga Propesiya tungkol sa Teknolohiya


Nagsalita sa atin ang mga propeta at apostol tungkol sa mga pagpapala ng teknolohiya, at sinabi sa atin kung paano ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang teknolohiya upang tulungan tayong isulong ang Kanyang gawain sa mas mabilis na paraan. Noong 1862 itinuro ni Pangulong Brigham Young (1801–77): "Lahat ng tuklas sa siyensya at sining, na talagang totoo at kapaki-pakinabang sa sangkatauhan ay ibinigay sa pamamagitan ng tuwirang paghahayag mula sa Diyos. . . . Ibinigay ito na may layon na ihanda ang daan para sa huling tagumpay ng katotohanan, at pagtubos sa mundo mula sa kapangyarihan ng kasalanan at ni Satanas. Dapat nating samantalahin ang lahat ng magagandang tuklas na ito . . . at ibigay sa ating mga anak ang pakinabang ng bawat sangay ng makabuluhang kaalaman, upang ihanda silang sumulong at mahusay na gawin ang kanilang bahagi sa dakilang gawain."[1]


## Paggamit ng mga Digital Device sa Matwid na mga Aktibidad

Sa aking buhay, lubhang napayabong ang pag-aaral ko ng ebanghelyo sa paggamit ng mga banal na kasulatan at iba pang mga sanggunian sa Gospel Library mobile app.

Naihanda na ang ating mga kabataan na pag-aralan, ituro, at ipangaral ang ebanghelyo sa pang-araw-araw na buhay at bilang mga full-time missionary na gumagamit ng teknolohiya sa mga paraang kasisimula pa lang nating tuklasin. Dahil sinusubukan ng kaaway na gamitin ang bawat mabuti at makabuluhang imbensyon para maisakatuparan ang kanyang masasamang layunin, tungkulin natin bilang mga magulang, lider, at guro na tulungan ang mga kabataan na matutong gumamit ng teknolohiya sa matwid at produktibong mga paraan sa murang edad.

Ang tahanan ang pinakamainam na lugar para mangyari ito. (Maaaring isaalang-alang ng mga magulang na naghahanap ng makakatulong na mga sanggunian na gamitin ang ilan sa mga materyal ng Simbahan na nakalista sa sidebar na kasama rito.) Nagbibigay rin ng mahahalagang oportunidad ang klase ng ebanghelyo para tulungan ang mga kabataan na iugnay ang kanilang digital device sa





matwid na mga aktibidad at madama ang Espiritu Santo. Narito ang ilang paraan na makakatulong ang mga guro at lider na mapangyari ito.

### Magtakda ng mga Inaasahan Batay sa mga Alituntunin

Magtakda ng mga inaasahan sa paggamit ng teknolohiya sa loob ng klase batay sa mga alituntunin. Ang isang mahalagang alituntunin ay maaaring "Ang layunin natin sa klase ay pag-aralan ang ebanghelyo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang paggamit natin ng mga digital device ay dapat makatulong sa pagsisikap na ito, hindi makagambala rito." Mas epektibo ito kaysa sa patakarang tulad ng "Hindi tayo gumagamit ng social media sa oras ng klase." Ang patakarang ito ay nagpaparating ng mensahe na ang social media ay masama, samantalang ang alituntunin ay pinananatiling posible na gumamit ng social media sa klase sa wastong mga paraan, tulad ng pagpapaalam sa mga hindi nakakadalo sa klase kung ano ang hindi nila natutuhan at anyayahan silang dumalo sa susunod na linggo.

Ipinapahamak natin ang ating mga kabataan sa mga patakarang nagpapahiwatig na ang isang pag-uugali ay mali kahit hindi. Nakakalito ito sa paggamit ng teknolohiya sa iba pang mga sitwasyon at lumalagpas ang oportunidad na ituro kung paano gamitin nang wasto ang teknolohiya. Ang mga inaasahan na itinakda natin sa tulong ng mga kabataan sa ating mga klase ay dapat umangkop sa kanilang edad at kahustuhan ng isip.

### Matuto tungkol sa Teknolohiya

Huwag hayaang makahadlang ang sarili ninyong takot o hindi pagkaunawa sa teknolohiya na payagang gumamit ang mga kabataan ng mga digital device sa wastong mga paraan. Inireport ng isang ward na nagdaraos sila ng training para sa mga guro kung paano gumamit ng mga digital device sa pag-aaral ng ebanghelyo. Nalaman nila na nang mas masanay na ang mga guro sa paggamit ng teknolohiya, mas nasabik din silang gumamit ng mga digital device sa pag-aaral ng ebanghelyo, at nawala ang isyu na nakakagambala ang mga digital device sa klase.

### Gawing Interactive ang mga Lesson

Nalaman ko na ang pinakamainam na paraan para matulungan ang mga estudyante na gamitin nang matwid ang teknolohiya ay gawing interactive ang mga lesson at isama ang mga digital device sa lesson plan. Bihira akong makakita ng mga estudyante na ginagamit ang kanilang cell phone sa maling paraan sa mga klase kung saan nagtatanong ng mga inspiradong bagay ang mga guro,

nakikilahok ang mga estudyante sa lesson at nadarama nila na mahal sila ng guro, at naroon ang Espiritu Santo.

Saan man ito nangyayari, kadalasa'y sinisimulan ng guro ang klase sa pagtatanong ng isang inspiradong bagay at hinahayaan ang mga kabataan, kadalasa'y sa maliliit na grupo, na hanapin ang sagot sa tanong sa mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta. Sa buong lesson, pinapahanap ng guro sa mga estudyante ang mga talata sa banal na kasulatan, pinapaaral ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, pinapanood sila ng mga video na gawa ng Simbahan, at tinatalakay nila ang kanilang natututuhan. Kapag mas nakilahok ang mga kabataan sa proseso ng pagkatuto, mas malamang na gamitin nila nang wasto ang kanilang digital device.

### Alalay Lang

Kapag isinama natin ang teknolohiya sa ating mga lesson, mahalagang tandaan na kailangan ay alalay lang tayo sa paggamit ng teknolohiya. Kailangan tayong mag-ingat upang matiyak na hindi nagiging lesson o nakakagambala ang teknolohiya sa pagdama sa Espiritu Santo.

Dagdag pa rito, may ilang estudyante na walang digital device at hindi nila dapat madama na hindi sila kasali. Maliban sa panonood ng mga video na gawa ng Simbahan, dapat ay maaari ding gawin ang mga aktibidad na magagawa sa mga digital device sa loob ng klase sa aklat ng banal na kasulatan at mga kopya ng magasin ng Simbahan.

Bukod pa rito, may mga pagkakataon na maaaring hindi tamang gumamit ng mga digital device. Halimbawa, kapag ang mga estudyante o guro ay nagpapatotoo, maaaring makatwiran na mapagmahal na anyayahan ng mga guro ang mga estudyante na itago nila ang kanilang cell phone at pakiramdaman lang kung ano ang itinuturo sa kanila ng Espiritu.

### Magpasensya

Sa huli, para sa ilang kabataan, ang pagkatutong gamitin nang wasto ang mga digital device sa klase ay maaaring mangailangan ng kaunting panahon. Ang mga gurong katulad ni Cristo sa anumang klase ay nagpapakita ng pasensya at pagmamahal sa mga nahihirapan.

### Teknolohiya: Isang Tulong, Hindi Isang Banta

Ang pagtulong sa mga kabataan na gamitin nang wasto ang teknolohiya ay magpapala sa kanila habambuhay, at makakatulong ito sa ating mga klase. Tulad ng ibinahagi ni Elder Richard G. Scott (1928–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang teknolohiya, kapag natutuhang mabuti at ginamit sa mabubuting layunin, ay hindi kailangang maging banta sa atin kundi isang bagay na nagpapalakas sa espirituwal na pakikipag-ugnayan."[2]

Bilang Sunday School General Presidency, inaanyayahan namin ang mga guro na gamitin ang teknolohiya sa kanilang mga lesson at gawin ang lahat ng kanilang makakaya para tulungan ang mga kabataan na gamitin ang teknolohiya sa matwid na mga layunin. Kung hihingi kayo ng tulong sa Ama sa Langit sa inyong mga pagsisikap, sasagutin Niya ang mga panalanging iyon. ■

**MGA TALA**

1. *Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe (1954), 18–19.
2. Richard G. Scott, "Para sa Kapayapaan sa Tahanan," *Liahona,* Mayo 2013, 30.

### WASTONG PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Sinabi sa atin ni Brother Brian K. Ashton na ang tahanan ang pinakamainam na lugar para matutong gamitin nang matwid ang teknolohiya. Ang sumusunod na mga sanggunian ay makakatulong sa mga indibiduwal, magulang, at pamilya na magpasiya kung paano gamitin sa wastong mga paraan ang umiiral na mga teknolohiya:

- *Safeguards for Using Technology [Mga Pag-iingat sa Paggamit ng Teknolohiya]*. Bagama't isinulat para sa mga missionary, ang mga patnubay sa buklet na ito ay maaaring iangkop sa tahanan. Makukuha ito sa 28 wika sa Gospel Library app o naka-print sa mga distribution center o sa online store.
- Ang listahan ng mga family home evening lesson tungkol sa pag-iwas sa pornograpiya, pati na kung paano pumili ng magandang media, ay matatagpuan sa overcomingpornography.org/resources (makukuha sa 10 wika).
- Ang mga patnubay sa mga talakayan ng pamilya tungkol sa social media ay itinampok sa "Families Should Discuss How to Use Social Media in Righteous Ways," sa lds.org/go/81833a (makukuha sa 10 wika), o sa artikulo ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Punuin ang Mundo sa pamamagitan ng Social Media," sa *Liahona* noong Agosto 2015.



KABANATA 6

# Ang Kaloob at Kapangyarihan ng Diyos

*Ito ang kabanata 6 ng bagong apat-na-tomong salaysay ng kasaysayan ng Simbahan na pinamagatang* Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw. *Malapit nang makuha ang aklat sa 14 na wika na naka-print, sa bahaging Church History ng Gospel Library app, at online sa saints.lds.org. Ang kabanata 5, na inilathala sa isyu noong Hulyo, ay inilarawan ang pagkawala ng unang 116 na pahina ng salin ng Aklat ni Mormon noong 1828.*

Nang bumalik si Joseph sa Harmony noong tag-araw ng 1828, nagpakitang muli sa kanya si Moroni at kinuha ang mga lamina. "Kapag sapat na ang iyong pagpapakumbaba at pagsisisi," wika ng anghel, "matatanggap mong muli ang mga ito sa ika-dalawampu't dalawa ng Setyembre."[1]

Binalot ng kadiliman ang isipan ni Joseph.[2] Batid niyang nagkamali siya nang hindi niya sinunod ang kagustuhan ng Diyos at nang ipagkatiwala niya kay Martin ang manuskrito. Ngayon ay hindi na nais ng Diyos na ipagkatiwala sa kanya ang mga lamina o ang mga pansalin. Pakiramdam ni Joseph ay nararapat sa kanya ang anumang parusang ibibigay ng langit sa kanya.[3]

Pasan ang bigat ng kasalanan at paghihinagpis, lumuhod siya, ipinagtapat ang kanyang mga kasalanan, at humingi ng kapatawaran. Pinagnilayan niya kung saan siya nagkamali at kung ano ang maaari niyang baguhin at pagbutihin kung tutulutan siyang muli ng Panginoon na magsalin.[4]

Isang araw ng Hulyo, habang naglalakad si Joseph nang di-kalayuan sa kanyang tahanan, nagpakita sa kanya si Moroni. Iniabot sa kanya ng anghel ang mga pansalin, at nakita ni Joseph ang isang banal na mensahe rito: "Ang mga gawain, at ang mga layunin, at ang mga hangarin ng Diyos ay hindi mabibigo, ni mapawawalang-saysay."[5]

Ang mga salita ay nagbibigay-katiyakan, ngunit agad na sinundan ng pagkastigo. "Kayhigpit ng iyong mga kautusan," wika ng Panginoon. "Hindi mo dapat kinatakutan ang tao nang higit sa Diyos." Iniutos Niya kay Joseph na lalo pang ingatan ang mga sagradong bagay. Ang mga nakatala sa mga gintong lamina ay mas mahalaga kaysa sa reputasyon ni Martin o sa kagustuhan ni Joseph na pasayahin ang mga tao. Inihanda ito ng Panginoon upang panibaguhin ang Kanyang sinaunang tipan at ituro sa lahat ng tao na umasa kay Jesucristo para sa kaligtasan.

Hinimok ng Panginoon si Joseph na alalahanin ang Kanyang awa. "Magsisi sa yaong iyong nagawa," iniutos Niya, "at ikaw ay pinili pa rin." Minsan pa, tinawag Niya si Joseph na maging Kanyang propeta at tagakita. Subalit nagbabala Siyang sundin ang Kanyang salita.

"Maliban kung gawin mo ito," paghahayag Niya, "ikaw ay pababayaan at magiging katulad ng ibang mga tao, at mawawalan ng kaloob."[6]

Noong taglagas na iyon, naglakbay ang mga magulang ni Joseph patimog papunta sa Harmony. Halos dalawang buwan na ang lumipas mula nang nilisan ni Joseph ang kanilang tahanan sa Manchester, at wala na silang nabalitaan mula sa kanya. Nag-alala sila na baka ang mga trahedyang naganap noong tag-araw ay labis na nagpadalamhati sa kanya. Sa loob lamang ng ilang linggo, namatay ang kanyang unang anak, muntik nang pumanaw ang kanyang asawa, at nawala ang mga pahina ng manuskrito. Nais nilang matiyak na nasa mabuting kalagayan sila ni Emma.

Wala pang isang milya mula sa kanilang destinasyon, lubos na nagalak sina Joseph Sr. at Lucy nang makita nila si Joseph sa bukana ng kanilang daraanan na mukhang panatag at masaya. Sinabi niya sa kanila ang tungkol sa pagkawala ng tiwala ng Diyos, pagsisisi ng kanyang mga kasalanan, at pagtanggap ng paghahayag. Ang pagkastigo ng Panginoon ay masakit, subalit tulad ng mga propeta noon, isinulat niya ang paghahayag upang mabasa ng iba.



Iyon ang unang pagkakataon na itinala niya ang salita ng Panginoon sa kanya.

Sinabi rin ni Joseph sa kanyang mga magulang na ibinalik na ni Moroni ang mga lamina at pansalin. Tila nasiyahan ang anghel, paggunita ni Joseph. "Sinabi niya na mahal ako ng Panginoon dahil sa aking katapatan at pagpapakumbaba."

Ang talaan ngayon ay ligtas na nasa bahay, nakatago sa isang baul. "Nagsusulat na si Emma para sa akin ngayon," ikinuwento ni Joseph sa kanila, "ngunit sinabi ng anghel na magpapadala ang Panginoon ng tao na siyang magsusulat para sa akin, at nagtitiwala ako na mangyayari iyon."[7]

Nang sumunod na tagsibol, naglakbay si Martin Harris papuntang Harmony na may dalang masamang balita. Ang kanyang asawa ay nagsampa ng kaso sa korte, nagpaparatang na isang manloloko si Joseph na nagpapanggap na nagsasalin ng mga gintong lamina. Inaasahan ngayon ni Martin na ipatatawag siya ng korte para magbigay ng testimonya. Kinakailangan niyang sabihin na niloko siya ni Joseph, kung hindi ay pararatangan din siya ni Lucy na isang manloloko.[8]

Iginiit ni Martin kay Joseph na bigyan siya ng karagdagang katibayan na totoo ang mga lamina. Nais niyang sabihin sa korte ang lahat ng tungkol sa pagsasalin, ngunit nag-aalala siya na baka hindi siya paniwalaan ng mga tao. Kung tutuusin, ginalugad ni Lucy ang tahanan ng mga Smith at hindi nakita ang talaan. At kahit na nagsilbi siyang tagasulat ni Joseph sa loob ng dalawang buwan, hindi kailanman nakita ni Martin ang mga lamina kaya hindi niya mapatototohanan na nakita nga niya ang mga ito.[9]

Idinulog ni Joseph ang katanungan sa Panginoon at tumanggap ng kasagutan para sa kanyang kaibigan.

Hindi sasabihin ng Panginoon kay Martin kung ano ang sasabihin sa korte, ni hindi Siya maglalaan ng anumang karagdagang ebidensiya hangga't hindi pipiliin ni Martin na magpakumbaba at manampalataya. "Kung sila ay hindi maniniwala sa aking mga salita, sila ay hindi maniniwala sa iyo, aking tagapaglingkod na Joseph," wika Niya, "kung maaari lamang na ipakita mo sa kanila ang lahat ng bagay na ipinagkatiwala Ko sa iyo."

Gayunman, nangako ang Panginoon na kaaawaan Niya si Martin, kung gagawin niya ang tulad ng mga ginawa ni Joseph noong tag-araw na iyon at magpapakumbaba, magtitiwala sa Diyos, at matututo mula sa kanyang mga pagkakamali. Tatlong matatapat na saksi ang makakikita sa mga lamina sa tamang panahon, sabi ng Panginoon, at maaaring si Martin ay isa sa mga ito kung titigilan niya ang paghingi ng pagsang-ayon ng ibang tao.[10]

Bago ang pagtatapos ng kanyang mga salita, ang Panginoon ay gumawa ng isang pahayag. "Kung ang salinlahing ito ay hindi magpapatigas ng kanilang puso," wika Niya, "Aking itatatag ang aking simbahan sa kanila."[11]

Pinagnilayan ni Joseph ang mga salitang ito habang kinokopya ni Martin ang paghahayag. Nakinig sila ni Emma habang binabasa itong muli ni Martin upang siguruhin ang katumpakan nito. Habang sila ay nagbabasa, pumasok sa kuwarto ang ama ni Emma at nakinig. Nang matapos sila, tinanong niya kung kaninong mga salita iyon.

"Ang mga salita ni Jesucristo," paliwanag nina Joseph at Emma.

"Itinuturing ko ang lahat ng ito na isang kahibangan," wika ni Isaac. "Tigilan mo ito."[12]

Hindi pinansin ni Martin ang ama ni Emma, kinuha niya ang kanyang kopya ng paghahayag at sumakay ng karwahe pauwi. Nagtungo siya sa Harmony upang humanap ng katibayan ng mga lamina, at lumisan siyang dala ang isang paghahayag na nagpapatotoo sa katotohanan ng mga ito. Hindi niya ito magagamit sa korte, ngunit bumalik siya sa Palmyra batid na alam ng Diyos ang tungkol sa kanya.

Kalaunan, nang humarap si Martin sa hukom, nagbigay siya ng simple at mabisang patotoo. Habang nakataas ang kanang kamay, nagbigay-testigo siya tungkol sa mga laminang ginto at idineklara na kusa niyang ibinigay kay Joseph ang limampung dolyar upang gawin ang gawain ng Panginoon. Dahil walang katibayan na magpapatunay ng mga paratang ni Lucy, pinawalang-saysay ng korte ang kaso.[13]

Samantala, itinuloy ni Joseph ang pagsasalin, ipinagdarasal na padalhan siya ng Panginoon ng tagasulat sa lalong madaling panahon.[14]

Sa Manchester, isang binatang nagngangalang Oliver Cowdery ang nanunuluyan sa tahanan ng mga magulang ni Joseph. Mas bata ng isang taon si Oliver kay Joseph, at noong taglagas ng 1828 ay nagsimula siyang magturo sa isang paaralan mga isang milya sa timog ng sakahan ng mga Smith.

Ang mga gurong tulad ni Oliver ay karaniwang nanunuluyan sa mga pamilya ng kanilang mga mag-aaral, at noong narinig niya ang mga bulung-bulungan tungkol sa mga gintong lamina ni Joseph, itinanong niya kung maaari siyang manirahan sa mga Smith. Noong una ay iilang detalye lamang ang nalaman niya mula sa pamilya. Dahil sa ninakaw na manuskrito at mga bulung-bulungan sa lugar ay naging maingat na sila at piniling manahimik na lamang.[15]

Subalit noong taglamig ng 1828–29, habang tinuturuan ni Oliver ang mga batang Smith, nakuha niya ang tiwala ng pamilya. Sa mga panahong ito, bumalik na si Joseph Sr. mula sa Harmony na may paghahayag na sisimulan na ng Panginoon ang isang kagila-gilalas na gawain.[16] Sa panahong iyon napatunayan na ni Oliver na siya ay isang tapat na taong naghahanap ng katotohanan, at ipinaalam sa kanya ng mga magulang ni Joseph ang banal na tungkuling ibinigay sa kanilang anak.[17]

*Paulit-ulit na pinatotohanan sa talaang ito si Jesucristo, at nakita ni Oliver kung paano pinamunuan ng mga propeta ang isang sinaunang simbahan at paano isinagawa ng mga karaniwang lalaki't babae ang gawain ng Diyos.*


Nakahikayat kay Oliver ang sinabi nila, at inasam niya na makatulong sa pagsasalin. Tulad ni Joseph, si Oliver ay hindi nasisiyahan sa mga makabagong simbahan at naniniwala sa isang Diyos ng mga himala na inihahayag pa rin ang Kanyang kalooban sa mga tao.[18] Subalit si Joseph at ang mga gintong lamina ay nasa malayong lugar, at hindi alam ni Oliver kung paano siya tutulong sa gawain kung mananatili siya sa Manchester.

Isang araw ng tagsibol, habang malakas ang buhos ng ulan sa bubungan ng bahay ng mga Smith, sinabi ni Oliver sa pamilya na nais niyang magtungo sa Harmony upang tulungan si Joseph sa oras na matapos ang pasukan sa eskwela. Hinimok siya nina Lucy at Joseph Sr. na tanungin ang Panginoon kung tama ang kanyang ninanais.[19]

Bago matulog, nanalangin nang sarilinan si Oliver upang malaman kung ang mga narinig niya tungkol sa mga laminang ginto ay totoo. Ipinakita sa kanya ng Panginoon ang isang pangitain tungkol sa mga gintong lamina at ang mga pagsusumikap ni Joseph na maisalin ang mga ito. Isang mapayapang damdamin ang nanahan sa kanya, at noon niya nalaman na dapat siyang magprisinta na maging tagasulat ni Joseph.[20]

Walang sinabihan si Oliver tungkol sa kanyang panalangin. Ngunit sa pagtatapos ng pasukan, siya at ang kapatid

LARAWANG KUHA NG ORIHINAL NA PAHINA NG MANUSKRITO NG AKLAT NI MORMON SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; PINALAKI ANG LARAWAN PARA LUMINAW



***Si Oliver Cowdery ang tagasulat sa pahinang ito ng salin ng Aklat ni Mormon.***

ni Joseph na si Samuel ay umalis nang naglalakad papunta sa Harmony, mahigit isang daang milya ang layo. Ang daan ay malamig at maputik bunsod ng ulan ng tagsibol, at ang mga daliri sa paa ni Oliver ay nanlalamig sa ginaw nang dumating sila ni Samuel sa pintuan ng bahay nina Joseph at Emma. Gayunman nananabik siyang salubungin ng mag-asawa at tingnan niya mismo kung paano kumilos ang Panginoon sa pamamagitan ng batang propeta.[21]

Nang nakarating na si Oliver sa Harmony, parang matagal na siyang nakatira roon. Nakipag-usap si Joseph sa kanya hanggang lumalim ang gabi, nakinig sa kanyang kuwento, at sinagot ang kanyang mga tanong. Malinaw na si Oliver ay may pinag-aralan, at kaagad tinanggap ni Joseph ang kanyang alok na maging tagasulat.

Sa pagdating ni Oliver, ang unang kailangang gawin ni Joseph ay maghanap ng lugar kung saan makapagtatrabaho. Pinakiusapan niya si Oliver na gumawa ng kontrata kung saan ipinangako ni Joseph na babayaran niya ang kanyang biyenang lalaki para sa maliit na bahay na dati nilang tinirhan ni Emma, pati na ang kamalig, sakahan, at kalapit na bukal.[22] Dahil nagmamalasakit sa kapakanan ng kanilang anak, sumang-ayon ang mga magulang ni Emma sa mga kundisyon at nangakong tutulong upang mapawi ang pangamba ng mga kapitbahay hinggil sa mga hindi karaniwang ginagawa ni Joseph.[23]

Samantala, nagsimula na sa pagsasalin sina Joseph at Oliver. Maayos silang nakapagtrabaho nang magkasama, halos linggu-linggo, madalas kasama si Emma sa iisang kuwarto habang ginagawa niya ang kanyang pang-arawaraw na gawain.[24] Kung minsan ay nagsasalin si Joseph sa pamamagitan ng pagtingin sa mga pansalin at pagbabasa sa Ingles ng mga titik na nasa mga lamina.

Madalas na mas kumbinyente para sa kanya na gamitin ang bato ng tagakita. Ilalagay niya ang bato ng tagakita sa kanyang sumbrero, ilalapat ang kanyang mukha rito upang takpan ang liwanag, at sisilipin ang bato. Ang liwanag mula sa bato ay kikinang sa kadiliman, magsisiwalat ng mga salita na idinidikta ni Joseph habang mabilis na kinokopya ito ni Oliver.[25]

Sa ilalim ng patnubay ng Panginoon, hindi na sinubukang isaling muli ni Joseph ang naiwala niya. Sa halip, siya at si Oliver ay nagpatuloy sa talaan. Inihayag ng Panginoon na si Satanas ay umakit ng masasamang tao upang kunin ang mga pahina, baguhin ang kanilang mga salita at gamitin ang mga ito upang magtanim ng pagdududa sa salin. Ngunit tiniyak ng Panginoon kay Joseph na binigyang-inspirasyon Niya ang mga propeta noong araw na maghandang isama sa mga lamina ang isa pang tala, na naglalaman ng mas buong ulat ng materyal na nawala.[26]

"Guguluhin ko ang mga yaong nagbago ng aking mga salita," sinabi ng Panginoon kay Joseph. "Aking ipakikita sa kanila na ang aking karunungan ay nakahihigit kaysa sa katusuhan ng diyablo."[27]

Ang pagiging tagasulat ni Joseph ay nagbigay-kagalakan kay Oliver. Araw-araw, nakinig siya habang idinidikta ng kanyang kaibigan ang masalimuot na kasaysayan

ng dalawang malalaking sibilisasyon, ang mga Nephita at Lamanita. Nalaman niya ang tungkol sa mabubuti at masasamang hari, mga taong nabihag at napalaya, mga sinaunang propeta na gumamit ng mga bato ng tagakita sa pagsasalin ng mga talaang nakuha sa kaparangang puno ng mga kalansay. Tulad ni Joseph, ang propetang iyon ay isang tagapaghayag at tagakita na biniyayaan ng mga kaloob at kapangyarihan ng Diyos.[28]

Ang tala ay nagpatunay nang paulit-ulit tungkol kay Jesucristo, at nakita ni Oliver kung paano pinamunuan ng mga propeta ang isang sinaunang simbahan at kung paano isinagawa ng mga ordinaryong lalaki at babae ang gawain ng Diyos.

Gayon pa man si Oliver ay marami pa ring tanong tungkol sa gawain ng Panginoon, at nanabik siya sa mga sagot. Humingi ng paghahayag si Joseph para sa kanya sa pamamagitan ng Urim at Tummim, at ang Panginoon ay tumugon. "Samakatwid, kung ikaw ay hihingi sa akin ay makatatanggap ka," pahayag Niya. "At kung ikaw ay magtatanong, malalaman mo ang mga dakila at kagila-gilalas na hiwaga."

Hinimok din ng Panginoon si Oliver na alalahanin ang patotoo na natanggap niya bago pumunta sa Harmony, na sinarili ni Oliver. "Hindi nga ba't Ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito? Ano pang mas higit na katibayan ang iyong matatamo kundi ang mula sa Diyos?" tanong ng Panginoon. "Kung sinabi ko sa iyo ang mga bagay na walang sinumang tao ang nakaaalam hindi nga ba't nakatanggap ka ng katibayan?"[29]

*Nagturo pa ang Panginoon kay Oliver tungkol sa paghahayag: "Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo."*

Nagulat si Oliver. Agad niyang sinabi kay Joseph ang tungkol sa kanyang lihim na panalangin at ang banal na patotoong natanggap niya. Walang maaaring makaalam tungkol dito maliban sa Diyos, sabi niya, at ngayon alam niya na ang gawain ay totoo.

Bumalik sila sa ginagawa, at si Oliver ay nagsimulang mag-isip kung pati siya ay maaaring makapagsalin.[30] Naniwala siya na ang Diyos ay nakagagawa sa pamamagitan ng mga instrumento tulad ng mga bato ng tagakita, at paminsan-minsan siyang gumagamit ng divining rod o banal na tungkod sa paghahanap ng tubig at mineral. Subalit siya ay hindi nakasisiguro kung ang kanyang tungkod ay gumagana sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Ang proseso ng paghahayag na ito ay isa pa ring misteryo sa kanya.[31]

Muling inilapit ni Joseph ang tanong ni Oliver sa Panginoon, at sinabi ng Panginoon kay Oliver na siya ay may kapangyarihan upang makakuha ng kaalaman kung siya ay hihiling nang may pananampalataya. Pinagtibay ng Panginoon na ang tungkod ni Oliver ay gumagana sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, gaya ng tungkod ni Aaron sa Lumang Tipan. Pagkatapos ay nagturo pa Siya kay Oliver tungkol sa paghahayag. "Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo," Kanyang ipinahayag. "Masdan, ito ang diwa ng paghahayag."

Sinabi rin Niya kay Oliver na maaari siyang magsalin ng tala na gaya ni Joseph hangga't siya ay nananampalataya. "Tandaan," sabi ng Panginoon, "kung walang pananampalataya ay wala kang magagawa."[32]

Matapos ang paghahayag, sabik na si Oliver na magsalin. Sinunod niya ang halimbawa ni Joseph, subalit nang hindi kaagad lumabas ang mga salita, siya ay nabigo at nalito.

Nakita ni Joseph ang paghihirap ng kanyang kaibigan at naawa. Nangailangan siya ng mahabang panahon upang maiayon ang kanyang puso at isipan sa gawain ng pagsasalin, subalit tila iniisip ni Oliver na mabilis niya itong matututuhan. Hindi sapat na may espirituwal na kaloob. Kailangan niyang linangin at pagyamanin ito nang ilang panahon para sa gawain ng Diyos.

Hindi nagtagal ay sumuko si Oliver sa pagsasalin at tinanong si Joseph kung bakit hindi siya nagtagumpay.

Tinanong ni Joseph ang Panginoon. "Inakala mo na aking ibibigay ito sa iyo, gayong wala kang inisip maliban sa ito ay itanong sa akin," sagot ng Panginoon. "Kailangan mong pagaralan ito sa iyong isipan; pagkatapos kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama."

Iniutos ng Panginoon kay Oliver na maging matiyaga. "Hindi kinakailangang ikaw ay magsalin ngayon," sabi Niya. "Ang gawain kung saan tinawag kang gumawa ay magsulat para sa aking tagapaglingkod na si Joseph." Ipinangako Niya kay Oliver ang ibang oportunidad na magsalin kalaunan, ngunit sa ngayon, siya ang tagasulat at si Joseph ang tagakita.[33] ■

Ang kumpletong listahan ng mga babasahing nabanggit ay makukuha sa English sa saints.lds.org.


Ang salitang *Paksa* sa mga tala ay nagpapahiwatig ng karagdagang impormasyon sa internet sa mgabanal.lds.org.

**MGA TALA**

1. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [9].
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 10:2 (Revelation, Spring 1829, at josephsmithpapers.org).
3. Tingnan sa Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [5]–[7].
4. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [8]–[9].
5. Doktrina at mga Tipan 3:1 (Revelation, July 1828, sa josephsmithpapers.org); Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [8]–[9]; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 10, sa *JSP,* H1:246 (banghay 2).
6. Doctrine and Covenants 3 (Revelation, July 1828, sa josephsmithpapers.org); Joseph Smith History, circa Summer 1832, [6], sa *JSP,* H1:16; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [8]–[9].
7. Lucy Mack Smith, History, 1845, 138; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [8]–[11].




8. Preface to Book of Mormon, circa Aug. 1829, sa *JSP,* D1:92–94; "Testamoney of Martin Harris," Set. 4, 1870, [4], Edward Stevenson Collection, Church History Library; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 8, [5]; Historical Introduction to Revelation, Mar. 1829 [DC 5], sa *JSP,* D1:14–16.
9. "Testamoney of Martin Harris," Set. 4, 1870, [4], Edward Stevenson Collection, Church History Library; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [9]; book 8, [5].
10. Doctrine and Covenants 5 (Revelation, Mar. 1829, sa josephsmithpapers.org).
11. Revelation, Mar. 1829 [DC 5], sa *JSP,* D1:17.
12. Isaac Hale, Affidavit, Mar. 20, 1834, sa "Mormonism," *Susquehanna Register, at Northern Pennsylvanian,* Mayo 1, 1834, [1]; "considered" sa orihinal ay pinalitan ng "consider."
13. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 8, [6]–[7].
14. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [11].
15. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [12]; "Mormonism," *Kansas City Daily Journal,* Hunyo 5, 1881, 1; Morris, "Conversion of Oliver Cowdery," 5–8.
16. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [12]; Knight, Reminiscences, 5; Doctrine and Covenants 4 (Revelation, Feb. 1829, sa josephsmithpapers.org); tingnan din sa Darowski, "Joseph Smith's Support at Home," 10–14.
17. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [12].
18. Oliver Cowdery to William W. Phelps, Set. 7, 1834, *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1834, 1:15.
19. Doktrina at mga Tipan 6 (Revelation, Apr. 1829–A, sa josephsmithpapers.org); Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [12]; book 8, [1].
20. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 15, sa *JSP,* H1:284 (banghay 2); Joseph Smith History, circa Summer 1832, [6], sa *JSP,* H1:16; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 8, [1]; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 6:22–23 (Revelation, Apr. 1829–A, sa josephsmithpapers.org).
21. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 8, [3]–[4]; Joseph Smith History, circa Summer 1832, [6], sa *JSP,* H1:16.
22. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 8, [4]; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 13, sa *JSP,* H1:276 (banghay 2); Agreement with Isaac Hale, Apr. 6, 1829, sa *JSP,* D1:28–34; Oliver Cowdery to William W. Phelps, Sept. 7, 1834, *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1834, 1:14.
23. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 18, sa *JSP,* H1:296 (banghay 2).
24. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 15, sa *JSP,* H1:284 (banghay 2); Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 8, [4]; Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 290. **Paksa:** Pang-araw-araw na Buhay ng Unang Henerasyon ng mga Banal sa mga Huling Araw
25. "Book of Mormon Translation," Gospel Topics, topics.lds.org; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 15, sa *JSP,* H1:284 (banghay 2); Oliver Cowdery to William W. Phelps, Sept. 7, 1834, *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1834, 1:14; Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 290; "Golden Bible," *Palmyra Freeman,* Ago. 11, 1829, [2]. **Paksa:** Pagsasalin ng Aklat ni Mormon
26. Doktrina at mga Tipan 10:45 (Revelation, Spring 1829, sa josephsmithpapers.org); 1 Nephi 9:5; Ang mga Salita ni Mormon 1; Doktrina at mga Tipan 3 (Revelation, July 1828, sa josephsmithpapers.org).
27. Doktrina at mga Tipan 10:42–43 (Revelation, Spring 1829, sa josephsmithpapers.org). **Paksa:** Ang Nawawalang Manuskrito ng Aklat ni Mormon
28. Oliver Cowdery to William W. Phelps, Set. 7, 1834, *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1834, 1:14; Mosias 8:16–18; tingnan din sa Omni 1:20; Mosias 8:8–13; 28:11–15, 20; Alma 37:21, 23; at Ether 3:24–28.
29. Doktrina at mga Tipan 6:5, 11, 22–24 (Revelation, Apr. 1829–A, sa josephsmithpapers.org).
30. Doktrina at mga Tipan 6:10–13 (Revelation, Apr. 1829–A, sa josephsmithpapers.org); Doktrina at mga Tipan 8:4–8 (Revelation, Apr. 1829–B, sa josephsmithpapers.org); Historical Introduction to Revelation, Apr. 1829–B [DC 8], sa *JSP,* D1:44–45; Revelation Book 1, 13, sa *JSP,* MRB:15.
31. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 8, [1]; Paul and Parks, *History of Wells, Vermont,* 81; Historical Introduction to Revelation, 1829–B [DC 8], sa *JSP,* D1:44–45; tingnan din sa Baugh, *Days Never to Be Forgotten;* Bushman, *Rough Stone Rolling,* 73; at Morris, "Oliver Cowdery's Vermont Years and the Origins of Mormonism," 106–29. **Paksa:** Mga Divining Rod
32. Doktrina at mga Tipan 6 (Revelation, Apr. 1829–A, sa josephsmithpapers.org); Doktrina at mga Tipan 8 (Revelation, Apr. 1829–B, sa josephsmithpapers.org); Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 13–14, sa *JSP,* H1:276–78 (banghay 2); tingnan din sa Book of Commandments 7:3; at Doktrina at mga Tipan 8:6–7.
33. Doktrina at mga Tipan 9 (Revelation, Apr. 1829–D, sa josephsmithpapers.org); Oliver Cowdery to William W. Phelps, Set. 7, 1834, *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1834, 1:14.



Ipinaliwanag ng anak ko na habang naglalakbay sa Wisconsin, nagkasakit nang malubha ang kanyang asawa. Ano ang gagawin niya sa kanyang mga anak habang inooperahan ang kanilang ina?

# MGA ESTRANGHERONG KAPAMILYA

Isang maghahatinggabi, tumawag ang anak kong si Garrett mula sa Eau Claire, Wisconsin, USA. Naglalakbay sila noon ng asawa niyang si Shelly at kanilang mga anak mula Alabama, kung saan nag-military training si Garrett, patungong Minot Air Force Base sa North Dakota. Ipinaliwanag niya na habang naglalakbay sila sa Wisconsin, nagkasakit nang malubha si Shelly. Nakakita sila ng ospital, at nakaiskedyul na operahan si Shelly sa apendisitis kinabukasan.

Bumili ako ng tiket para lumipad at puntahan sila, pero kinabukasan pa ako makakarating. Namroblema ang anak ko kung ano ang gagawin sa tatlong anak niya—na edad limang taon, isang taon, at tatlong linggo—habang inooperahan ang kanilang ina. Walang kilala sa lugar, nagpasiya siyang tawagan ang bishop sa Minot, kahit hindi pa sila magkakilala. Sinabi ng bishop sa Minot na tatawagan niya ang bishop sa Eau Claire.

Kinabukasan, kasama ang Relief Society president, nakipagkita ang bishop ng Eau Claire kay Garrett sa kanyang otel. Sinabi nila na ikalulugod nilang alagaan ang mga bata habang inooperahan si Shelly. Kalaunan ay sinabi ni Shelly na lubos siyang panatag na pabantayan sa dalawang estranghero—na kapamilya sa ebanghelyo—ang kanyang mga anak. Nang makarating ako sa Eau Claire, nagpapagaling na si Shelly at kasama na ulit nila ni Garrett ang mga apo ko. Nagpapasalamat kami sa tulong na natanggap namin sa oras ng pangangailangan.

Ilang linggo pagkaraan, nanood ako ng pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2016 kung kailan sinabi ni Pangulong M. Rusell Ballard, Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Saan kayo pupunta para mahanap ang detalyado at inspiradong estruktura ng organisasyon ng Simbahan kung saan kayo tinuturuan at sinusuportahan ng kalalakihan at kababaihan na talagang tapat sa paglilingkod sa Panginoon sa pamamagitan ng paglilingkod sa inyo at sa inyong pamilya?" ("Kanino Kami Magsisiparoon?" *Liahona,* Nob. 2016, 91).

Hindi ko mapigilang isipin ang nangyari sa Eau Claire. Isang pagpapapala hindi lamang ang maging miyembro ng Simbahan kundi ang maging miyembro ng isang pamilya sa ebanghelyo, kung saan maaari naming paglingkuran at pagpalain ang isa't isa saan man kami naroon. ■

**Jeff Messerly, Utah, USA**

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

# NARINIG NG AMA SA LANGIT ANG PANALANGIN KO

Nakatira pa rin kami sa aming sinilangang bayan, Argentina, nang sinimulan naming mag-asawa ang aming pamilya. Mga nagbabalik na misyonero kami at batid naming isang pagpapala na ikasal sa templo ng Panginoon. Nasasabik kaming tahakin ang daan pabalik sa Ama sa Langit.

Alam namin na kasama sa plano ng kaligtasan ang mga pagsubok, ngunit nagtitiwala kami na madaraig namin ang kahit ano sa pamamagitan ng pananampalataya at panalangin. Ngunit hindi namin inaasahan na ang mga pagsubok ay darating sa amin nang walang patid. Sunod-sunod na mga pagsubok ang tila umuulan sa amin.

Isang hapon ay nag-iisa ako, lubhang malungkot at humahagulgol dahil sa aming mga paghihirap. Hindi ko alam ang gagawin ko. Tuwing sinusubukan kong tumigil sa pag-iyak, lalo kong nararamdaman ang kalungkutan at panaghoy.

Naisip ko rin ang mga lalaki at babae na nagbahagi kung gaano kahalaga ang pagdarasal sa kanila sa panahon ng kagipitan. Mayroon akong patotoo sa panalangin, ngunit ang diwa at espiritu ko ay lubos na nahihirapan kung kaya't inisip ko kung kaya ko bang mahanap ang mga salitang sasambitin.

Lumuluha, lumuhod ako sa aking kama at buong puso, humiling ako sa Ama sa Langit ng kaalwaan at kapayapaan. Hindi ako humiling ng solusyon o kahit na mawala na sana ang pagsubok. Tanging kapayapaan ang hiniling ko.


Habang nananalangin ako, nakarinig ako ng katok sa pintuan ko sa harap ng bahay. Binuksan ko ito, na may luha pa sa mga mata ko, at nakita ko ang isang sister mula sa Relief Society. Sinabi niya sa akin na nagtatrabaho siya sa lugar na iyon at dumaan gamit ang kanyang motorsiklo. Ang nagawa ko lamang ay yakapin siya. Sinabi niya, "Hindi ko alam kung bakit, ngunit pakiramdam ko ay kailangan kong dumaan at dalawin ka."

Naupo kami sa mesa ko sa kusina at tinulungan niya akong kumalma. Matapos makipag-usap sa kanya nang ilang minuto, nagsimula kong maramdaman na hindi ako nag-iisa at narinig ng Ama sa Langit ang panalangin ko.

Isang pagpapala na makausap ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng panalangin. Nakinig Siya sa akin sa panahon ko ng kagipitan at ipinadala ang isa sa Kanyang mga anak upang tulungan ako. Nagpapasalamat ako na ang sister na ito ay narinig ang inspirasyon ng Espiritu at sinunod ito. ■


Raquel E. Pedraza de Brosio, Utah, USA

Mayroon akong patotoo ng panalangin, ngunit ang diwa at espiritu ko ay lubos na nahihirapan kung kaya't inisip ko kung kaya ko bang mahanap ang mga salitang sasambitin.



PAGLALARAWAN NI JOSHUA DENNIS

# ISANG LUMANG AKLAT NI MORMON






Sa isang talakayan namin, napansin ko ang isang lumang kopya ng Aklat ni Mormon sa istante ng mga libro. Bago kami umalis, sinulatan ni Frank ang lumang kopya ng Aklat ni Mormon at ibinigay niya ito sa akin bilang regalo sa pag-alis ko.

Ilang taon na ang nakararaan, nakatanggap ako ng voice mail sa telepono ko, "Ito po ba si Dan Hobbs na nakatira sa Idaho Falls at nanilbihan sa isang misyon sa Washington noong 1974? Si Tom Janaky po ito. Sa palagay ko ay kayo ang nagturo sa mommy at daddy ko."

Nagulat ako. Naglingkod ako sa Texas, USA, hindi sa Washington, ngunit nakikilala ko ang pangalan. Agad kong naisip ang aklat sa tokador ko—isang 1948 na edisyon ng Aklat ni Mormon. Binuklat ko ito sa isang sulat-kamay na mensahe sa pabalat nito: "Nawa'y sumaiyo ang Diyos. Pagpalain ka ng Diyos! Frank at Virginia Janaky, 1974." Biglang bumalik ang isipan ko sa nakalipas na 35 taon.

21 taong gulang ako noon at malapit nang matapos sa misyon ko sa Houston, Texas. Ako at ang kompanyon ko ay hindi masyadong naging matagumpay sa paghahanap ng matuturuan nang kumatok kami sa isang pintuan na binuksan ng isang lalaking mainit kaming tinanggap. Ipinakilala niya ang sarili bilang si Frank Janaky at ipinakilala kami sa kanyang asawa, si Virginia. Saglit kaming nakipag-usap sa kanila.

Sa mga sumunod na pagdalaw, itinuro namin sa kanila ang ebanghelyo. Hindi sila interesado na magpabinyag, ngunit palagi silang magiliw. Sa isang talakayan namin, napansin ko ang isang lumang kopya ng Aklat ni Mormon sa istante ng mga libro. Hindi ko maaalala kung paano ito napunta sa kanilang pag-iingat, ngunit naaalala ko na nabanggit ko kung gaano ang paghanga ko rito.

Ilang araw bago ako umuwi, dumalaw kami ng kompanyon ko upang magpaalam. Bago kami umalis, sinulatan ni Frank ang lumang kopya ng Aklat ni Mormon at ibinigay niya ito sa akin bilang regalo sa pag-alis ko. Hiniling niya na isulat ko sa Bibliya ng kanyang pamilya ang aking pangalan at tirahan. Iyon ang huling pagkakataong nakita ko ang mga Janaky, ngunit lagi kong pinahahalagahan ang kanilang regalo.

Tumugon ako sa voice mail noong gabing iyon. Muling tinanong ni Tom kung naglingkod ba ako sa isang misyon sa Washington noong 1974. Sinabi ko sa kanya na sa Texas ako nagmisyon at itinanong ko kung ang kanyang mga magulang ba ay sina Frank at Virginia.

Sinabi niya na lumipat ang kanyang mga magulang sa Washington mula sa Texas. Inakala niya na ang mga missionary na dumalaw sa kanyang mga magulang ay nasa Washington. Sinabi niya na natagpuan niya ang aking pangalan at tirahan sa Bibliya ng pamilya.

"Tumatawag po ako sa inyo upang ipaalam sa inyo na ako at ang kapatid kong lalaki ay kapwa nabinyagan na, isang dahilan ay dahil sa pagiging napakabuti ng mga missionary sa mga magulang ko," sabi niya. "Kinagiliwan nila nang husto ang lahat ng missionary na kumokontak sa kanila sa pagdaan ng mga taon."

Pagkatapos ay sinabi ni Tom na kapwa sila namayapa na.

"Ngunit ngayon ay tinatapos po namin ang gawain sa templo para sa kanila," sabi niya.

Nangingilid ang luha sa mga mata ko, pinasalamatan ko si Tom sa kanyang pagtawag.

Sa loob ng mga taon sa pakiramdam ko ay hindi naging masyadong matagumpay ang aking misyon. Minsan ay iniisip ko kung may buhay ba akong naantig habang naglilingkod. Ang pagtawag ni Tom ay isang mapagmahal na awa mula sa Panginoon. Nagpapasalamat ako sa aking misyon at sa maliit na papel na ginampanan ko sa pagdadala ng ebanghelyo sa pamilya Janaky. ■

Dan Hobbs, Idaho, USA

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

# ANG MGA PANALANGIN NG ISANG BAGONG INA

Bilang ina sa unang pagkakataon ng isang maliit at lumalaking batang lalaki, kung minsan nadarama kong ang buhay ko ay tila umiikot sa ilan pang mga bagay maliban sa pagpapalit ng mga diaper at iskedyul ng pagpapasuso.

Habang nag-aadjust sa pagiging ina, natuklasan kong binabalewala ko ang aking mga espirituwal na pangangailangan. Sa halip na basahin ang mga banal na kasulatan, karaniwan ay nagnanakaw ako ng kailangan kong pag-idlip o naglalaba. Ang mga panalangin ay mga madaliang pagsamo sa aking Ama sa Langit para makatulog ang anak ko at *manatiling* tulog, o para sa tulong na makaraos ako sa maghapon.

Noong mga apat na buwan na ang anak ko, natanto ko kung gaano na kahina ang aking espiritu. Nawawala na ang hangarin kong palakasin ang aking patotoo. Parang ayaw ko nang maupo nang tatlong oras sa simbahan, at tila wala akong lakas para sa iba pang mga responsibilidad sa tahanan at simbahan. Gusto kong madamang muli ang liwanag ng ebanghelyo, pero wala na akong lakas at hindi ko alam kung saan magsisimula. Isang gabi taimtim akong nagdasal para humingi ng tulong.

Kinabukasan, pinilit kong magpunta sa simbahan. Habang nakikinig sa lesson sa Relief Society, nakita ko ang isang poster na naglalarawan sa layunin ng Relief Society. Nakikita ko ang poster tuwing Linggo, pero noon ko lang natanto ang mensahe nito. Nakasaad doon na ang mga layunin ng Relief Society ay "pag-ibayuhin ang pananampalataya at sariling kabutihan, palakasin ang mga pamilya at tahanan, at hanapin at tulungan ang mga nangangailangan."

Muli ko itong binasa. Sa oras na ito nakatuon ang isipan ko sa "ibayong pananampalataya at sariling kabutihan." Naging malinaw na bago ko magampanan ang mga tungkulin ko sa Simbahan at mabisang mapaglingkuran ang iba, kailangan kong tulungan ang sarili kong espirituwal na kalusugan. Sinimulan ko sa paglalaan ng oras sa bawat araw para basahin ang mga banal na kasulatan. Sinikap ko ring maging mas maalalahanin kapag nagdarasal ako.

Nang simulan kong alagaan ang sarili kong pananampalataya at sariling kabutihan at hingin ang patnubay ng Ama sa Langit, nadama ko na muling nag-alab ang pagmamahal ko sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Ang paglilingkod sa mga calling o tungkulin, pagbisita sa aking mga kapatid sa Relief Society, at pakikibahagi ng sakramento bawat linggo ay naging makabuluhang muli sa aking buhay. At ang mga bagay na minsan kong itinuring na wala akong oras at lakas ay naging kapanatagan at lakas sa akin at sa aking pamilya. ■

Krystal Baker Chipman, Utah, USA

Natagpuan ko ang sarili ko na binabalewala ko ang aking mga espirituwal na pangangailangan. Sa halip na basahin ang mga banal na kasulatan, karaniwan ay nagnanakaw ako ng kailangan kong pag-idlip o naglalaba.



PAGLALARAWAN NI JOSHUA DENNIS

# Paano Natutuhan ni Eric Na Magtiwala sa Diyos

**Ni Richard M. Romney**
Mga Magasin ng Simbahan

**Alam ng young adult na ito mula sa Ghana na kapag tila wala nang pag-asa ang buhay, lagi kang makaaasa sa Ama sa Langit.**



Noong 3 taong gulang pa lamang ang 21-taong-gulang na si Eric Ayala ng Techiman, Ghana, siya at ang kanyang ina ay nasa gilid ng kalsada ng palengke nang isang kotse ang nawalan ng kontrol at bumangga sa kanila.

Ngayon ay isa nang paraplegic, naharap si Eric sa maraming pagsubok habang lumalaki siya nang hindi naikikilos ang mga binti. Kalaunan ay nakakuha siya ng mga braces para sa mga binti niya kung kaya't nagawa niyang tumayo, subalit nakalakhan niya ang mga ito at hindi nakayanang bumili ng mga kapalit. Binigyan siya ng maliit na wheelchair, ngunit nakalakhan niya rin ito. Lumiit ang kanyang mga binti, minsan ay nanginginig dahil sa mga pasma, at nawala ang porma ng kanyang mga paa.

Sa Ghana, ang mga may kapansanan ay kadalasang itinuturing na pabigat. May kaunting pera lamang ang pamilya ni Eric, hindi sapat upang tustusan ang pagpapagamot. Noong mga 10 taong gulang si Eric, nagkaroon siya ng mga sugat na dulot ng kakulangan ng paggalaw at sa pag-upo sa kahoy at semento. Nagnana ang mga sugat, palaging tumatagas, at sobrang baho nito.

Dahil dito, sa labas nakatira si Eric, sa isang bangko sa bukas na kubol. Ang



kanyang ina, si Lucy, at ang mga kapatid niyang babae ay dinadalhan siya ng pagkain, nilalabhan ang mga damit niya, at tinulungan siyang maligo. Madalas mabasa ng ulan si Eric at giniginaw sa gabi. Natuto siyang mahalin ng sikat ng araw sa umaga dahil nagdadala ito ng init. Sa labis na kahirapan para pumasok pa sa eskuwela at hindi makapagtrabaho, ginugol niya ang mga taon sa kubol na iyon, paminsan-minsang namamasyal sa paligid gamit ang kanyang wheelchair.

**Ang Simula ng Paniniwala**

Sa halip na mapuno ng galit, "Nagsimula akong mahalin at maniwala sa Diyos," sabi ni Eric. "Walang nagturo sa akin tungkol sa Kanya, subalit nakikita ko ang Kanyang mga nilikha, at nakita ko ang mabuti at masama sa mga tao. Kung minsan ay mahirap maniwala sa Kanya kapag mahirap ang buhay. Ngunit pagkatapos ay nakakakita ako ng mabuting bagay na dumarating sa buhay ko, at sasabihin ko, 'Kita mo na, ang Diyos *ay* naririto, at kahanga-hanga ito.'"



Hindi pormal na naturuang manalangin si Eric, ngunit nagsimula siyang tumawag sa Diyos. Tumanggap siya ng mga sagot—noong siya ay may sakit, isang di-inaasahang pagkakataon na magpatingin sa isang doktor; nang humiling siya na maginhawaan mula sa kanyang mga sugat, napawi ito; noong nakalakhan niya ang kanyang maliit na wheelchair, isang mabait na dayuhan ang nagbigay sa kanya ng mas malaki. "Maraming ginawang mabuti ang Diyos sa buhay ko," sabi niya.

Pagkatapos, sa tila isang himala, sa edad na 14, si Eric ay tinanggap sa paaralan. Ang kanyang ina, sa pamamagitan ng pagluluto para sa iba, ay nakapag-ipon ng sapat na pera para ibili siya ng uniporme at magbayad para sa mga aklat at matrikula. Sa paaralan, "Hindi ako makalabas at makapag-ehersisyo kasama ng iba," paliwanag niya, "kaya nanatili ako sa loob at nag-aral buong oras." Napamangha niya ang kanyang punong-guro sa pagtanggap ng pinakamataas na marka sa matematika, pagbabasa, at pagsusulat.

Isang madre mula sa ospital ang nagbigay ng bagong tráysikel na maaaring i-pedal ni Eric gamit ang kanyang mga kamay, na nagpadali sa kanyang pagpasok sa paaralan. Ngunit habang si Eric ay paroo't parito, muling nabuksan ang mga sugat niya. Nagbalik ang impeksyon, pati na ang malansang amoy habang tumatagas ang mga sugat. Nagreklamo ang mga estudyante tungkol sa mga langaw na palaging lumilipad sa paligid ni Eric. 17 taong gulang siya nang sinabihan siya ng punong-guro na umuwi at magpagaling, o hindi na siya makababalik sa paaralan.

May maliit na sakahan sa nayon ang ama ni Eric. Dinala niya ang kanyang pamilya para magtrabaho sa sakahan, subalit nanatili sa kanyang kubol si Eric, nag-iisa. Samantala, ang kanyang mga sugat ay lumaki at pumasok ang impeksyon sa kanyang mga buto, isang mapanganib na kondisyon na tinatawag na osteomyelitis.

### Pakikipag-usap sa isang *Obruni*

Noong siya ay 18 taong gulang, nakita ni Eric ang kaibigan niyang si Emmanuel Ofosu-hene na nakikipag-usap ng Ingles sa isang *obruni* (maputing lalake). Ang *obruni* ay isang Mormon missionary, si Elder Old. "Ang alam kong salita lamang ay Twi, ngunit nagsalin si Emmanuel para sa akin: 'Malubha ang sakit ko at sa palagay ko'y mamamatay ako. Matutulungan mo ba ako na malaman kung ano ang gagawin ko upang makaakyat sa langit?'

"Si Elder Old at ang kanyang kasamang African ay naupo sa tabi ko at tinuruan ako. Sa kung anong dahilan, nagsimula sila sa Word of Wisdom. Alam ko na sinasabi nila ang katotohanan dahil alam ko noon pa na ang kape at tabako ay nakasasama." Binigyan din nila si Eric ng polyeto tungkol sa pinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo at inimbitahan siya sa simbahan.

"Nang nagpunta ako, nakita ko na iba ang Simbahang ito," sabi niya. "Kapita-pitagan ito." Kahit na inaabot siya ng isang oras sa pagtulak sa sarili gamit ang kanyang wheelchair papuntang simbahan, nagustuhan ni Eric ang mga pulong. "Nais kong pumunta sa harapan at makasama ang mga tao," sabi niya. "Pero nanatili akong nasa likod dahil alam kong masama ang amoy ko."

Sinabi ni Eric sa mga missionary, "Ang natututuhan ko ay totoo." Sinabi rin niya sa kanila na gusto niyang magpabinyag, ngunit binalaan siya ng mga doktor na huwag hayaang mabasa ang kanyang mga sugat. "Ipagpapasa-Diyos ko ang mga sagot," sabi niya. Nakapagsimba siya sa loob ng isang taon at naging malubha ang kanyang sakit at walang lakas upang dalhin niya roon ang sarili.

Sa huli, muling dinala si Eric sa ospital. Sa Ghana, ang mga pasyente ay dapat magdala ng kanilang sariling tubig, pagkain, gamit-pantulog, gamot at benda. Kung wala silang pera, hindi sila gagamutin. Ginawa ng ina at mga kapatid ni Eric ang kanilang makakaya. Madalang na nakakatanggap ng pagkain at atensyong medikal si Eric, kung kaya't nanghina siya.

### Isang Di-Inaasahang Pagbisita

Pagkatapos ay tumanggap si Eric ng ilang di-inaasahang bisita. Ang mga missionary, sina Sister Peprah at Sister Nafuna, ay nakita ang kanyang larawan sa simbahan at pumunta upang dalawin siya sa ospital at magdala sa kanya ng pagkain. Isang taon na mula nang siya ay huling pumunta sa simbahan, ngunit sinabi niya sa kanila na gusto pa rin niyang magpabinyag.

Ilang araw pagkaraan nito, dumalaw ang kapatid na babae ni Eric sa kanya at nakita siya na malubha ang kalagayan. Tumakbo siyang pauwi at sinabihan ang kanilang ina. Bagama't ang kanilang ina ay nagdurusa sa permanenteng pinsala sa kanyang binti dahil sa aksidenteng kinasangkutan nila ni Eric, naglakad siya patungo sa ospital, ngumingiwi sa bawat

hakbang. "Kailangan mong umuwi,' sinabi niya kay Eric. "Kung ikaw ay mamamatay, gusto ko ay nasa malapit ka lamang."

Kinaumagahan, nagtungo sa bahay ang mga sister missionary. "Wala ka sa ospital," sabi ni Sister Peprah. "Kung kaya't nagtungo kami rito." Kasama nila sina Elder at Sister Wood, mga senior missionary mula sa New Zealand. Tiningnan nila ang mga kakailanganin at nangakong babalik.

Ilang araw kalaunan, dinala ng ama ni Eric ang pamilya pabalik sa bukirin—maliban kay Eric, na natagpuan ang kanyang sarili na mag-isang muli at walang pagkain o tubig. Nang bumalik sina Elder at Sister Wood at natuklasan si Eric na nag-iisa at nagugutom, dinalhan nila ito ng pagkain at tubig. Bumalik sila kinabukasan at napansin ang dumadaloy na likido sa kanyang binti at nakita ang isang malaking bukas na sugat na nagnanaknak sa kanyang hita. Agad nilang ibinalik si Eric sa ospital.

Nalaman ng mga Wood ang tungkol sa humanitarian medical team mula sa Estados Unidos na darating sa Ghana. Libreng ooperahan ng koponan si Eric. Ginamot ng surgeon o doktor ang sugat sa binti ni Eric. Ngunit nang makita niya ang tindi ng mga sugat ni Eric, pati na rin ang osteomyelitis, natanto niya na hindi niya kayang gawin ang lahat ng kinakailangang panggagamot sa Ghana. Batay sa kanyang mga rekomendasyon, nagpasimula ang organisasyong humanitarian ng isang proseso na kalaunan ay maghahatid kay Eric sa Estados Unidos upang tumanggap ng karagdagang paggamot at tuluyang isara ang kanyang mga sugat. Bukod pa rito, isang kanlungan sa Winneba, Ghana, na pinangangasiwaan ng mga miyembro ng Simbahan, ang pumayag na patirahin doon si Eric kapag bumalik siya upang makapasok sa paaralan at tapusin ang kanyang pag-aaral.

**Naglaan ang Panginoon**

Si Elder Wood, isang inhinyero ang propesyon, ay muling inayos ang hand-pedal na tráysikel ni Eric. Isinagawa rin niya ang kaparehong pagkumpuni sa kanyang wheelchair. Nakipagsangguni rin siya kay President Cosgrace ng Ghana Kumasi Mission, isang doktor sa medisina. Nadama nilang maaaring mabinyagan si Eric kung wastong pag-iingat ay gagawin.

"Binalot ni Elder Wood ang katawan ko sa plastic, may tape na bumabalot sa plastik" paliwanag ni Eric. "Pagkatapos ay binuhat niya ako sa isang baptismal font na puno ng tubig na nilagyan ng pandisimpekta. Bininyagan ako noong Hunyo 26, 2016." Umasa si Eric sa Panginoon, at nagbigay ng daan ang Panginoon. ■



# Ngunit Paano Kung Magmintis Ako?

**Ang takot ko na mabigo ang humadlang sa akin na linangin ang mga talento ko at maghanap ng mga pagkakataong umunlad.**

**Ni Sarah Keenan**
Mga Magasin ng Simbahan

Noong anim na taong gulang ako, ako at ang ate ko ay isinama ng tatay ko para maglaro ng basketball. Iyon ang unang pagkakataon kong maglaro sa totoong gym. Mabigat sa pakiramdam ang bola ng basketball sa maliliit kong kamay at ang hoop—kahit na sa pinakamababang pagkakalagay niyon—ay tila sobrang taas.

"Huwag kang mag-alala, ihagis mo lang ang bola," sabi ng tatay ko.

Tumingin ako sa tatay ko. "Ngunit paano kung magmintis ako?" tanong ko.

Mahigit dalawang dekada pagkatapos, hindi ko na maalala kung pumasok ang bola o hindi. Ngunit naaalala ko ang takot na nadama ko: "Paano kung magmintis ako? Paano kung ang pinakamainam kong pagsusumikap ay hindi sapat? Ano ang gagawin ko kung mabigo ako?"

## Natatakot na Mabigo

Ang parehong takot na ito na mabigo ay bumagabag sa akin buong buhay ko. Sa matagal na panahon, naging likas na mahusay ako sa mga aktibidad na nagtakip sa takot na iyon. Ngunit nagpapakita pa rin ito sa maliliit na paraan. Hindi ako sumusubok sa anumang isport hanggang alam kong magaling ako rito. Iniwasan ko ang mga klase sa eskuwelahan na hindi umaayon sa mga kalakasan ko. Kapag sumusubok ako ng mga bagong aktibidad na hindi agad ako nagtatagumpay, ang solusyon ko ay agad na huminto at lumipat sa ibang mas sanay ako.

Pagkatapos ay nagmisyon ako. Sa unang pagkakataon, napilitan akong sumuong sa kapaligiran kung saan ang mga kahinaan ko ay halatang-halata at hindi ako basta na lamang makaaatras. Nahirapan akong magpasimula ng mga pakikipag-usap. Nahirapan akong magturo gamit ang isang bagong wika. Naharap ako sa mga pagtanggi nang maraming beses sa isang araw. Malimit akong nabibigo—sumusubok at nagmimintis—at may mga araw na pinag-iisipan kong sundin ang karaniwan kong ginagawa kapag nabibigo: sumuko at umuwi.

## Problema sa Pagsasalin

Noong panahong ito, nakatanggap ako ng kailangang-kailangang inspirasyon at pagwawasto mula sa kuwento ni Oliver Cowdery noong sinusubukan niyang isalin ang mga lamina. Matapos ang ilang linggong pagsusulat para kay Joseph



Smith, nagsimulang mag-isip si Oliver kung maaari rin siyang magsalin ng mga lamina.

Tinanong ni Joseph ang Panginoon at tumanggap ng tugon na papayagan si Oliver na magsalin. Subalit, nagbigay rin ng ilang babala ang Panginoon kay Oliver, dalawa sa mga ito ay "maging mapagtiis" at "huwag matakot" (D at T 6:19, 34).

Ang pagsasalin ay hindi kasing-simple ng iniisip ni Oliver. Nang ang mga salita ay hindi agad maapuhap, nanlumo siya at hindi nagtagal ay sumuko.

## Pagpapalampas sa mga Oportunidad

Habang pinag-aaralan ko ang kuwento, natanto ko na ang suliranin ni Oliver ay kapareho ng sa akin. Inasahan niyang magiging magaling siya agad sa pagsasalin, at nang naging malinaw na hindi siya agad magtatagumpay—na ilang ulit siyang mabibigo habang nalilinang niya ang kaloob na ito—bumalik siya sa pagsusulat, isang bagay na komportable siyang gawin. Ang mga babala ng Panginoon ay tumpak: hindi naging matiyaga sa kanyang sarili o sa Diyos si Oliver, at natakot siya. Kung kaya't binawi sa kanya ng Panginoon ang oportunidad (tingnan sa D at T 9:3).

Napagtanto ko kung gaano kadalas akong pinigilan ng takot kong mabigo. Masyado akong natakot na "magmintis" na hindi ko man lang sila sinubukan o sumusuko matapos ang ilang pagtatangka. Sa pag-iwas ko sa kabiguan, nalampasan ko ang mga oportunidad para magtagumpay sa hinaharap. Hindi ako naging matiyaga sa aking sarili o sa Diyos, at natakot ako.

Ang kuwento ni Oliver Cowdery ay nagbigay din sa akin ng pag-asa. Bagama't sinabi ng Panginoon kay Oliver na hindi siya makapagsasalin noon, ipinangako rin Niya, "May iba pa akong mga talaan, na aking ibibigay sa iyo ang kapangyarihan upang ikaw ay makatulong na magsalin" (D at T 9:2). Ang pagkakataon ni Oliver na magsalin ay hindi nawala, naudlot lamang. Gayundin, ang mga oportunidad na nalampasan ko ay hindi nawala. Magbibigay ng higit pang pagkakataon ang Panginoon, kung ako ay handang maging matiyaga at hindi hahayaan ang takot na mabigo na hadlangan akong sumubok.

## Walang Dapat Ikatakot

Kinailangan kong labanan ang takot na mabigo. Kahit na alangan pa rin akong makipag-usap sa mga estranghero o magturo sa banyagang wika, humusay ako sa mga ito. Ang mga kasanayang ito ay nakatulong sa buhay ko, kahit na pagkatapos ng misyon ko.

May mga panahon pa ring nag-aalinlangan akong sumubok ng bago o gumawa ng bagay na hindi ako mahusay. Ngunit natutuhan kong maging mas matiyaga. Natutuhan kong patuloy na sumubok at huwag matakot na magmintis. ■

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

BAGO KA

# HIRANGING





# MAGLINGKOD

*Paano ba ang maglingkod sa isang misyon?*

**Ni Ryan Carr**
Mga Magasin ng Simbahan

Naisip mo na bang maglingkod sa isang misyon? Kung oo, marahil ay napasa-isip mo kung paano nga ba iyon. Narito ang iyong pagkakataon na magtanong sa mga full-time missionary (hindi mga tunay na missionary, ngunit ang mga sagot ay pangkaraniwan):

**IKAW:** "Hello, mga elder. Ano nga ba ang pangkaraniwang araw ninyo?"
**MGA FULL-TIME MISSIONARY:** "Maaga kaming gumigising—6:30 ng umaga. Sa susunod na dalawang oras, pinag-aaralan namin ang ebanghelyo at ang wika ng aming misyon. Nirerepaso namin ang aming mga layunin para sa linggong iyon at pinaplano ang aming araw. Nag-iisip din kami ng mga back up na plano kung ang mga tao ay hindi makakadalo sa kanilang tipanan. Pagkatapos ay lumalabas na kami, at nagtatrabaho kami buong araw, naghahanap ng mga taong tuturuan, iniuugnay ang gawain sa mga miyembro, at nagtatakda ng mga pagtuturo."

**IKAW:** "Nadama na ba ninyo ang pangungulila sa tahanan?"
**MGA FULL-TIME MISSIONARY:** "Oo, lalo na sa simula ng aming mga misyon. Ngunit makakapagpadala kami ng email sa aming mga pamilya at makakapagbasa ng mga email mula sa kanila minsan sa isang linggo. Nalaman namin na ang pinakamainam na paraan upang malabanan ang pangungulila ay ang pagtutok sa aming gawain."

**IKAW:** "Ano ang nararamdaman ninyo sa pakikipag-usap sa mga estranghero?"
**MGA FULL-TIME MISSIONARY:** "Talagang kinakabahan kami noong una kaming dumating dito, ngunit masasanay ka rin dahil araw-araw mo itong ginagawa. Alam namin na hindi lahat na aming makikilala ay nanaising marinig ang aming mensahe, ngunit ang ilan ay interesado, kung kaya't dapat kaming handang magsalita anumang oras. Nakatutuwa naman talagang makipagkilala sa mga tao at makilala pa sila."

**IKAW:** "Mahirap bang magturo ng ebanghelyo?"
**MGA FULL-TIME MISSIONARY:** "Oo, ang pagiging magaling dito ay nangangailangan ng pagsasanay, ngunit nagkaroon kami ng mahusay na pagsasanay sa missionary training center. Sinisikap naming ituro ang mga aralin sa paraang tutugon sa mga pangangailangan at sinasagot ang mga katanungan ng mga taong tinuturuan namin. Pinag-aaralan namin ang ebanghelyo araw-araw upang maituro namin ito nang mabuti. Ang pinakamahalaga, nadarama namin ang patnubay ng


Espiritu. Ang maitalaga bilang misyonero ay nakatutulong din."


**IKAW:** "Mahirap na gawain ba ang magmisyon?"
**MGA FULL-TIME MISSIONARY:** "Oo, nagtatrabaho kami ng 70 oras kada linggo, ngunit kasiya-siya ito. Siyempre nalulungkot kami kapag ang mga tao ay hindi umuunlad tulad ng inaasahan namin, ngunit sa pangkalahatan, isang pagpapala na maging instrumento sa kamay ng Panginoon na tulungan ang mga tao na espirituwal na umunlad. Sinisika;p naming magturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo dahil batid naming tanging ang Espiritu ang makatutulong sa mga tao na magkaroon ng mga patotoo at magbagong-loob."

**IKAW:** "Paano kung hindi ako sigurado na mayroon akong patotoo?"
**MGA FULL-TIME MISSIONARY:** "Ayos lang iyon—patuloy na manalangin at magbasa ng mga banal na kasulatan! Pumunta sa simbahan at sa seminary. Magpunta sa templo kapag kaya mo. Umasa sa Panginoon at sa Kanyang mga aral. Mas maraming pagkakataong madama mo ang Espiritu, mas magiging malakas ang iyong patotoo. Sanaying ibahagi ang iyong mga paniniwala sa family home evening. Basahin ang Aklat ni Mormon. Makatutulong ito sa iyo na ituro ang ebanghelyo."

**IKAW:** "Paano ka naghanda para sa iyong misyon?"
**MGA FULL-TIME MISSIONARY:** "Inabot ito ng maraming taon. Pinag-aralan namin ang mga banal na kasulatan, lalo na ang Aklat ni Mormon. Nagtrabaho at nag-ipon kami ng pera. Ngunit sana binasa namin ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* at dumalo sa mga klase ng mission-preparation nang mas madalas. Sana natuto rin kaming magluto!"

**IKAW:** "Sa tingin ba ninyo ay maaari akong maging missionary?"







**MGA FULL-TIME MISSIONARY:** "Oo naman! May 70,000 mga missionary sa buong mundo. At nagsisimula ang lahat ng ito sa pagnanais: 'Samakatwid, kung ikaw ay may mga naising maglingkod sa Diyos ikaw ay tinatawag sa gawain' (D at T 4:3). Ngunit mangangailangan din ito ng ilang paghahanda—kailangan mong maghanda hindi lamang sa espirituwal kundi maging sa pinansiyal, pisikal, at sosyal din."

**IKAW:** "Ano pa ang makatutulong sa aking makapaghanda?"
**MGA FULL-TIME MISSIONARY:** "Gawing mithiin na ipamuhay ang ebanghelyo at sundin ang mga kautusan sa abot ng iyong makakaya. Makatutulong ito upang mapalakas ang iyong patotoo at makatutulong sa iyo na maging karapat-dapat sa Espiritu. Kapag isa kang missionary, nanaisin mong magpatotoo sa mga tao *mula sa mga personal na karanasan* na totoo ang ebanghelyo. Kung kaya't maglaan na ngayon ng oras upang mas matutuhan pa ang tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo at ipamuhay ang mga alituntuning iyon sa iyong buhay."

**MGA FULL-TIME MISSIONARY:** "Iminumungkahi rin namin na basahin mo ang mga katanungan sa mga sumusunod na pahina. Ang mga ito ang itatanong sa iyo ng iyong bishop o branch president habang sinasagutan mo ang iyong missionary form. Ang malaman ngayon ang mga tanong na ito ay makatutulong sa iyong maghanda. Talakayin ito sa iyong mga magulang at mga lider ng Simbahan. Maraming katanungan, ngunit huwag mataranta —hindi naman sa kailangan mong mag-ulat bukas sa missionary training center! Magbigay ng sapat na panahon na kailangan mo upang maghanda nang sa gayon kapag dumating na ang unang araw ng iyong pagmimisyon, ikaw ay karapat-dapat, nasasabik, at handang maglingkod." ■

# MGA TANONG SA INTERBYU





**KAPAG PINILI MONG MAGMISYON, NANAISIN** mo at ng mga lider ng Simbahan na maging masaya at nakapagbibigay-inspirasyon ang banal na panahong ito. Taglay sa isipan ang mithiing ito, mahalaga para sa iyo na maging handa, karapat-dapat, at may kakayahang maglingkod. Para matulungan kang maghanda, narito ang mga itatanong sa iyo ng iyong bishop o branch president upang malaman kung gaano ka kahanda. Maaari mo itong talakayin anumang oras sa kanya at sa iyong mga magulang o mga lider ng Simbahan.

## PAGIGING KARAPAT-DAPAT AT PATOTOO

**1.** May pananampalataya at patotoo ka ba sa Diyos Amang Walang Hanggan, sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo?

**PATOTOO:** "Subalit masdan, kung kayo ay gigising at pupukawin ang inyong kaisipan, maging sa isang pagsubok sa aking mga salita, at gagamit ng kahit bahagyang pananampalataya, oo, kahit na wala kayong higit na nais kundi ang maniwala, hayaan na ang pagnanais na ito ay umiral sa inyo, maging hanggang sa kayo ay maniwala sa isang pamamaraan na kayo ay magbibigay-puwang para sa isang bahagi ng aking mga salita" (Alma 32:27).

**2.** May patotoo ka ba na si Jesucristo ang Bugtong na Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig? Mangyaring ibahagi sa akin ang iyong patotoo. Paano nakaimpluwensiya ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa buhay mo?

**3.** Ano ang ibig sabihin sa iyo ng magsisi? Nadarama mo bang ganap mo nang napagsisihan ang mga naging kasalanan mo noon?

**PAGSISISI:** "Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon" (D at T 58:42–43).

**4.** Maaari mo bang ibahagi sa akin ang iyong patotoo na ang ebanghelyo at ang Simbahan ni Jesucristo ay naipanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith at na si Pangulong Russell M. Nelson ay isang propeta ng Diyos?

**5.** May patotoo ka ba sa katotohanan ng Aklat ni Mormon?

**6.** Ang paglilingkod bilang full-time missionary ay nangangailangan ng pagsasabuhay ng mga pamantayan ng ebanghelyo. Ano ang pagkaunawa mo sa sumusunod na mga pamantayan?

**a. Ang batas ng kalinisang-puri**
Tungkol sa batas ng kalinisang-puri, palagi ka bang namumuhay alinsunod sa kung ano ang tinalakay? Kung hindi, gaano na katagal mula nang nangyari ang (mga) paglabag? Ano ang ginawa mo para magsisi?

**BATAS NG KALINISANG-PURI:** "Ang kalinisang-puri ay seksuwal na kadalisayan, isang katangiang 'kasiya-siya sa Diyos' (Jacob 2:7). Para maging malinis ang puri, dapat kayong maging malinis sa inyong iniisip, sinasabi, at ginagawa. Hindi kayo dapat magkaroon ng anumang relasyong seksuwal bago kayo magpakasal nang legal" (Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo [2004], 52.

**b. Pag-iwas sa pornograpiya**

**PAG-IWAS SA PORNOGRAPIYA:** Ipinaliwanag ni Pangulong Dallin H. Oaks ng Unang Panguluhan na ang pagkakalantad sa pornograpiya ay sumasaklaw mula sa di-sinasadyang pagkakalantad hanggang sa di-mapigilang paggamit, o adiksyon. Ang kaalaman sa antas ng pagkakasangkot ng isang tao ay nakatutulong sa kanya na makahanap ng angkop na solusyon. Dagdagan ang kaalaman sa pagbasa ng "Paghulagpos mula sa Bitag ng Pornograpiya," Liahona, Okt. 2015, 50–55; at overcomingpornography.org.

**c. Ang batas ng ikapu**

**d. Ang Word of Wisdom,** kasama na ang paggamit ng droga o ang pag-aabuso sa mga iniresetang gamot

**e. Pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath**

**f. Pagiging tapat sa lahat ng iyong sinasabi at ginagawa**

Namuhay ka ba alinsunod sa lahat ng pamantayang ito? Namumuhay ka ba ngayon alinsunod sa mga ito? Magagawa mo bang mabuhay alinsunod sa mga ito bilang full-time missionary?

## KAKAYAHAN AT KARAPATANG MAHIRANG SA TUNGKULIN

**7.** May mga legal na kaso bang nakasampa laban sa iyo?

**8.** Nakagawa ka na ba ng isang mabigat na paglabag sa batas, inaresto ka man o hindi, nasintensyahan, o binura sa talaan?

**9.** Nagawa mo bang seksuwal na abusuhin ang isang bata sa anumang paraan, kinasuhan ka man o hindi, nasintensyahan, o binura sa talaan?

**10.** Nakagawa ka ba ng iba pang seryosong pagkakamali o kalokohan na dapat maayos bago ka magmisyon?

**11.** Ikaw ba ay sumusuporta, umaanib, o sumasang-ayon sa anumang grupo o tao na ang mga turo o gawain ay salungat o hindi naaayon sa mga pinaniniwalaan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw?

**12.** Mayroon ka bang hindi pa nababayarang mga utang? Paano mababayaran ang mga utang na ito bago ka magmisyon o pamamahalaan ito habang naglilingkod ka sa misyon?

**13.** Sa kasalukuyan ba ay mayroon ka o nagkaroon ng anumang pisikal, mental, o emosyonal na kundisyon na magpapahirap sa iyo na panatilihin ang normal na iskedyul ng missionary, na hihilinging magtrabaho ka ng 12-15 oras bawat araw, kasama na ang pag-aaral ng 2-4 oras bawat araw, maglalakad o magbibisikleta ng hanggang 8-10 oras bawat araw, at iba pa?

**14.** Nasuri ka ba o tumanggap ng panggagamot para sa dyslexia o iba pang kapansanan sa pagbabasa? Kung oo, komportable ka bang basahin nang malakas ang mga banal na kasulatan at iba pang mga dokumento? Naniniwala ka ba na maisasaulo mo ang mga angkop na mga banal na kasulatan at iba pang mga impormasyon sa tulong ng iyong companion? Sa paanong mga paraan mo ngayon pinupunan ang iyong kapansanan?

**15.** Nasuri ka ba o tumanggap ng panggagamot para sa kapansanan sa pagsasalita? Kung oo, komportable ka bang magsalita sa harapan ng ibang tao? Nararamdaman mo ba na may sapat na mga kakayahan ka na makakatulong sa iyong matuto, magturo, at makipag-ugnayan?

**16.** May iniinom ka bang gamot o kaya ay ginagamot para sa alinman sa mga sumusunod na kundisyon: attention deficit disorder (ADD), attention deficit hyperactivity disorder (ADHD), pagkabalisa, depresyon, obsessive compulsive disorder (OCD), o autism spectrum disorder (kabilang ang Asperger's)? Kung oo, ipaliwanag.

**17.** Kung ginagamot ka para sa isa sa mga kundisyong ito at huminto sa pagpapagamot, ginawa mo ba ito ayon sa payo ng doktor? Kung hindi, bakit ka tumigil? Gaano kaayos ang kundisyon mo nang hindi nagpapagamot o walang medisina? Kailan ka huling uminom ng gamot para sa mga kundisyong ito? ■

Maghanap ng mga video at iba pang mga sanggunian tungkol sa paghahanda para sa misyon sa **lds.org/go/81850.**

Maraming kondisyon ang kayang malampasan tungkol sa pagiging karapat-dapat at sa kalusugan na makahahadlang sa iyo na makapaglingod nang matagumpay na misyon. Hingin ang tulong na kailangan mo. Kung may problema ka pa rin sa kalusugan sa panahong handa ka nang maglingkod, ipaalam ito sa iyong bishop o branch president. Tutulutan nito ang Simbahan na bigyang-kunsiderasyon ang iyong sitwasyon bago ka italaga sa isang misyon. Halimbawa, tingnan ang kuwento ni Sister Fletcher kasunod ang mga tanong na ito.

# MAKAPAGLILINGKOD BA AKO DOON?

ni Erika Fletcher

Mula sa mga unang barya na inilagay ko sa aking alkansyang pang-misyon, alam ko na gusto kong maglingkod. Nakapag-ipon na ako ng pera sa loob ng 12 taon nang dumating ang anunsiyo na makapaglilingkod na ang mga kababaihan sa edad na 19 na taon. Bagama't hindi ako sigurado kung ito na ang tamang panahon para sa akin, tinugon ng Panginoon ang mga panalangin ko, at nagkaroon ako ng inspirasyon na simulan ang mga papeles ko para sa misyon.

Nais kong maging tama para sa akin ang pagkakahirang sa akin sa misyon at alam ko na ang pagiging tapat sa mga lider ko sa Simbahan, lalo na tungkol sa aking kalusugan, ang tanging paraan upang mapanatag ako. May epilepsy ako, isang kondisyon na nagdudulot ng hindi mahulaang pangingisay. Mabuti na lang, ganap na nakokontrol ng mga gamot ang kondisyon ko. Gayunpaman, posible na ang pagdepende ko rito ay magbigay ng limitasyon kung saan ako maaatasang maglingkod.

Isipin na lang ang pagkagulat ko nang tawagin akong maglingkod sa Dominican Republic Santo Domingo East Mission! Subalit may problema: nalaman ko na walang mabibilhan ng gamot ko sa Dominican Republic. Naguluhan ako. Bakit bibigyang-inspirasyon ng Panginoon ang mga lider ng Simbahan na ipadala ako sa isang lugar kung saan wala ang aking gamot?

Nanalangin ako at ang pamilya ko para malaman ang sagot dito. Nadama ko ang malakas na pagpapatibay na talagang nais ng Panginoong maglingkod ako sa Dominican Republic, kung kaya't nagsimula kaming maghanda. Binigyan ako ng doktor ko ng reseta para sa 18 buwan, ngunit babayaran lamang ng aming insurance ang halaga ng gamot para sa isang taon, kung kaya't kailangan naming bayaran ang para sa huling 6 na buwan. Habang kumikilos kami nang may pananampalataya, nakahanap kami kalaunan ng abot-kayang pagpipilian.

Nang italaga ako bilang missionary, binasbasan ako ng aking stake president na hindi ako maaapektuhan ng kundisyon ko habang nasa misyon ako—isang pangako na mapatototohanan kong natupad. Bagama't nabatak ako sa aking pisikal na limitasyon, alam ko na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, nagawa kong magpunyagi sa mga hamong nakaharap ko bago at habang nasa misyon ako. ■



***Sa kabila ng pagkakaroon ng epilepsy, si Sister Fletcher (kaliwa) ay nagawang maglingkod sa isang misyon (nasa larawan kasama ang kanyang companion at mission president at asawa nito).***

LARAWAN NG PAPEL MULA SA GETTY IMAGES

# 5 BAGAY *na Ituturo sa Iyo* NG DOKTRINA AT MGA TIPAN

**Ni Charlotte Larcabal**
Mga Magasin ng Simbahan

Kung naghahanda ka para sa isang misyon o naghahanap lamang ng mga paraan para kausapin ang iyong mga kaibigan tungkol sa mga paniniwala mo, may gabay na makabuluhan na maaari mo itong tawaging isa pang manwal na pang-missionary.

Ito ang Doktrina at mga Tipan. Matatagpuan natin doon ang mga bagong hayag at magagandang doktrina tungkol sa mga walang hanggang pamilya, kung ano ang mangyayari kapag pumanaw tayo, at kung paano dapat organisahin ang Simbahan ni Jesucristo. Ngunit nakakatagpo rin tayo—nang paulit-ulit—ng mga kautusan na ibahagi ang ebanghelyo. Sa katunayan, sa dami ng mga pangako at pangaral na ibinibigay nito sa mga missionary, maituturing mo ang aklat na ito ng banal na kasulatan bilang gabay sa pagbabahagi ng ebanghelyo.

Halimbawa, narito ang limang kagila-gilalas na katotohanan na maaari mong matutuhan tungkol sa gawaing misyonero sa pamamagitan lamang ng pagbabasa ng Doktrina at mga Tipan.



## 1

### Hindi mo kailangang mag-alala kung saan ka man mapunta.

**D at T 80:3**: "Dahil dito, magsihayo kayo at ipangaral ang aking ebanghelyo, maging sa hilaga o sa timog, sa silangan o sa kanluran, hindi ito mahalaga, sapagkat kayo ay hindi maaaring malihis."

"Hindi ako naniniwalang ang pariralang 'hindi ito mahalaga,' gaya ng pagkakagamit ng Panginoon sa banal na kasulatang ito ay nagsasabing hindi Siya nag-aalala kung saan man maglilingkod ang Kanyang mga tagapaglingkod. Katunayan, lubos Siyang nag-aalala. . . . Siya ay nagbibigay ng inspirasyon, gumagabay, at pinapatnubayan ang Kanyang mga awtorisadong tagapaglingkod. Kapag nagsisikap ang mga missionary na maging mas marapat at may kakayahang kasangkapan sa Kanyang mga kamay at ginagawa ang lahat ng kanilang makakaya para matapat na matupad ang kanilang mga tungkulin, kung ganoon, sa tulong Niya ay 'hindi [sila] maaaring malihis'—saanman sila naglilingkod."[1]

—Elder David A. Bednar

## 2

### Pahalagahan ang mga banal na kasulatan, at malalaman mo kung ano ang sasabihin.

**D at T 84:85:** "Papagyamanin sa inyong mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay, at ibibigay ito sa inyo sa oras na iyon yaong bahagi na nararapat ipagkaloob sa bawat tao."

"Habang inyong pinapahalagahan ang mga salita ng mga banal na kasulatan at mga propeta sa mga huling araw sa pamamagitan ng pag-aaral at pananampalataya, ang hangarin ninyong ibahagi ang ebanghelyo ay madaragdagan. Pinangakuan kayo na tutulungan kayo ng Espiritu na malaman ang inyong sasabihin kapag kayo ay nagtuturo."[2]

*—Mangaral ng Aking Ebanghelyo*

# tungkol sa Pagiging Missionary

## 3

### Nasa lahat ng dako ang mga taong naghahanap ng ebanghelyo.

**D at T 123:12:** "Sapagkat marami pa sa mundo sa lahat ng pangkat, grupo, at sekta, na binubulag ng pandaraya ng mga tao, kung saan sila ay naghihintay upang manlinlang, at na napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan."

"Nasa buong paligid ninyo, bawat araw, ang mga kaibigan at kapwa-tao na 'napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan.' Habang ginagabayan kayo ng Espiritu, makapagbabahagi kayo ng mensahe, paanyaya, text o tweet na magiging daan para malaman ng mga kaibigan ninyo ang mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo."[3]

**—Elder David A. Bednar**

## 4

### Manalangin nang mabuti upang makapag-turo nang mabuti.

**D at T 42:14:** "At ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo."

"Dapat lumuhod ang mga misyonero at magsumamo sa Panginoon na kalagan ang kanilang mga dila at magsalita sa pamamagitan nito para mapagpala ang mga taong tuturuan nila. Sa gayon, bagong liwanag ang darating sa kanilang buhay. Sisigla sila sa gawain. Malalaman nila na sila'y tunay na mga lingkod ng Panginoon na nagsasalita para sa Kanya. Makakakita sila ng kakaibang pagtugon sa mga tinuturuan nila."[4]

**—Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008)**

## 5

### Magpapatotoo ang Espiritu Santo sa mga kinakausap mo.

**D at T 100:7–8:** "Subalit isang kautusan ang ibinibigay ko sa inyo, na kayo ay magpahayag ng anumang bagay na inyong ipahahayag sa pangalan ko, sa kataimtiman ng puso, sa diwa ng kaamuan, sa lahat ng bagay. At ibinibigay ko sa inyo ang pangakong ito, na yayamang ginagawa ninyo ito ang Espiritu Santo ay ibubuhos sa pagpapatotoo sa lahat ng bagay anuman ang inyong sasabihin."

"[Malamang na] kumikilos ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng Liwanag ni Cristo. Ang guro ng mga katotohanan ng ebanghelyo ay hindi nagtatanim ng isang bagay na kakaiba o bago sa isang matanda o bata. Sa halip, ang misyonero o guro ay nakikipag-ugnayan sa Espiritu ni Cristo na naroroon na. Ang ebanghelyo ay magiging pamilyar na sa kanila."[5]

**—Pangulong Boyd K. Packer (1924—2015)**

### Magtakda ng Mithiin

Simula pa lamang ito. Habang pinag-aaralan mo ang Doktrina at mga Tipan ngayong taong ito, magtakda ng mithiin na matutuhan ang lahat ng makakaya mo tungkol sa gawaing misyonero. Pagkatapos ay gawin mo ang lahat upang simulang isabuhay ang ilan sa mga turong iyon. Tandaan: "Kung ikaw ay may mga naising maglingkod sa Diyos ikaw ay tinatawag sa gawain; sapagkat masdan ang bukid ay puti na upang anihin" (D at T 4:3–4). ■

**MGA TALA**

1. David A. Bednar, "Tinawag sa Gawain," *Liahona,* Mayo 2017, 68.
2. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 21.
3. David A. Bednar, "Tinawag sa Gawain," 70.
4. Gordon B. Hinckley, "Missionary Service", *First Worldwide Leadership Training Meeting,* Ene. 11, 2003, 20.
5. Boyd K. Packer, "The Light of Christ: What Everyone Called to Preach the Gospel, Teach the Gospel, or Live the Gospel Should Know" (mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 22, 2004), 2, Church History Library, Salt Lake City.

# 6 NA DAHILAN Kung Bakit *Talagang* Kailangan Natin ang SIMBAHAN!



**Nina Eric B. Murdock at Joshua J. Perkey**
Mga Magasin ng Simbahan

Narinig mo na bang may nagtanong kung bakit may simbahan tayo? O kaya naman ay kung bakit natin kailangan ito? Bakit hindi na lang ang sarili nila ang maging espirituwal—magtungo sa mga bundok o sa dalampasigan o ibang espesyal na lugar at mapalapit sa Diyos—at tawagin itong mabuti?

Talagang totoo na maaari kang mapalapit sa Diyos nasaan ka man (sa katunayan, isa talaga itong magandang ideya!), ngunit ang Ama sa Langit ay may nakalaan na *mas higit pa* para sa iyo kaysa sa pangkaraniwang espirituwalidad. Nais Niyang maging pinakamabuti ka sa abot ng makakayanan mo. Sa katunayan, nais Niyang manahin mo ang lahat ng mayroon Siya at magtamo ng buhay na walang hanggan. At mayroon Siyang plano at isang organisasyon upang magawa mo ito. Ang plano ng kaligtasan ang plano, at Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang organisasyon—"ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo" (D at T 1:30).

Narito ang anim na dahilan kung bakit talagang kailangan natin ang Simbahan.

## 1. Upang Matuto at Makilahok sa Ebanghelyo ni Jesucristo

Isa sa mga biyaya ng pagiging miyembro ng Simbahan ay maaari nating matutuhan ang kabuuan ng ebanghelyo (tingnan sa D at T 1:17–23). Kung tayo ay may tapat na hangaring matuto, at kung tayo ay mapagpakumbaba, madasalin, masigasig, at masunurin, maaari tayong magkaroon ng patotoo at magkaroon ng pag-asa sa Pagkabuhay na Mag-uli at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Sa pamamagitan ng mga lider ng Simbahan at mga materyal ng Simbahan, nalalaman din natin ang iba pang mahahalagang doktrina, kabilang na ang Panunumbalik ng ebanghelyo, ang paghirang ng mga propeta ngayon, at ang tunay na katangian ng Panguluhang Diyos. Ang pamumuhay alinsunod sa tunay na doktrina ay nagdudulot sa atin ng kagalakan at kaligayahan.

## 2. Upang Makatanggap ng Mahahalagang Ordenansa at Tipan

Ang gawain ng Ama sa Langit ay "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Ngunit maaaring malimutan natin kung minsan na ang Kanyang gawain ay nangangailangan din ng ilang pagsisikap mula sa atin! Nagiging karapat-dapat tayo sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ordenansa at tipan ng ebanghelyo. Sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson na: "Hindi maaaring *pangarapin* lang natin na makapasok sa kinaroroonan ng Diyos. Dapat nating sundin ang mga batas kung saan nakasalalay ang mga pagpapalang iyon [tingnan sa D at T 130:20–21]."[1]

Ang mga banal na ordenansa na ating nilalahukan at ang lahat ng tipan na ating ginagawa ay mahalaga upang makabalik tayo sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit at mabuhay kasama Niya. Kinakailangan ng mga ordenansa at tipang iyon ang priesthood—na matatagpuan lamang sa totoong Simbahan ng Diyos. Kung wala ang mga ordenansang iyon, maliligaw tayo ng landas.

Mayroon tayong Simbahan para tayo ay maliwanagan at maipaalam ang katotohanan. Binigyan ako nito ng kaalamang kailangan kong malaman—ang kaalaman tungkol sa plano ng kaligtasan.

***Nicholas M., Ohio, USA***

Sa pamamagitan ng Simbahan ay maaari tayong tumanggap ng mga ordenansa, gumawa ng mga tipan, at mabuklod sa ating pamilya magpakailanman. Ito ang organisasyon ng Ama sa Langit sa mundong ito na may kapangyarihan at awtoridad ng priesthood. Upang turuan ang mga tao ng katotohanan ng ebanghelyo at lumapit kay Cristo at ihanda ang mga tao para sa kadakilaan.

***Shantelle M., Australia***

## 3. Upang Magtulungan ang Bawat Isa sa Pagtahak Natin ng Landas

Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang isang pangunahing dahilan kung bakit may simbahan ang Panginoon ay upang lumikha ng isang komunidad ng mga Banal na susuportahan ang isa't isa sa 'makipot at makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan' [2 Nephi 31:18]."[2]

Sa simbahan, maaari nating linangin ang maarugang ugnayan sa ibang tao. Maaari nating tulungan ang bawat isa sa mahihirap na sandali habang tayo ay umaakay, gumagabay, at sumasabay sa paglakad ng bawat isa (tingnan sa "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189; Mga Taga Efeso 2:19). Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Lahat tayo ay mga anak ng Diyos, at dapat nating turuan ang isa't isa; dapat nating tulungan ang bawat isa na 'mahanap ang tamang daan.'"[3] Ang Simbahan ang pinakamainam na lugar para gawin iyon!

Mayroon tayong Simbahan para makalikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga miyembro ay maaaring magtipon at tulungan ang bawat isa na matuto at umunlad. Narito ang Simbahan upang tulungan ang mga miyembro na maging higit na katulad ni Cristo sa pamamagitan ng paghikayat sa lahat na tumulong sa iba at pagaanin ang mga pasanin ng ating mga minamahal at itinatangi. Lumilikha rin ito ng isang ligtas na lugar kung saan naisasabuhay ng mga tao ang kanilang mga paniniwala.

***Jeremy P., Illinois, USA***

Sa pamamagitan ng Simbahan maaari akong magkaroon ng walang-hanggang pamilya, kasama ang aking mga magulang, kapatid, at balang araw ay sarili kong pamilya.

*Wilford P., São Paulo, Brazil*

## 4. Upang Tulungan ang mga Pamilya na Maging Karapat-dapat para sa Buhay na Walang Hanggan

Isa pang malaking dahilan kung bakit may Simbahan tayo ay upang tulungan ang mga pamilya na maging karapat-dapat para sa buhay na walang hanggan. Ang nagbubuklod na ordenansa sa templo ang nagtutulot sa mga pamilya na magsama nang walang hanggan. Para mangyari iyan, kailangan nating mamuhay nang karapat-dapat upang matanggap ang mga pagpapalang iyon. Tinutulungan ng Simbahan ang mga pamilya na tulungan ang isa't isa na gawin iyon.

Ayon sa turo ni Elder Christofferson, "Ang layunin ng pagtuturo ng ebanghelyo at mga ordenansa ng priesthood na pinangangasiwaan ng Simbahan ay ang gawing karapat-dapat sa buhay na walang hanggan ang mga pamilya."[4] Sa gayon, tumutulong ang Simbahan sa atin na maging marapat sa mga tipang ito—at tumutulong sa atin na suportahan ang isa't isa habang daan.

Tumutulong sa atin ang Simbahan na ipalaganap ang pagmamahal at ang ebanghelyo sa buong mundo at magdala ng liwanag sa isang mundong nasa moral na kadiliman.

*Kenzi B., Washington, USA*

## 5. Upang Mapagpala ang Lahat ng Tao sa Buong Daigdig

Sinabi ni Elder Christofferson na habang nagtutulungan tayo sa loob ng Simbahan, nagagawa ng Ama sa Langit na "magtamo ng kinakailangang bagay na hindi magagawa ng mga indibiduwal o [mas] maliliit na grupo."[5]

Alam ba ninyo na taun-taon sa nakalipas na 30 taon, ang Simbahan ay nakapagbigay ng US$ 40 milyong halaga ng donasyon sa welfare at humanitarian aid at mga proyektong pangserbisyo-publiko? Ang magandang-loob na mga donasyon at boluntaryong serbisyo na ibinibigay ng mga miyembro ng Simbahan ay nagsasagawa ng mga bagay na hindi maaaring gawin sa ibang paraan.

Sa pamamagitan ng ating bukod-tanging programang pangmisyonero, naibabahagi ng mga missionary sa mga tao sa buong mundo ang liwanag ng ebanghelyo. Halos 105,000 missionary (kabilang na ang mga young adult at matatanda) ang naglilingkod. Wow! Mas maraming tao iyon kaysa sa populasyon ng ilang lunsod!

At dahil sa mapagkawanggawang donasyon ng mga miyembro, may mapagkukunang pondo ang Simbahan para makapagtayo ng mga templo sa iba't ibang panig ng mundo. Noong Abril 2018, may 182 templo ang ginagamit na, kasalukuyang itinatayo o inihayag [na itatayo pa lang].

Sa pamamagitan ng Simbahan ay maaari nating tahakin ang landas tungo sa kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan kung saan makapamumuhay tayo kasama ang ating Ama sa Langit at ang ating pamilya magpakailanman.

*Emma W., New Hampshire, USA*



Tinutulungan tayo ng Simbahan na pangalagaan ang mga organisasyon, turo, at lumikha ng support system para sa mga miyembro. Sa pagtatatag ng isang simbahan, tinitiyak ng Panginoon na naituturo ang mga tamang doktrina. Nagbibigay ang Simbahan sa mga miyembro ng mga paghahayag, pamantayan, at patnubay na tumutulong sa ating mamuhay ayon sa nais ni Jesucristo.

*Rachel F., Arizona, USA*

## 6. Upang Itatag ang Kaharian ng Diyos sa Lupa

Isa sa mga pinakamahalagang dahilan kung bakit ang Diyos ay nagtatag ng isang simbahan ay dahil ito ang kaharian ng Diyos dito sa lupa (tingnan sa D at T 65). Iginawad ng Panginoon kay Joseph Smith at sa lahat ng propeta at apostol na sumunod sa kanya ang mga susi ng priesthood. Itinuro ni Elder Christofferson, "Sa awtoridad ng mga susing ito, iniingatan ng mga priesthood leader ng Simbahan ang kadalisayan ng doktrina ng Tagapagligtas at ang integridad ng Kanyang nakapagliligtas na mga ordenansa."[6]

Sa pamamagitan ng mga lider ng Simbahan, mapangangasiwaan ng Panginoon ang Kanyang gawain at makapaglilingkod sa Kanyang mga anak. Kapag wala ang ganitong pamumuno, lahat ng uri ng mga maling ideya at turo ay magbabanta na akayin tayo sa madilim at ipinagbabawal na mga landas. Sa madaling salita, upang matulungan tayong malaman kung paano makamit ang buhay na walang hanggan, kailangan natin ang proteksyong ibinibigay ng tunay na tinawag at inordeng mga propeta at apostol. Nangyayari lamang iyan sa Kanyang Simbahan. ■

Sa pamamagitan ng Simbahan, maisasagawa ang mga bagay na hindi magagawa sa pamamagitan ng mga indibidwal.


*Emma W., Utah, USA*

Tinutulungan tayo ng Simbahan dahil alam ng Ama sa Langit na magulo ngayon ang panahon. Alam Niya na kailangan natin ng isang propeta dito sa mundo na gagabay sa atin. Kilala Niya tayo.

*Matthew P., New Hampshire, USA*

**MGA TALA**


1. Russell M. Nelson, "Ngayon ang Panahon Para Maghanda," Abr. 2005 pangkalahatang kumperensya.
2. D. Todd Christofferson, "Bakit Kailangan ang Simbahan," Okt. 2015 pangkalahatang kumperesiya.
3. Jeffrey R. Holland, "Pagtuturo at Pag-aaral sa Simbahan," *Ensign,* Hunyo 2007, 90.
4. D. Todd Christofferson, "Bakit Kailangan ang Simbahan."
5. D. Todd Christofferson, "Bakit Kailangan ang Simbahan."
6. D. Todd Christofferson, "Bakit Kailangan ang Simbahan."



# Anong mga aktibidad ang dapat kong gawin sa libreng oras ko para maging mas kapaki-pakinabang ito?

*"Binanggit ni Alma ang tungkol sa mga prayoridad nang ituro niya na "ang buhay na ito ay naging isang pagsubok na kalagayan; isang panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos" (Alma 12:24). Ang pinakamainam na paggamit ng mahalagang kaloob na oras upang maghandang humarap sa Diyos ay maaaring mangailangan ng patnubay, ngunit tiyak na uunahin natin ang Panginoon at ang ating pamilya."*


Elder Ian S. Ardern ng Pitumpu, "Isang Panahon upang Maghanda," Okt. 2011 pangkalahatang kumperensya.



### Magsikap na Makatapos ng Isang Gawain

Gumawa ng bagay na may halaga. Minsan ay sinasayang ko ang oras ko sa paggawa ng mga bagay na walang halaga, tulad ng pagbababad sa internet sa loob ng dalawang oras, at kalauna'y pinagsisisihan ko ito. Maaari mong subukang maglinang ng bagong talento, gawin ang Personal Progress o Duty to God, turuan ang kapatid o kaibigan mo sa mga aralin, magtanim sa hardin, magsulat ng kuwento o magligpit ng gamit—walang katapusan ang mga posibilidad. Ang patakarang isinasabuhay ko ay tiyaking ginagamit ko ang libreng oras ko na laging nakatutulong sa akin na magsikap makatapos ng isang gawain.


*Kimberly A., edad 19, Alaska, USA*



### Maging Ikaw na Nais Mo

May isang mensahe sa aking sala na nagsasabing, "Itanong sa iyong sarili kung ang ginagawa mo ngayon ay inilalapit ka sa gusto mong maging ikaw bukas." Pag-isipan ang klase ng tao na nais mong maging ikaw at ang mga mithiin na mayroon ka. Piliin mong gawin ang mga bagay na makatutulong sa iyong makamit ang mga mithiing ito. Gawin ang mga bagay na makapagpapanatili ng Espiritu sa iyo at nakaayon sa mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.

*Amy P., edad 16, Kentucky, USA*



### Umawit o Makinig ng mga Himno


Ang aktibidad na pinakagusto kong gawin sa aking libreng oras ay ang pag-awit ng mga himno. Nilalayon ko na kabisaduhin ang maraming himno ng Simbahan na kaya ko. Karaniwang nagda-download ako ng ilang himno na nais kong matutuhan upang mapakinggan ko ang mga ito anumang oras na may libreng pagkakataon ako.

***Justice O., edad 16, Orlu, Nigeria***

### Pag-aralan ang Aklat ni Mormon

Ginagawa kong mas makabuluhan at mas may halaga ang aking libreng oras sa pamamagitan ng pag-aaral ng Aklat ni Mormon. Ito ang saligang-bato ng ating relihiyon at, sa salita ni Propetang Joseph Smith, tayo ay "malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat" (pambungad sa Aklat ni Mormon).

***Lynne T., edad 18, Accra, Ghana***



### Magtakda ng mga Mithiin

Una mong kailangang pag-isipan ang tungkol sa nais mong maging ikaw sa loob ng ilang taon. Pagkatapos ay maaari ka nang magpasya kung ano ang dapat mong gawin ngayon sa libreng oras mo upang makamit ang mithiing ito. Sa pagtatapos ng bawat araw, iniisip ko ang tungkol sa mga mithiin ko at gumagawa ako ng iskedyul kung ano ang gagawin ko kinabukasan sa libreng oras ko.

***Elder Agostinelli, edad 20, Chile Santiago West Mission***

### Pag-aralan ang Doktrina

Isang mahusay na paraan ng paggamit ng libreng oras mo ay pag-aralan ang doktrina ng Panginoon. Kung titingnan nang may walang-hanggang pananaw, ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan, artikulo sa magasin ng Simbahan, at iba pang nakasisiglang mga materyal ay makatutulong sa inyo nang higit sa iba pang mga aktibidad.

***Josh C., edad 13, Tennessee, USA***

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

## Kung alam ng Diyos ang bawat desisyong gagawin natin, ano pa ang halaga ng ating kalayaan?

Ang tanong na ito ay nakatuliro sa maraming tao sa loob ng maraming siglo. Ang paraan ng pagsagot natin dito ay ayon sa dalawang pangunahin at inihayag na mga katotohanan:

**Alam ng Diyos ang lahat.** Ang pananaw ng Diyos ay hindi natatakdaan ng panahon (tingnan sa D at T 38:2) Dagdag pa rito, mayroon Siyang walang-hanggang personal na karanasan sa atin bago pa tayo pumarito sa mundong ito, kung kaya't alam Niya ang mga hilig at katangian ng bawat isa sa atin nang higit pa sa pagkakaalam natin.

**May kalayaan tayo.** Tayo ay matatalinong nilalang, mga anak ng Diyos, na nagmamahal sa atin at siyang bumuo ng plano na magtutulot sa atin na maging katulad Niya—*kung* pipiliin nating sumunod sa Kanya (tingnan sa D at T 93:27–32; Abraham 3:21–25). Ang kalayaan ay nangangahulugang makakikilos tayo para sa ating sarili at hindi pinakikilos (2 Nephi 2:14, 16, 27).

Ang lubos na pagkakakilala ng Diyos sa ating pagkatao at ang Kanyang kaalaman noon pa sa mga pagpiling gagawin natin ay hindi *magiging sanhi* para gawin natin ang mga pasiyang iyon. Kapwa dahil kilala Niya tayo at dahil tayo ay may kalayaan, Kanya tayong inaanyayahan at hinihikayat—ngunit hindi tayo pinipilit—na gumawa ng mabuti at maniwala kay Jesucristo (tingnan sa Moroni 7:16–17).

LARAWAN © LISOVOY – STOCK.ADOBE.COM

***Ano Ba ang Nasa Isip Mo?***

"Paano ko ba mas makakasundo ang aking pamilya?"

Isumite ang iyong sagot at, kung nais mo, maglakip ng isang high-resolution na retrato bago sumapit ang Setyembre 15, 2018, sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit an Article or Feedback").

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin ito.

# TALAGA BANG *nais* NG DIYOS NA MANGUSAP SA INYO? OO!

PANGULONG RUSSELL M. NELSON
MULA SA "PAGHAHAYAG PARA SA SIMBAHAN, PAGHAHAYAG PARA SA ATING BUHAY,"
PANGKALAHATANG KUMPERENSYA NG ABR. 2018

# Anim na Paraan para Laging Maalala ang Tagapagligtas

**Ni Elder Gerrit W. Gong**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Bawat linggo, sa pagtanggap ng sakramento, nakikipagtipan tayo na laging alalahanin ang Tagapagligtas. Mula sa halos 400 reperensya sa banal na kasulatan sa salitang *alalahanin,* narito ang anim na paraan na lagi natin Siyang maaalala.

Una, lagi natin Siyang maaalala kapag nagtiwala tayo sa Kanyang mga tipan, pangako, at pagtiyak.

Pangalawa, lagi natin Siyang maaalala kapag pinasasalamatan at kinikilala natin ang Kanyang impluwensya sa ating buhay.

Pangatlo, lagi natin Siyang maaalala kapag nagtitiwala tayo sa pagtiyak ng Panginoon na "Siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito" (D at T 58:42).

Pang-apat, inaanyayahan Niya tayong alalahanin na lagi Niya tayong malugod na tatanggapin.

Panglima, lagi natin Siyang maaalala sa araw ng Sabbath sa pamamagitan ng sakramento. Sa pagtatapos ng Kanyang ministeryo sa lupa at pagsisimula ng Kanyang ministeryo nang Siya'y mabuhay na Mag-uli—sa dalawang pagkakataong ito—kumuha ng tinapay at alak ang ating Tagapagligtas at hiniling Niyang alalahanin natin ang Kanyang katawan at dugo.

Sa ordenansa ng sakramento, pinatototohanan natin sa Diyos Ama na handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ng Kanyang Anak at lagi Siyang alalahanin at sundin ang Kanyang mga kautusan, na ibinigay Niya sa atin, nang sa tuwina ay mapasaatin ang Kanyang Espiritu upang makasama natin (tingnan sa Moroni 4:3; 5:2; D at T 20:77, 79).

Ang huli at pang-anim, inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na lagi Siyang alalahanin tulad ng pag-alaala Niya sa atin.

Ipinahayag ng ating Tagapagligtas: "Oo, [sila'y] makalilimot, nguni't hindi kita kalilimutan.

"Narito aking inanyuan ka sa mga palad ng aking mga kamay" (Isaias 49:15–16; tingnan din sa 1 Nephi 21:15–16).

Pinatotohanan Niya: "Ako ang siyang itinaas. Ako si Jesus na ipinako sa krus. Ako ang Anak ng Diyos" (D at T 45:52).

Mapagpakumbaba kong pinatotohanan at idinadalangin na lagi natin Siyang aalalahanin—sa lahat ng oras, sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan man tayo naroroon (tingnan sa Mosias 18:9). ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2016.*





*Isinilang sa*
**Redwood City, California.**



*Sinang-ayunan sa*
**Korum ng Labindalawang Apostol**
*noong Marso 31, 2018.*

*May 4 na anak at 3 apo.*





*Matapos hikayatin ng isang coach, sinubukan niyang sumali sa school*
**football team**
*at gustung-gusto niya iyon!*

*Pinakasalan si Susan Lindsay sa*
**Salt Lake Temple**
*noong Enero 1980.*



*Naglingkod bilang assistant sa U.S. Department sa Washington, D.C., noong 1986.*



*Naglingkod bilang missionary sa Taiwan Taipei Mission.*

MGA PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES, STRINGERPHOTO8 – STOCK.ADOBE.COM, AT ANDREW ROBERTS

# Lagi Akong Makapagdarasal



## Mga Tanong tungkol sa Pagdarasal

Lagyan ng tsek ang lahat ng sagot na sang-ayon ka. Magdagdag ng iyong sariling kasagutan. Pagkatapos ay ibahagi mo sa iba ang iyong nalalaman tungkol sa pagdarasal.

**1. Bakit nais ng Ama sa Langit na magdasal ka?**

- ☐ Dahil ako ay Kanyang anak, at nais Niyang may marinig mula sa akin
- ☐ Dahil nais Niya akong tulungan

______________________________

______________________________

**2. Kailan ka nagdarasal?**

- ☐ Tuwing gabi at umaga
- ☐ Kapag natatakot ako
- ☐ Kapag kailangan kong gumawa ng pagpili

______________________________

______________________________

**3. Saan ka nagdarasal?**

- ☐ Sa silid ko
- ☐ Sa labas sa ilalim ng mga bituin

______________________________

______________________________

**4. Tungkol saan ang ipinagdarasal mo?**

- ☐ Suliranin na mayroon ako
- ☐ Ang nangyari sa araw na iyon

______________________________

______________________________

**5. Paano mo naririnig ang mga tugon ng Ama sa Langit?**

- ☐ Kapag nagbabasa ako ng mga banal na kasulatan
- ☐ Kapag nakadarama ako ng kapayapaan

______________________________

______________________________

## ANG AKING PRAYER JOURNAL



- Isulat kung ano ang iyong inaalala o kinakailangang tulong.
- Makipag-usap sa Ama sa Langit sa panalangin.
- Matapos kang magdasal, tahimik na makinig sa Espiritu Santo.
- Sa linggong iyon, patuloy na magbantay at makinig para sa mga kasagutan.
- Isulat ang mga tugon na natanggap mo.

### Prayer REMINDER Card



"Ang una, sa pagitan, at ang huling bagay na dapat gawin ay ang manalangin."

**—Pangulong Henry B. Eyring**

### Prayer REMINDER Card




"Makikilala natin ang Panginoon at magtitiwala tayo sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin."

**—Sister Bonnie H. Cordon**

“*Manalangin; naririnig n’ya. S’ya’y ’yong Ama; mahal ka N’yang tunay*” (Aklat ng mga Awit Pambata, *6*).





MGA PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

## LAGI AKONG NAGDARASAL

*Nagdarasal ako kapag*
*masaya ako.*
*Nagdarasal ako kapag*
*malungkot ako.*
*Nagdarasal ako kapag*
*natatakot ako*
*At kapag galit na galit ako.*

*Anuman ang nadarama ko,*
*Kumakalinga ang Ama*
*sa Langit.*
*Araw ko ma’y masama*
*o mabuti,*
*Lagi akong nagdarasal.*

Ni Teresa Weaver




# Hi! Ang pangalan ko ay Steffani!

**Sinisikap kong paliwanagin ang aking ilaw sa pamamagitan ng pagbabahagi ng aking patotoo.**



**Isang Magandang Isla**
Nakatira ako sa Sri Lanka. Isa itong magandang bansang isla na malapit sa dulong timog ng India. Mayroon kaming tropikal na kagubatan, isang asul na dagat, at sinaunang mga labi ng kasaysayan. Mahal ko ang bansa ko!

**Mga Kaibigan Mula sa Lahat ng Dako**
Ang paaralan ko ay may mga mag-aaral mula sa maraming bansa. Ang ilan ay Kristiyano, Muslim, Hindu at Buddhist. Lahat kami ay mababait at magigiliw sa bawat isa.

LARAWAN NG MGA LABI SA SRI LANKA MULA SA GETTY IMAGES

# Isang Nagliliwanag na Patotoo



**1 . Isang Nakatatakot na Paanyaya**

Isang araw nagkaroon ng espesyal na pagtitipon ang mga Kristiyanong mag-aaral. Inanyayahan kaming ibahagi ang aming mga patotoo. Napuno ng katahimikan ang silid. Walang umakyat sa entablado. Lahat ay takot na takot! Napakamahiyain ko, kung kaya't gayon din ang naramdaman ko.

**2. "Pumunta ka na roon, Bilis"**

Pagkatapos, may init na humaplos sa akin, at nadama ko ang Espiritu Santo na nagsabi sa akin ng, "Pumunta ka na roon, bilis." Nagsambit ako ng mabilis na panalangin sa puso ko. Naglakad ako patungo sa entablado na puno ng tila mga paru-parong lumilipad sa tiyan ko dahil sa kaba.



**3. Pagbabahagi ng Aking Patotoo**

Sinabi ko sa mga kaklase ko na mahal tayo ng Ama sa Langit at nais Niyang madalas na makipag-usap tayo sa Kanya. Ibinahagi ko ang aking mga karanasan sa panalangin. Sinabi ko na alam kong palaging nakikinig sa akin ang Ama sa Langit at nais akong tulungan. Natutuwa ako't nagkaroon ako ng lakas ng loob na ibahagi ang aking patotoo. Nadama ko na parang naging nagliliwanag na ilaw ako sa isang tahimik na silid.

**4. Humayo at Gawin**

Ang paborito kong kuwento sa banal na kasulatan ay nasa Aklat ni Mormon, kung saan sinabi ni Nephi na siya ay hahayo at gagawin ang iniuutos ng Panginoon. Nawa'y lagi akong magkaroon ng lakas ng loob na gawin ang kinakailangan na ipinagagawa sa akin ng Ama sa Langit.



**PADALHAN KAMI NG ISANG BITUIN!**

Hiniling sa atin ni Jesus na "dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao" (Mateo 5:16). Paano mo pinagliliwanag ang iyong ilaw? I-email sa amin ang larawan ng iyong bituin lakip ang iyong kuwento, retrato, at pahintulot ng magulang sa liahona@ldschurch.org.



# Ang Pangakong HINDI NA MAG-AAWAY

**Ni Myrna Hoyt**

Batay sa tunay na buhay

*"Kinuha nila ang kanilang mga espada, at lahat ng sandatang ginagamit . . . , at ibinaon nila ang mga ito nang malalim sa lupa" (Alma 24:17).*

Maganda ang araw na ito. Darating ang pinsan ni Timmy na si Madi. At mananatili siya rito sa loob ng isang linggo! Hindi na siya makapaghintay pa na ipakita sa kanya ang mga laruan niya at makipaglaro sa kanya.

Pagdating ni Madi, agad na nagsimula ang mga abentura. Sa loob ng unang dalawang araw, naglaro sila ng mga laruang dinosaur at nagkunwaring mga pirata. Napakasaya talaga. Ngunit noong ikatlong araw, hindi naging maganda ang lahat. Walang mapagkasunduan sina Timmy at Madi sa *anumang bagay.*

"Punta tayo sa labas at gawing spaceship ang treehouse!" Sabi ni Timmy.

"Ayoko nga. Dito na lang tayo sa loob at magdrowing," sabi ni Madi.

"Nakakabagot sa loob!"

"Hindi ah! Lagi nating nilalaro ang mga gusto *mong* laro. Bakit ikaw ang laging namimili ng gagawin natin?"

Patuloy na nagtalo sina Timmy at Madi. Hindi na sila nasisiyahan. Hindi gusto ni Timmy ang nadarama niya tuwing nag-aaway sila. Pagkatapos ay naisip niya ang isang bagay.

"Hoy, Madi," sabi ng Timmy, "magkunwari tayong mga Anti-Nephi-Lehies."

"Sino?"

MGA PAGLALARAWAN NI DANI JONES



"Ang mga Anti-Nephi-Lehies. Sila yung mga tao sa Aklat ni Mormon na ibinaon sa lupa ang mga espada nila. Ang dami nilang naging labanan, at humingi sila ng tawad, kaya nagsisi sila. Ipinangako nila sa Ama sa Langit na hindi na sila muling makikipaglaban. Pagkatapos ay ibinaon nila ang kanilang mga sandata sa lupa para ipakita na gusto nilang tuparin ang kanilang pangako."

Biglang may ideyang pumasok sa isip ni Timmy. "Gawa tayo ng mga laruang espada at ibaon natin sila sa lupa at mangako tayo na hindi na tayo mag-aaway."

"OK," sabi ni Madi.

Kumuha sina Timmy at Madi ng ilang plastik na ginagawang laruan mula sa silid ni Timmy at gumawa ng iba't ibang uri ng espada mula sa mga ito. Ang iba ay mahahaba. Ang iba ay maiikli. At ang ilan ay may iba't ibang kulay. Nang matapos sila, dinala nina Timmy at Madi ang kanilang mga sandata sa malaking alpombra sa may pasukan.

"Kunwari ang alpombra ay malaking butas," sabi ni Timmy.

Umupo sila sa may gilid ng alpombra. Pagkatapos ay paisa-isa, inilagay nila ang bawat isa sa kanilang mga espada sa alpombra, kunwari ay ibinabaon ang mga ito.

"Ipinapangako ko na hindi na ako makikipag-away pa," sabi ni Timmy, habang inilalagay ang kanyang huling laruang espada sa tumpok.

"Ako rin," sabi ni Madi. "Tara laro na tayo! Ano ang gusto mong gawin?"

"Magdrowing tayo," nakangiting sinabi ni Timmy.

Nginitian din siya ni Madi. "Tapos laro tayo ng spaceship sa labas."

Sa mga natitirang araw ng linggo, tinupad nina Timmy at Madi ang kanilang pangako. At mas masaya silang naglaro pagkatapos kalimutan ang kanilang pag-aaway. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



*Si Grace Vlam ay isang siyam na taong gulang na batang naninirahan sa Holland noong 1940 sa gitna ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kasisimula pa lamang atakihin ng Nazi Germany ang Holland.*

## BOOM! BOOM!

Alas-tres ng umaga noon, at binobomba ang lunsod. Isang minuto natutulog si Grace sa kanyang kama, at sa sumunod, sinasabi ng kanyang Dad na magtago. Ngayon si Grace ay nakasiksik sa ilalim ng mesa sa kusina kasama ang kanyang daddy, mommy, at mga nakababatang kapatid na lalaki, sina Heber at Alvin. Naririnig niya ang dagundong ng mga pagsabog at mga salaming nababasag sa labas. Napakalakas niyon!

"Ano ang mangyayari sa atin?" Tanong ni Grace kay Dad.

Hinimas ni Dad ang kanyang buhok. "Hindi ko alam," sabi niya. "Pero magdasal tayo."

Nagyakapan nang mahigpit ang bawat isa sa pamilya Vlam.

"Mahal na Ama sa Langit," dasal ni Dad, "panatilihin po ninyong ligtas ang aming pamilya."

MGA PAGLALARAWAN NI REBECCA SORGE



# Isang Tinig ng Kapayapaan

**Ni Megan Armknecht**
Batay sa tunay na buhay

*"Kahit anong mangyari, hindi pababayaan ng Diyos ang ating pamilya," sabi ni Mom.*

Hindi nagtagal, humupa ang ingay. Wala nang mga pagsabog. Ligtas sila!

Hinawakan ni Mom ang kamay ni Grace at nginitian siya. "Natatandaan mo ba noong nabuklod tayo sa templo?"

Tumango si Grace. Noong lumipat sila sa Holland mula sa Indonesia, nagawa nilang sumaglit sa Utah at nabuklod sa Salt Lake Temple.

"Kahit anong mangyari, hindi pababayaan ng Diyos ang ating pamilya," sabi ni Mom.

Kinabukasan, narinig ni Grace ang mga sirena ng air raid noong siya ay nasa labas sa plasa ng lunsod. Tumingala siya at nakita ang mga eroplano sa itaas niya, na may maliliit na bagay na kulay itim na bumabagsak mula sa mga ito. Nakatayo siya roon, nakatitig, nakanganga ang kanyang bibig.

May lalaking sumigaw sa kanya. "Takbo! Bomba ang mga iyon!"

Tumakbo pauwi si Grace, mabilis ang pintig ng kanyang puso nang ligtas siyang nakapasok sa kanilang pintuan sa harapan.

Makalipas ang ilang araw, ang mga Nazi—na siyang mga pinuno ng pamahalaan ng Germany—ay opisyal na sinakop ang Holland. Minsan ay dinudukot nila ang mga tao na naging opisyal ng militar bilang mga bihag. Dahil si Dad ay naging opisyal ng militar ng Dutch, minanmanan siyang mabuti ng mga opisyal na Nazi.

"Pero hindi ganoon ang mangyayari kay Dad," naisip ni Grace. "Kami ay mga miyembro ng Simbahan, at si Dad ay isang lider sa mission presidency. Poprotektahan siya ng Diyos."

Matapos ng mga pagbobomba, kinailangang lisanin ng pamilya Vlam ang kanilang lunsod. Isang araw sa kanyang bagong paaralan, narinig ni Grace ang ibang mga mag-aaral na nagbubulung-bulungan.

"May mga taong kinuhang bihag ngayon!"

"Makababalik pa kaya sila?"

Natakot si Grace. OK lang kaya si Dad? Mabilis siyang tumakbo pauwi. Nang nagmamadali siyang pumasok sa pintuan, nakita niya si Mom sa pasilyo.

"Totoo ba?" Tanong ni Grace. "Wala na si Dad?"

Hindi umimik si Mom, subalit alam ni Grace mula sa malulungkot na mata ni Mom na dinakip si Dad. Isa siyang bilanggo ng digmaan. Napasandal sa pader si Grace. Hindi man lang siya maiyak dahil sa labis na takot.

"Ano nang gagawin namin ngayon?" naisip niya.

Nang sandaling iyon, may narinig na boses si Grace na nagsasabing. "Makikita mong muli ang iyong ama." Ang tinig ay banayad at malinaw. Alam ni Grace na ito ay tinig ng Espiritu Santo. Bahagyang pinaginhawa nito ang kanyang pakiramdam.

Hindi niya alam kung ano ang eksaktong mangyayari, pero alam niyang aalagaan siya at ang kanyang pamilya ng Ama sa Langit.

*Itutuloy* . . . ■

*Ang awtor ay naninirahan sa New Jersey, USA.*







"Alam ko na si Jesucristo ay buhay; mahal ko Siya, at alam ko nang buong puso na mahal Niya ang bawat isa sa atin."

**Ni Elder Ronald A. Rasband**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol
*"Pagtayo na Kasama ang mga Pinuno ng Simbahan,"* Liahona, *Mayo 2016, 49.*

PAGLALARAWAN NI KRISTIN KWAN



**Ni Elder Jörg Klebingat**
Ng Pitumpu

# Football at mga Araw ng Linggo

Sa Germany, ang football ang pinaka-popular na isport. Isinali ako ng dad ko sa isang football club noong ako ay limang taong gulang. Nagsanay kami nang tatlo o apat na beses sa isang linggo. Karaniwang ginaganap ang mga laro kapag Sabado at Linggo. Kapag hindi ako naglalaro ng football para sa koponan ng club, naglalaro ako ng football kasama ang mga kaibigan ko. Halos araw-araw kaming naglalaro ng football hanggang sa paglubog ng araw.

Noong 15 taong gulang ako, nagsimula akong maglaro para sa isang koponan sa mas malaking lunsod. Naging mas seryoso ang football. Mas madalas kaming magsanay. Nagpunta kami sa mas maraming lugar. Naglaro kami laban sa mas marami pang koponan. Football ang buhay ko.

Pagkatapos, noong halos 18 taong gulang na ako, nasa isang konsiyerto ako. Nakita ko ang isang binatilyo na halos kasing-edad ko. Namumukod-tangi siya. Hindi siya umiinom, naninigarilyo, o nagmumura. Nais kong malaman kung bakit. Nalaman ko na isa siyang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang halimbawa niya ang nagbunsod sa akin na alamin pa ang tungkol dito. Kalaunan ay sumapi ako sa Simbahan.

Matapos akong mabinyagan, natutuhan ko ang dalawang bagay. Una, hindi ako dapat maglaro ng football sa araw ng Sabbath. Dapat akong magsimba. Ikalawa, inaasahan ng Ama sa Langit na maglingkod ako sa misyon. Ngunit may kahusayan akong maglaro ng football. May isa akong kaibigan na kasama kong naglalaro ng football noong lumalaki kami. Kapwa kami tumanggap ng alok na maglaro sa propesyonal na koponan. Tinanggap ng kaibigan ko ang alok. Pinili kong lisanin ang football at sa halip ay nagmisyon ako. Hindi ito mahirap na desisyon dahil alam ko na ang Simbahan ay totoo.

Subalit mahirap para sa pamilya at mga kaibigan ko ang pinili ko. Hindi nila maintindihan ang ginagawa ko. Pinadalhan ako ng mga magulang ko ng mga sipi sa pahayagan ng kaibigan kong naglalaro ng football. Hindi iyon madali para sa akin. Subalit hindi ko pinagsisihan kailanman na maglingkod sa misyon.

Araw-araw akong pinagpapala ng Ama sa Langit dahil pinili kong maglingkod sa misyon. Biniyayaan Niya ako ng kapayapaan. Nadama ko ang magandang pakiramdam na dulot ng pagpili ng tamang desisyon. ■



PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN

# Sina David at Goliath

Ni Kim Webb Reid

Si David ay isang batang lalaki na nag-aalaga ng mga tupa. Ang kanyang mga kuya ay sundalo na nagsusumikap protektahan ang kanilang mga kababayan. Isang araw, isinugo si David ng kanyang ama na magdala ng pagkain sa kanyang mga kapatid.





Nang dumating doon si David, nakita niya ang isang higanteng sundalong nagngangalang Goliath. Sinabi ni Goliath na kung may sinumang makatatalo sa kanya, magwawakas ang digmaan. Ngunit walang sapat na may tapang na labanan siya.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Sinabi ni David na *siya* ang lalaban kay Goliath. Sinabi ng hari kay David na hindi. Bata pa lang si David, at si Goliath ay malakas at malaki! Ngunit alam ni David na tutulungan siya ng Diyos. Sa wakas, sinabi ng hari, "Yumaon ka, at ang Panginoon ay sasa iyo."



Hindi nagsuot si David ng sandata tulad ng ginawa ni Goliath. Pumulot siya ng bato at inilagay sa kanyang tirador. Inihagis niya ang bato sa noo ni Goliath. Bumagsak si Goliath! Nanalo si David! Iniligtas niya ang kanyang mga kababayan.



Kung minsan ay nahaharap ako sa malalaki at nakakatakot na mga problema. Kapag humihingi ako ng tulong sa Diyos, tinutulungan Niya akong maging malakas. ■

*Mula sa 1 Samuel 17.*

# Maaari Akong Maging Mabuting Halimbawa



PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



**Ni Elder Marvin J. Ashton (1915–94)**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# PATULOY NA MAGSIKAP

*Ang manalo sa karera para sa buhay na walang hanggan ay nangangailangan ng pagsisikap—palagiang pagtatrabaho, sigasig, at pagtitiis na mabuti sa tulong ng Diyos.*



Kapag naiisip ko ang payo ng Tagapagligtas na masayang gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya [tingnan sa D at T 123:17], naiisip ko ang ama ng alibughang anak. Nagdalamhati ang ama dahil sa pagkawala at pag-uugali ng kanyang suwail na anak. Ngunit walang nabanggit na nanaghoy siya, "Saan ako nagkamali?" "Ano ang nagawa ko para danasin ito?" O, "Saan ako nagkulang?"

Sa halip ay tila natiis niya nang walang pagdaramdam ang pagkakasala ng kanyang anak at tinanggap siyang muli nang may pagmamahal. "Sapagka't patay na ang anak kong ito, at muling nabuhay; siya'y nawala, at nasumpungan. . . ." (Lucas 15:24).

Kapag binibigo tayo ng mga miyembro ng pamilya, mas kailangan nating matutuhan ang pagtitiis. Hangga't nagpapakita tayo ng pagmamahal, pagtitiis, at pag-unawa, kahit na malinaw na walang pag-usad, tayo ay hindi nabibigo. Kailangan nating patuloy na magsikap. . . .

Ang manalo sa karera para sa buhay na walang hanggan ay nangangailangan ng pagsisikap—palagiang pagtatrabaho, sigasig, at pagtitiis na mabuti sa tulong ng Diyos. . . .

. . . Pasakit at mga balakid sa buhay ay kakaharapin nating lahat. Maaaring makaranas tayo ng mga pighati, kalungkutan, kamatayan, kasalanan, kahinaan, kalamidad, karamdaman, sakit, dalamhati ng isipan, hindi makatarungang pambabatikos, hapis, o pagtanggi. Kung paano natin hinaharap ang mga hamong ito ang nagtatakda kung ang mga ito ay magiging sagabal o pundasyon. Para sa masisigasig, ang mga hamong ito ay posibleng magdala ng pag-unlad at pagbabago. . . .

Minsan noong mga bata pa tayo, sinasabihan tayo na maaayos din ang lahat. Ngunit hindi ganoon ang buhay. Kahit sino ka man, magkakaroon ka ng mga problema. Ang trahedya at kabiguan ay mga hindi inaasahang manghihimasok sa mga plano ng buhay. . . .

. . . Ang kadakilaan ay pinakamainam na nasusukat sa kung gaano kahusay ang isang tao sa pagtugon sa mga pangyayari sa buhay na tila hindi makatarungan, hindi makatwiran, at hindi karapat-dapat. . . .

. . . Si Jesus ang Cristo. Isa sa mga marka ng Kanyang kadakilaan, ang Kanyang pagtitiis, ay nagsisilbing walang-humpay na tanglaw para tularan natin. Sa panahon ng Kanyang buhay sa mundo matiyaga Siyang nagtiis ng pagdurusa at pagtanggi sa pinakamalalim na anyo nito. Pinatototohanan ko na tutulungan tayo ng Diyos na magtiis habang nagsisikap tayong ipamuhay ang Kanyang mga turo, hinahangad ang Kanyang patnubay, at sinusunod ang Kanyang mga kautusan. ■

*Mula sa "If Thou Endure It Well,"* Ensign, *Nob. 1984, 20-22.*

LARAWANG KUHA MULA SA GETTY IMAGES





***ALIBUGHANG ANAK,***
**NI JUSTIN WHEATLEY**

*"Datapuwa't nang siya'y makapagisip ay sinabi niya, Ilang mga alilang upahan ng aking ama ang may sapat at lumalabis na pagkain, at ako rito'y namamatay ng gutom!*
*"Magtitindig ako at paroroon sa aking ama, at aking sasabihin sa kaniya, Ama, nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin,*
*"Hindi na ako karapatdapat na tawaging anak mo: gawin mo akong tulad sa isa sa iyong mga alilang upahan.*
*"At siya'y nagtindig, at pumaroon sa kaniyang ama" (Lucas 15:17–20).*

MGA YOUNG ADULT

**NATUTUHAN NI ERIC NA MAGTIWALA SA DIYOS**

*Kahit nabubuhay nang may malubhang kapansanan sa Ghana, nakikilala pa rin ni Eric ang kabutihan sa kanyang buhay.*

44



MGA GURO NG MGA YOUTH

**PAGTAWAG NG PANSIN NG MGA KABATAAN SA PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA**

30

MGA MISSIONARY SA HINAHARAP

**GAMITIN ANG MGA TANONG NA ITO UPANG MAGHANDA**

50

MGA BATA

**SAGUTAN ANG MGA TANONG TUNGKOL SA PANALANGIN**

66

TAGALOG

4 02147 99893 4

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW